

ANG ESTADO AT REBOLUSYON

MGA MANGGAGAWA NG LAHAT NG BAYAN, MAGKAISA!

V. I. LENIN

ANG ESTADO AT REBOLUSYON

Ang Marxistang Itinuro tungkol sa Estado at ang mga Tungkulin ng Proletaryado sa Rebolusyon.

PALIMBAGANG SENTRAL

Disyembre 2005

Ito ang bagong salin ng *Ang Estado at Rebolusyon*; nirerebisa nito ang salin noong Pebrero 1987 ng Pambansang Kawanihan sa Pagsasalin sa akdang ito ni Lenin. Bukod sa ilang pag-aayos sa salin at pagwawasto sa ilang tipograpikal na pagkakamali, may mga linyang nalaktawan at hindi naisalin ang nabanggit na unang salin. Hindi kami nakahanap ng edisyon ng tekstong Ingles na inilimbag ng Foreign Languages Press, Beijing noong 1976, kaya't ang ginamit na edisyong Ingles ay ang edisyon ng *International Publishers Co., Inc.* ng 1932 at 1943; sinangguni rin namin ang edisyon na nasa Internet na malamang na edisyon ng Foreign Languages Press, Beijing dahil taglay nito, kasama ng sa ibang edisyon, ang mga *footnote* ng nabanggit na edisyon.

Pambansang Kawanihan sa Salin-
Pambansang Kagawaran sa Edukasyon
Disyembre 2005

NILALAMAN

Paunang Salita sa Unang Edisyon
Paunang Salita sa Ikalawang Edisyon

KABANATA I ANG MAKAURING LIPUNAN AT ANG ESTADO

1. Ang Estado Bilang Produkto ng Di Mapagkakasundong mga Antagonismo ng mga Uri
2. Espesyal na mga Organo ng Armadong Tauhan, Bilangguan, Atbp.
3. Ang Estado Bilang Instrumento para sa Pagsasamantala sa Aping Uri
4. Ang “Paglalaho” ng Estado at Marahas na Rebolusyon

KABANATA II KARANASAN NG 1845-51

1. Ang Bisperas ng Rebolusyon
2. Ang Paglalagom sa Rebolusyon
3. Ang Pormulasyon ni Marx sa Usapin noong 1852

KABANATA III ANG KARANASAN NG KOMUNA NG PARIS NG 1871: ANG PAGSUSURI NI MARX

1. Ano ang Bumubuo sa Kagitingan ng mga Komyunard?
2. Ano ang Ipapalit sa Winasak na Makinarya ng Estado?
3. Ang Abolisyon ng Parlamentarismo
4. Pag-oorganisa ng Pagkakaisa ng Bansa
5. Ang Pagwawasak sa Parasitong Estado

KABANATA IV DAGDAG NA MGA PALIWANAG NI ENGELS

1. Ang Usapin ng Pabahay
2. Argumento laban sa mga Anarkista
3. Sulat kay Bebel
4. Puna sa Borador ng Programang Erfurt
5. Ang Paunang Salita ng 1891 sa *Ang Digmaang Sibil sa Pransya* na sinulat ni Marx
6. Si Engels Tungkol sa Pangingibabaw sa Demokrasya

KABANATA V ANG PANG-EKONOMYANG BASE NG PAGLALAHO NG ESTADO

1. Ang Pormulasyon ni Marx sa Usapin

2. Ang Transisyon Mula Kapitalismo Tungong Komunismo
3. Ang Unang Yugto ng Lipunang Komunista
4. Ang Nakatataas na Yugto ng Lipunang Komunista

KABANATA VI

ANG BULGARISASYON SA MARXISMO NG MGA OPORTUNISTA

1. Ang mga Argumento ni Plekhanov Laban sa mga Anarkista
2. Ang mga Argumento ni Kautsky Laban sa mga Oportunistang
3. Ang mga Argumento ni Kautsky Laban kay Pannekoek

Dagdag sa Unang Edisyon
Mga Tala

PAUNANG SALITA SA UNANG EDISYON

Nagkakaroon ngayon ng partikular na kahalagahan ang usapin ng estado, kapwa bilang teorya, at mula sa punto de bista ng praktikal na pulitika. Pinabilis at pinatindi nang husto ng imperyalistang digmaan ang transpormasyon ng monopolyong kapitalismo tungo sa monopolyong kapitalismo ng estado. Lalo pang nagiging mas kakila-kilabot ang kakila-kilabot na pang-aapi sa masang manggagawa ng estado, na lalo pang mahigpit na nakikipagkaisa sa mga asosasyong kapitalistang makapangyarihan sa lahat. Ang nangungunang mga bayan – pinag-uusapan natin dito ang kanilang “likuran” – ay ginagawang mga bilangguan militar para sa mga manggagawa.

Dahil sa walang katulad na kilabot at paghihirap sa matagalang digmaan, hindi na makakatiis ang masa sa kanilang kalagayan at lalong tumitindi ang kanilang galit. Malinaw na namumuo ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Nagkakaroon ng praktikal na kahalagahan ang usapin ng relasyon nito sa estado.

Ang mga elemento ng oportunismo, na naipon noong mga dekada ng relatibong mapayapang pag-unlad, ay nakapangibabaw ng tunguhin ng sosyal-sobinismo sa upisyal na mga partidong sosyalista sa buong mundo (sina Plekhanov, Potresov, Breshkovskaya, Rubanovich, at sa anyong bahagyang nakatago, sina G. Tsereteli, Chernov at mga kasamahan nila sa Rusya; sina Scheidemann, Legien, David at iba pa sa Germany; sina Renaudel, Guesde, Vandervelde sa France at Belgium; si Hyndman at ang mga Fabian² sa England, atbp., atbp.). Ang sosyalismo sa salita, sobinismo sa gawa ay kinatatangian ng napakasama at sunud-sunurang pag-angkop ng “mga lider ng sosyalismo” hindi lamang sa interes ng “kanilang” pambansang burgesya kundi sa interes mismo ng “kanilang” estado – dahil matagal nang pinagsasamantalahan at inaalipin ng mayorya ng tinatawag na Malalaking Kapangyarihan ang napakaraming maliit at mahinang nasyunalidad. Ang imperyalistang digmaan ay isa lamang digmaan para hatiin at muling hatiin ang ganitong klase ng dambong. Imposible ang pakikibaka sa pagpapalaya ng masang anakpawis sa impluwensya ng burgesya sa pangkalahatan, at sa impluwensya ng imperyalistang burgesya sa partikular, kung hindi lalabanan ang oportunistang mga pamahiin tungkol sa “estado”.

Unang-una susuriin natin ang mga itinuro nina Marx at Engels tungkol sa estado at tatalakayin nang may kalaliman ang mga aspeto ng kanilang mga itinurong ito na nakalimutan o binaluktot ng

oportunismo. Pagkaraa'y susuriin natin laluna ang pangunahing kinatawan ng mga mambabaluktot na ito, si Karl Kautsky, ang pinakatanyag na lider ng Ikalawang Internasyunal (1889-1914), na dumanas ng kalunus-lunos na pagkabangkarote sa pulitika sa kasalukuyang digmaan. Panghuli, lalagumin natin sa kabuuan ang karanasan ng Rebolusyong Ruso ng 1905, at laluna ang rebolusyon ng 1917. Sa ngayon (unang bahagi ng Agosto 1917), malinaw na tinatapos na ng rebolusyon ang unang bahagi ng pag-unlad nito; pero sa pangkalahatan, maiintindihan lamang ang rebolusyong ito sa kabuuan bilang kawing sa kadena ng mga sosyalistang rebolusyong proletaryo na iniluluwal ng imperyalistang digmaan. Sa gayon, hindi lamang nagkakaroon ng praktikal na kahalagahan sa pulitika ang usapin ng relasyon ng sosyalistang rebolusyong proletaryo sa estado, kundi nagkakaroon din ng kahalagahan bilang pinakakagyat na usapin sa ngayon, ang usapin ng pagpapaliwanag sa masa kung ano ang dapat nilang gawin sa kagyat na hinaharap para mapalaya ang sarili sa kapangyarihan ng kapitalismo.

Ang May-akda

Agosto 1917

PAUNANG SALITA SA IKALAWANG EDISYON

Inilalathala nang halos walang pagbabago ang kasalukuyang ikalawang edisyon, maliban sa idinagdag ang ikatlong seksyon sa Kabanata II.

Ang May-akda

Moscow
Disyembre 17, 1918

ANG ESTADO AT REBOLUSYON¹

KABANATA I

ANG MAKAURING LIPUNAN AT ANG ESTADO

1. ANG ESTADO BILANG PRODUKTO NG DI MAPAGKAKASUNDONG ANTAGONISMO NG MGA URI

Sa takbo ng kasaysayan, ang nangyayari ngayon sa mga itinuro ni Marx ay paulit-ulit na nangyari sa mga itinuro ng ibang mga rebolusyonaryong palaisip at lider ng inaaping mga uring nakikibaka para lumaya. Noong nabubuhay ang dakilang mga rebolusyonaryo, walang tigil silang ginigipit ng mapang-aping mga uri, at sinalubong ang kanilang mga itinuturo ng pinakamabangis na paglaban, nagngangalit na pagkamuhi, at pinakamalulupit na kampanya ng kasinungalingan at paninirang-puri. Pagkamatay nila'y tinatangka namang gawin silang mga imaheng di makakapinsala, gawing santo at gawing sagrado

ang kanilang mga *pangalan* bilang “pampalubag-loob” sa mga inaaping uri ’sa layuning linlangin sila, samantalang pinapawalan ng bisa at binubulgarisa ang *tunay na nilalaman* ng kanilang mga rebolusyong teorya at pinapapurool ang rebolusyong talim ng mga ito. Sa kasalukuyan, ang burgesya at ang mga oportunistang sa loob ng kilusang manggagawa ay nakikipagtulungan sa pagpapalabnaw na ito sa Marxismo. Inaalis, binubura at binabaluktot nila ang rebolusyong bahagi ng mga itinuturo nito, ang rebolusyong diwa nito. Pinapatampok nila at pinupuri ang anumang bagay o anumang mukhang katanggap-tanggap sa burgesya. “Mga Marxista” na ngayon (huwag kayong tumawa!) ang lahat ng sosyal-sobinista. Pero dumadala nang dumadala na banggitin ng burges na mga propesor na German, na kamakailan lamang ay mga espesyalista sa pandudurog sa Marxismo, si Marx na “kababayang German”, na sabi nila’y nagturo sa mga unyon ng mga manggagawa, na mahusay ang pagkakaorganisa para sa pagsasagawa ng kasalukuyang mapandambong na digma!

Sa ganitong kalagayan, ang una nating tungkulin ay *bubayin muli* ang tunay na mga itinuturo ni Marx tungkol sa estado, dahil napakalaganap ng mga pambabaluktot sa Marxismo. Para sa layuning ito, kakailanganing sumipi nang mahaba-haba sa mga akda nina Marx at Engel mismo. Mangyari pa, pabibigatin ng mahahabang sipi ang teksto at hindi makakatulong para maging popular itong babasahin pero hindi natin maiiwasan ang mga ito. Ang lahat, o anu’t anuman, ang lahat ng esensyal na sipi sa mga akda nina Marx at Engels tungkol sa paksang estado ay dapat sipiin nang buong-buo para makabuo ng independyenteng opinyon ang mambabasa tungkol sa kabuuan ng mga pananaw ng mga tagapagtatag ng syentipikong Sosyalismo at tungkol sa pag-unlad ng mga pananaw na iyon, at para mapatunayan sa pamamagitan ng tuwirang sipi at malinaw na malinaw na maipakita sa lahat ang pambabaluktot sa mga ito ng kasalukuyang nangingibabaw na “Kautskyismo”.

Mag-umpisa tayo sa pinakapopular sa mga akda ni Engels, *Ang Pinagmulan ng Pamilya, Pribadong Pag-aari at Estado*, na ang ikaanim na edisyon ay inilimbag sa Stuttgart noong pa mang 1894. Dapat nating isalin ang mga sipi mula sa orihinal na German dahil sa malaking parte’y di kumpleto, o di lubusang kasiya-siya ang mga salin sa Ruso kahit napakarami.

Sa paglalagom ni Engels sa kanyang pagsusuri sa kasaysayan, sinabi niya:

“Kung gayon, ang estado ay hindi isang kapangyarihang ipinataw sa lipunan mula sa labas; lalong hindi ito ang ‘realidad ng ideya sa moralidad’, ‘ang larawan at realidad ng rason’, tulad ng iginigiit ni Hegel. Sa halip, ito’y produkto ng lipunan sa isang takdang yugto ng pag-unlad; ito’y pag-amin na ang lipunang ito’y nabulid sa di malulutas na mga kontradiksyon sa sarili, na nahati ang lipunang ito sa di mapagkakasundong mga antagonismo na hindi nito kayang pawiin. Pero para di maupos ng mga antagonismong ito, ang mga uring may magkakatunggaling pang-ekonomyang interes, ang sarili at ang lipunan sa walang saysay na tunggalian, kailangang magkaroon ng kapangyarihang sa wari’y mas mataas sa lipunan na ang tungkulin ay mamagitan sa hidwaan at pananatilihin ito sa balangkas ng ‘kaayusan’; at ang kapangyarihang ito, na lumitaw mula sa lipunan pero inilagay ang sarili sa ibabaw nito, at patuloy na ihiniwalay ang sarili mula dito, ay ang estado.” (M.p. 177-78, ikaanim na edisyong Aleman.)³

Malinaw na malinaw na ipinapahayag nito ang saligang ideya ng Marxismo tungkol sa istorikong papel at kabuluhan ng estado. Ang estado ay produkto at manipstasyon ng *kalagayang di mapagkakasundo* ang makauring mga antagonismo. Lumilitaw ang estado saanman, kailanman at hanggang sa antas na obhetibong hindi mapagkakasundo ang makauring mga antagonismo. Gayundin, pinapatunayan naman ng pag-iral ng estado na di mapagkakasundo ang makauring mga antagonismo.

Sa pinakaimportante at pundamental na puntong ito mismo nag-uumpisa ang dalawang pangunahing linya sa pambabaluktot ng Marxismo.

Sa isang banda, dahil napipilitang tanggapin bunga ng di mapapag-alinlanganang istorikong datos na umiiral lamang ang estado kung may makauring mga antagonismo at tunggalian sa uri, “iwinawasto”

si Marx ng mga ideolohistang burges, laluna ang mga ideolohistang petiburges, sa paraang ipinalilitaw na ang estado ay isang organo para *pagkasunduin* ang mga uri. Ayon kay Marx, hindi makalilitaw o makapananatili ang estado kung posibleng pagkasunduin ang mga uri. Ayon naman sa petiburges at pilistinong mga propesor at publisista, ang estado ay nagiging tagapagkasundo ng mga uri – at madalas ginagawa nila ito sa bisa ng mapagpalang pagtukoy kay Marx! Ayon kay Marx, ang estado ay organo ng makauring *paghahari*, isang organo para *apihin* ng isang uri ang isa pang uri; ang layon nito’y likhain ang “kaayusan” na nagliligalisa at nagpapanatili sa pang-aaping ito sa pamamagitan ng pagpapagaan sa bangga ng mga uri. Sa palagay naman ng mga pulitikong petiburges, ang ibig sabihin ng kaayusan ay ang pagkakasundo ng mga uri, at hindi ang pang-aapi ng isang uri sa isa pang uri; ang ibig sabihin, anila, ng pagpapagaan sa bangga ay pagkasunduin ang mga uri, at hindi ang pagkakait sa mga uring api ng ilang tiyak na kasangkapan at paraan ng pakikibaka para ibagsak ang mga nang-aapi.

Halimbawa, noong Rebolusyon ng 1917, nang lumitaw sa buong kalawakan nito ang usapin ng tunay na kahulugan at papel ng estado bilang praktikal na usaping humihingi ng kagyat na tugon sa malawak at pangmasang saklaw, agad at lubos na nabaon ang lahat ng Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik sa petiburges na teorya na “pinagkakasundo” ng “estado” ang mga uri. Punung-puno ng petiburges at pilistinong teorya ng “pagkakasundo” ang di mabilang na resolusyon at artikulo ng mga pulitiko ng dalawang partidong ito. Hinding-hindi maiintidihan ng mga demokratang petiburges na ang estado ay organo ng paghahari ng isang tiyak na uri na *hindi* mapapagkasundo sa mga kataliwas nito (ang uring kasalungat). Ang aktitud sa estado ay isa sa pinakatampok na mga patunay na ang mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik ay hinding-hindi mga Sosyalista (na laging iginigiit nating mga Bolshevik), kundi mga demokratang petiburges na gumagamit ng mga pananalitang halos Sosyalista.

Sa kabilang banda, napakapino ng “Kautskyistang” pambabaluktot sa Marxismo. “Sa teorya,” hindi ikinakaila na ang estado ay organo ng makauring paghahari o kaya’y na hindi mapagkakasundo ang makauring mga antagonismo. Pero ang kinakalimutan o pinagtatakan ay ito: kung ang estado ay produkto ng di mapagkakasundong katangian ng makuring mga antagonismo, kung isa itong kapangyarihan nasa *ibabaw* ng lipunan at “higit na ihinihiwalay ang sarili sa lipunan”, kung gayo’y malinaw na hindi lamang imposible ang paglaya ng inaaping uri kung walang marahas na rebolusyon kundi imposible rin ito *kung hindi rin wawasakin* ang makinarya ng kapangyarihang pang-estado, na nilikha ng naghaharing uri at kumakatawan sa “pagkakahiwalay” na ito. Tulad ng makikita natin mayamaya, hinalaw ni Marx ang napakalinaw sa teoryang kongklusyong ito mula sa isang kongkretong istorikong pagsusuri sa mga usapin ng rebolusyon. At ang kongklusyong ito mismo ang “kinalimutan” at binaluktot ni Kautsky – tulad ng detalyado nating ipapakita sa susunod.

2. ESPESYAL NA MGA ORGANO NG ARMADONG TAUHAN, BILANGGUAN, ATBP.

Pagpapatuloy ni Engels:

Kung ikukumpara sa sinaunang organisasyon ng *gens*, ang unang natatanging katangian ng estado ay ang pagbubuklod ng mga sakop ng estado sa batayang teritoryal....

Para sa atin, mukhang “natural” ang ganoong pagkakabuklod-buklod, pero nangyari lamang ito matapos ng matagalan at mapaminsalang pakikibaka sa lumang anyo ng lipunang tribu o hentil.

... Ang pangalawang natatanging katangian ay ang pagtatatag ng *kapangyarihang publiko* na hindi na absolutong tumutugma sa mamamayang nag-oorganisa ng sarili bilang armadong pwersa. Kailangan ang espesyal na kapangyarihang publikong ito dahil naging imposible na ang kusang kumikilos na armadong organisasyon ng mamamayan, mula nang mahati ang lipunan sa mga uri.... Umiiral ang kapangyarihan publikong ito sa lahat ng estado; hindi lamang ito binubuo ng armadong

tauhan kundi pati ng materyal na mga kahugpong nito, ang mga bilangguan at mapamwersang institusyon ng lahat ng tipo, na hinding-hindi matatagpuan sa ang lipunang hentil.”*

Ipinaliwanag ni Engels ang konsepto ng “kapangyarihang” iyon na tinawag na estado – isang kapangyarihang lumitaw mula sa lipunan pero naglagay ng sarili sa ibabaw nito at nahihwalay nang nahihwalay dito. Ano ang pangunahing bumubuo sa kapangyarihan ito? Binubuo ito ng espesyal na mga organo ng armadong tauhan na may mga bilangguan, atbp. sa kanilang kumand.

Makatwirang magbanggit tayo ng espesyal na mga organo ng armadong tauhan, dahil ang kapangyarihan publiko na katangian ng lahat ng estado ay hindi na “absolutong tumutugma” sa armadong mamamayan, na may “kusang kumikilos na armadong organisasyon.”

Tulad ng lahat ng dakilang rebolusyonaryong palaisip, sinisikap ni Engels na ituon ng mga manggagawang mulat sa uri ang kanilang atensyon sa pinakabagay na itinuturing ng nangingibabaw na pilistinismo na hindi dapat bigyan ng atensyon, napakakaraniwan at binasbasan ng mga maling palagay na hindi lamang nakaugat nang husto kundi, pwede pa ngang sabihin, tumigas na. Ang regular na hukbo at pulisya ang mga pangunahing instrumento ng kapangyarihang pang-estado. Maaari bang taliwas dito ang mangyari?

Hindi maaaring taliwas dito ang mangyari sa pananaw ng malawak na mayorya ng mga Europeo noong katapusan ng ikalabing-siyam na siglo na pinatutungkulan ni Engels, at hindi nakaranas o mahigpit na nakapag-observa ng isa mang dakilang rebolusyon. Hinding-hindi nila maintindihan kung ano itong “kusang kumikilos na armadong organisasyon ng mamamayan”. Sa tanong kung saan nagmula ang pangangailangan para sa espesyal na mga organo ng armadong tauhan, na nasa ibabaw ng lipunan at nahihwalay dito (pulisya at regular na hukbo), kiling ang mga pilistino sa Kanlurang Europa at Rusya na sagutin ito sa pamamagitan ng ilang salitang hiniram kay Spencer o Mikhailovsky, sa pamamagitan ng pagtukoy sa kompleksidad ng buhay sa lipunan, pagkakaiba-iba ng tungkulin at iba pa.

Mukha namang “syentipiko” ang ganitong pagtukoy, at mahusay na inihehele ang karaniwang tao sa pamamagitan ng pagpapalabo sa pinakaimportante at saligang katotohanan, ang pagkakahati-hati ng lipunan sa di mapapagkasundong mga uring antagonistiko.

Kung hindi sa pagkakahati-hating ito, ang “kusang kumikilos na armadong organisasyon ng mamamayan ” ay maiiba sa primitibong organisasyon ng isang kawan ng unggoy na kahoy ang hawak, o primitibong tao, o sa mga taong nabubuklod sa anyong tribu ng lipunan, dahil sa kompleksidad nito, nakatataas na teknik at iba pa, pero posible pa rin.

Imposible ito ngayon dahil ang lipunan, sa panahon ng sibilisasyon, ay nahahati sa antagonistiko, at isa pa, sa di mapagkakasundong mga uring antagonistiko, na kapag armado sa paraang “nagkukusa” ay hahantong sa armadong labanan ng mga uring ito. Nabubuo ang estado, nalilikha ang espesyal na kapangyarihan sa anyo ng espesyal na mga organo ng armadong tauhan; at malinaw na ipinapakita sa atin ng bawat rebolusyon, sa pamamagitan ng pagwawasak sa makinarya ng estado, kung paano tinatangkang ibalik ng naghaharing uri ang espesyal na mga organo ng armadong tauhang nagsisilbi sa *kanya*, at kung paano sinisikap ng aping uri na lumikha ng ganitong klase ng bagong organisasyon, na kayang maglingkod, hindi sa mga mapagsamantala kundi sa pinagsasamantalahan.

Sa nabanggit na obserbasyon, sa teoretikal na paraan ay iniharap ni Engels ang mismong usapin na iniharap ng bawat dakilang rebolusyon sa praktika, nang buong linaw, at sa antas ng aksyong masa – ang usapin ng relasyon ng “espesyal” na mga organo ng armadong tauhan at ng “kusang kumikilos na armadong organisasyon ng mamamayan.” Makikita natin kung paano kongkretong inilalarawan ito ng karanasan ng mga rebolusyon sa Europa at Rusya.

Balikan naman natin ang paglilinaw ni Engels.

Inililina niya na kung minsan, halimbawa, sa ilang parte ng Hilagang Amerika, mahina ang kapangyarihang publikong ito (nasa isip niya ang isang eksepsyon na bihira sa lipunang kapitalista, at

nagbabanggit siya ng mga bahagi ng Hilagang Amerika sa panahon bago ito maging imperyalista at nangingibabaw ang malayang kolonista), pero sa pangkalahata’y may tendensya itong lumakas:

“Gayunman, mas lumalakas ito [kapangyarihang publiko] sa antas na higit na tumatalas ang makauring mga antagonismo sa loob ng estado, at mas lumalaki ang saklaw at populasyon ng karatig na mga estado. Kailangan lamang nating tingnan ang kasalukuyang Europa, kung saan ganoon na lamang ang antas na naabot ng kapangyarihang publiko dahil sa tunggalian ng mga uri at ribalan sa pananakop kung kaya’t nanganganib na lamunin nito ang buong lipunan at kahit na ang estado mismo.”

Sinulat ito noon pa mang unang bahagi ng dekada ’90 ng nakaraang siglo. May petsang Hunyo 16, 1891 ang huling paunang salita ni Engels. Nag-uumpisa pa lamang sa France, at mas mahina pa nga sa Hilagang Amerika at Germany, ang pag-unlad tungo sa imperyalismo – ibig sabihin, ang ganap na dominasyon ng mga trust, lubos na nakapangyayari sa lahat ang malalaking bangko, at ang patakarang kolonyal sa napakalawak na saklaw, at iba pa. Mula noon, napakalaki na ang isinulong ng “ribalan sa pananakop” – laluna’t pagsapit ng simula ng ikalawang dekada ng ikadalawampung siglo, lubusan nang nahati ang buong mundo sa pagitan ng “mga magkakaribal sa pananakop” na ito, ibig sabihin, sa pagitan ng malalaking kapangyarihang mapandambong. Mula noon, lumawak nang husto ang mga armamentong militar at nabal, at inilapit sa halos ganap na kapahamakan ng mapandambong na digmaan ng 1914-17 para sa paghahari sa mundo ng England o Germany, para paghati-hatian ang dambong, ang “paglamon” ng sakim na kapangyarihang pang-estado sa lahat ng pwera ng lipunan.

Noon pa mang 1891, natukoy na ni Engels na ang “ribalan sa pananakop” ang isa sa pinakamahahalagang katangian ng patakarang panlabas ng malalaking kapangyarihan; pero noong 1914-1917, nang ang ribalang ito, na maraming beses na tumindi, ay nagluwal ng imperyalistang digmaan, pinagtakpan ng buhong na mga sosyal-sobinista ang pagtatanggol nila sa mapandambong na patakaran ng “kanilang sariling” uring kapitalista sa pamamagitan ng mga salita tungkol sa “pagtatanggol ng inangbayan”, “pagtatanggol ng republika at rebolusyon”, at iba pa!

3. ANG ESTADO BILANG INSTRUMENTO PARA SA PAGSASAMANTALA SA APING URI

Kailangan ang mga buwis at pangungutang ng estado para mamantini ang espesyal na kapangyarihang publikong nasa ibabaw ng lipunan.

Sinabi ni Engels na “Sa pagkakaroon ng kapangyarihang publiko at karapatang magpataw ng buwis, ang mga upisyal ay tumatayong mga organo ng lipunan na nasa ibabaw ng lipunan. Hindi sila kuntento sa malaya at boluntaryong respetong iginagawad sa mga organo ng anyong hentil ng gubyerno, kahit na makuha pa nila ito. . . .”

Pinagtitibay ang espesyal na mga batas na kaugnay ng pagiging sagrado at katayuang di malalabag ng mga upisyal. Mas may “awtoridad” ang “pinakaabang pulis” kaysa mga kinatawan ng angkan, pero kahit na ang pinuno ng kapangyarihang militar ng isang estadong sibilisado ay ““maaaring managhili sa pinakamababa sa mga pinuno ng angkan dahil sa lubos at walang tutol na respeto na iginagawad sa kanya ng lipunan”.

Dito, malinaw na tinatalakay ang usapin ng pribilehiyadong pusisyon ng mga upisyal bilang mga organo ng kapangyarihan pang-estado. Ang pangunahing puntong tinutukoy ay: Ano ang dahilan at bakit nasa *ibabaw* sila ng lipunan? Makikita natin kung paano sinagot ang teoretikal na usaping ito sa

praktika ng Komuna ng Paris ng 1871 at kung paano ito pinalabo ni Kautsky sa reaksyunaryong paraan noong 1912.

“Dahil lumitaw ang estado mula sa pangangailangang ampatin ang makauring mga antagonismo, pero dahil lumitaw din ito sa kalagitnaan ng tunggalian ng mga uring ito, sa pangkalahatan ito ay estado ng pinakamakapangyarihan at nangingibabaw-sa-ekonomyang uri, na sa pamamagitan ng estado ay nagiging uring nangingibabaw din sa pulitika, at kung gayo’y nagkakaroon ng bagong mga kasangkapan para pangibabawan at pagsamantalahan ang inaaping uri.”

Hindi lamang ang mga sinauna at pyudal na estado ang mga organo para pagsamantalahan ang mga alipin at timawa, kundi

“ang modernong representatibong estado ay instrumento ng pagsasamantala ng kapital sa sahurang paggawa. Gayunman, bilang eksepsyon, may mga panahong halos nagbabalansihan ang naglalaman-labang mga uri kung kaya’t ang kapangyarihang pang-estado, na nagmimistulang tagapamagitan sa harap ng lahat, ay nakatatamo ng isang antas ng independensya kaugnay ng dalawa sa sandaling iyon.”

Ganyan halimbawa ang mga absolutong monarkiya noong ikalabimpito at ikalabingwalong siglo, ang Bonapartismo ng Una at Pangalawang Imperyo sa France at ang rehimeng Bismarck sa Germany.

Isa pa, ganyan din ang gubyernong Kerensky sa republikanong Rusya matapos itong bumaling sa pag-uusig sa rebolusyonaryong proletaryado, at sa sandaling naging inutil *na* ang mga Sobyet dahil sa pamumuno ng mga demokratang petiburges, samantalang hindi naman *sapat* pa ang lakas ng burgesya para lansagin ang mga ito.

Sa isang demokratikong republika, patuloy ni Engels, “di tuwirang ginagamit ng kayamanan ang kapangyarihan nito, pero sa higit na mas mabisang paraan” una, sa pamamagitan ng “tuwirang katiwalian ng mga upisyal” (Amerika); at ikalawa, sa pamamagitan ng “pakikipag-alyansa ng gubyerno sa *stock exchange*” (France at Amerika).

Sa kasalukuyan, ang dalawang paraang ito ng pagsasanggalang at paggigiit ng kapangyarihan sa lahat ng kayamanan sa lahat ng klase ng demokratikong republika ay “napaunlad” ng imperyalismo at dominasyon ng mga bangko sa isang sining na pambihira sa kapinuhan. Halimbawa, kung sa pinakaunang mga buwan ng demokratikong republika ng Rusya, o masasabi pa ngang sa panahon ng pulot-gata ng pagkakaisa ng mga “Sosyalista” – ang mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik – sa burgesya – sinabotahe ni G. Pachinsky ang bawat hakbang sa gabinete ng koalisyong pumipigil sa mga kapitalista at sa kanilang pandarambong sa digma, sa kanilang pandarambong sa kabangyaman ng bayan sa pamamagitan ng mga kontrata sa hukbo; at kung pagkatapos magbitiw sa gabinete (pinalitan syempre ng isa kaparehong-kapareho ni Palchinsky) “ginantimpalaan” si G. Palchinsky ng mga kapitalista sa pamamagitan ng “magaan” na trabaho, na taun-taon’y 120,000 ruble ang magiging sweldo, anong itatawag dito? Tuwiran o di tuwirang panunuhol? Alyansa ng gubyerno sa kapitalistang mga *syndicate*, o mapagkaibigang relasyon “lamang”? Ano ang papel na ginagampanan ng mga Chernov, Tsereteli, Avksentyev at Skobolev? “Tuwiran” ba o di tuwirang mga alyado lamang sila ng mga milyonaryong magnanakaw sa kabangyaman?

Mas *matatag* ang kapangyarihan sa lahat ng “kayamanan” sa isang demokratikong republika dahil hindi ito nakasalig sa mahinang bao sa pulitika ng kapitalismo. Ang demokratikong republika ang pinakamahusay na posibleng bao sa pulitika para sa kapitalismo, at kung gayon, kapag nakuha na ng kapital ang napakahusay na bao na ito (sa pamamagitan ng mga Palchinsky, Chernov, Tsereteli at mga tulad nila), napakatibay at napakatatag nitong naitatag ang kanyang kapangyarihan, kung kaya’t hindi

ito mayayanig ng *anumang* pagbabago ng mga tao man, o mga institusyon, o mga partido sa republikang burges.

Dapat din nating banggitin na tiyak na tiyak na itinuturing ni Engels na isang instrumento ng paghaharing burges ang unibersal na pagboto. Aniya, sa malinaw na paglalagom ng mahabang karanasan ng Sosyal-Demokrasyang German, ang unibersal na pagboto ay “isang sukatan ng paghusto sa gulang ng uring manggagawa. Hindi ito maaari, at hindi kailanman magiging anupaman ito kundi ganoon, sa modernong estado....”

Ang mga demokratang petiburges, tulad ng mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik sa atin, at gayundin ang kanilang kambal na kapatid, ang mga sosyal-sobinista at oportunistang sa Kanlurang Europa – lahat sila’y umaasa ng “*bigit*” mula sa unibersal na pagboto. Taglay nila mismo, at itinatanim nila sa isip ng mamamayan, ang maling ideya na kaya talagang salaminin ng unibersal na pagboto “sa *modernong* estado” ang kapasyahan ng mayorya ng anakpawis at tiyakin ang pagtatamo nito.

Dito, maaari lamang nating banggitin ang maling ideyang ito, at ipakita lamang na ang malinaw na malinaw, eksakto at kongkretong pahayag ni Engels ay binabaluktot sa bawat hakbang sa propaganda at ahitasyon ng “upisyal” (ibig sabihin, oportunistang) na mga partidong Sosyalista. Maglalahad ng detalyadong pagsusuri sa buong kahungkagan ng ideyang ito na isinasantabi ni Engels, sa ating karagdang paglalahad sa mga pananaw nina Marx at Engels tungkol sa “modernong” estado.

Nagbibigay si Engels ng pangkalahatang pagbubuod ng kanyang mga pananaw sa pinakapopular niyang akda sa sumusunod na mga salita:

Kung gayon, hindi umiral nang panghabampanahon ang estado. May mga lipunang gumana nang wala nito, nang walang ideya ng estado at kapangyarihang pang-estado. Sa isang takdang yugto ng pag-unlad ng ekonomya, na di maiiwasang nakatali sa pagkakahati-hati ng lipunan sa mga uri, kinailangan ang estado dahil sa pagkakahati-hating ito. Mabilis tayong nalalapit sa yugto ng pag-unlad ng produksyon kung saan hindi lamang mawawala ang pangangailangang umiral ang mga uri kundi magiging positibong hadlang pa sa produksyon. Tiyak na maglalaho ang mga uring ito tulad ng di maiiwasang paglitaw ng mga ito sa mas naunang yugto. Kasabay ng mga ito, tiyak ring maglalaho ang estado. Ang lipunan na mag-oorganisa muli ng produksyon batay sa malaya at pantay-pantay na pagsasamahan ng mga prodyuser ang maglilagay ng buong makinarya ng estado sa dapat nitong kalagayan sa panayong iyon: sa museo ng mga antigo, katabi ng suliran (*spinning wheel*) at tansong palakol.”

Napakadalang na mabasa ang siping ito sa propaganda at ahitasyon ng kontemporaryong Sosyal-Demokrasya. Pero kung masalubong man natin ito, sa kalahata’y sinisipi lamang ito sa paraang katulad ng pagyuko sa imahen, ibig sabihin’y ginagawa lamang para magpakita ng upisyal na respeto kay Engels, at walang anumang pagsisikap na unawain ang lawak at lalim ng rebolusyonaryong aksyon na nasa likod ng paglilagay ng “buong makinarya ng estado sa museo ng mga antigo.” Sa karamihan ng pagkakataon, hindi man lamang natin kakitaan ng pagkakaunawa sa tinatawag ni Engels na makinarya ng estado.

4. ANG “PAGLALAHO” NG ESTADO AT MARAHAS NA REBOLUSYON

Popular na popular ang mga sinabi ni Engels tungkol sa “paglalaho” ng estado kaya’t madalas na sinisipi, at malinaw na malinaw na ipinapakita ng mga ito ang esensya ng nakagawiang pagpapalabnaw kung saan pinagmumukhang oportunismo ang Marxismo kung kaya dapat nating talakayin nang detalyado. Sipiin natin ang buong bahagi na pinagkunan ng mga ito.

“Inaagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pang-estado at pagkatapos ay itinatransporma ang mga kagamitan sa produksyon bilang pag-aari ng estado. Pero sa paggawa nito, winawakasan nila ang kanilang pagiging proletaryado, winawakasan ang lahat ng pagkakaiba sa uri at makauring mga antagonismo at winawakasan din ang estado bilang estado. Sa pag-inog ng makauring mga antagonismo, kailangan ng dating lipunan ang estado, ibig sabihin, ang organisasyon ng mapagsamantalang uri sa bawat panahon para imantini ang kanyang panlabas na kundisyon sa produksyon; samakatwid, kailangan niya ito laluna para pwersahang panatilihin ang pinagsasamantalang uri sa kundisyon ng pang-aapi (pagkaalipin, pagkatali sa lupa o pagkatimawa, sahurang paggawa) na itinatakda ng umiiral na moda ng produksyon. Ang estado ang upisyal na kinatawan ng buong lipunan, pagkakakonsentra nito sa isang litaw na korporadong organo, pero ganyan lamang ito hangga’t estado ito niyong uri na siya mismo, sa kanyang kapanahunan, ang kumakatawan sa buong lipunan: sa sinaunang panahon, ang estado ng mamamayang nagmamay-ari ng mga alipin; noong Kapanahunang Midyebal, ang estado ng pyudal na nobilidad; sa ating panahon, ang estado ng burgesya. Sa panahong magiging tunay na kinatawan na ito sa wakas ng buong lipunan, ginagawa na ng estado na kalabisan ang sarili. Sa sandaling wala nang uri sa lipunan na kailangang lupigin, sa sandaling mapawi na rin ang mga salpukan at kalabisang iniluluwal ng mga ito, kasabay ng makauring dominasyon at ng pakikibaka para sa indibidwal na pag-iral na nakabatay sa dating anarkiya ng produksyon, wala nang susupilin, at hindi na kakailanganin ang espesyal na pwersang mapaniil, ang estado. Ang unang akto kung saan ang estado ay nagiging tunay na kinatawan ng buong lipunan – ang pag-agaw sa mga kagamitan sa produksyon sa ngalan ng lipunan – ang aktong ito mismo ang siya ring huling independyenteng akto nito bilang estado. Nagiging kalabisan ang panghihimasok ng isang kapangyarihang pang-estado sa mga relasyong panlipunan sa sunud-sunod na larangan, at pagkatapos ay kusa nang namamahinga. Ang pangangasiwa sa mga bagay at ang pagdidirihe sa mga proseso ng produksyon ay hahalili sa paggugubyrno sa mga tao. Hindi ‘pinapawi’ ang estado, *naglalaho ito*. Mula sa paninindigang ito natin dapat suriin ang mga pananalitang “malayang estado ng mamamayan” – kaugnay kapwa ng pansamantalang pangangatwiran sa paggamit nito sa ahitasyon at sa ultimong syentipikong kakulangan nito – gayundin, ang hinihingi ng tinatawag na mga Anarkista na pawiin ang estado sa loob ng magdamag.” (*Anti-Dubring. Ang Rebolusyon sa Syensya ni Ginoong Eugen Dubring*, pp. 301-03, ikatlong ed. Aleman.)⁴

Maaaring sabihin nang walang kaba na magkamali, na sa argumentong ito ni Engels, na ubod nang yaman sa ideya, isa punto lamang ang naging integral na bahagi ng kaisipang Sosyalista sa hanay ng modernong mga partidong Sosyalista – ang punto na ayon kay Marx ay “maglalaho” ang estado, na iba sa Anarkistang doktrinang “mapapawi” ang estado. Ang pagkakapon sa Marxismo sa ganitong paraan ay nagiging oportunidad ito dahil ang ganitong “interpretasyon” ay mababakasan lamang ng malabong ideya ng mabagal, pantay at unti-unting pagbabago na walang igpaw at unos, at walang rebolusyon. Walang dudang pagtatakip, kung hindi ma’y negasyon sa rebolusyon ang ibig sabihin ng kasalukuyang popular na konsepto, kung maaari ngang sabihing gayon, ng “paglalaho” ng estado.

Gayunman, ang ganyang “interpretasyon” ang pinakakrudong pambabaluktot sa Marxismo, na kapakipakinabang lamang sa burgesya; sa teorya, nakabatay ito sa pagbalewala sa pinakaimportanteng mga sirkunstansya at konsiderasyong tinukoy sa mga pangungusap mismo na nagbuod sa mga ideya ni Engels na kasisipi lamang natin nang buo.

Unang-una, sa simula mismo ng argumento ni Engels, sinabi niya na sa pag-agaw sa kapangyarihang pang-estado, “winawakasan” nga ng proletaryado ang “pagiging estado ng estado” sa pamamagitan ng aktong iyon mismo. “Hindi nakagawian” na pag-isipan ang tunay na kahulugan nito. Sa kabuuan, lubos itong hindi pinapansin o kaya’y itinuturing na “kahinaang Hegelian” sa bahagi ni Engels. Sa katunayan naman, inilalahad ng mga salitang ito sa maikli’t malinaw na paraan ang karanasan

ng isa sa mga pinakadakilang proletaryong rebolusyon – ang Komuna ng Paris ng 1871, na mas detalyado nating tatalakayin sa angkop na bahagi. Sa katunayan, tinatalakay dito ni Engels ang pagwawasak ng rebolusyong proletaryo sa estadong burges, samantalang tinutukoy naman ng salita tungkol sa “paglalaho” nito ang mga labi ng pagiging *proletaryong* estado pagkaraan ng Sosyalistang rebolusyon. Ayon kay Engels, hindi “naglalaho” ang estadong burges kundi “winawakasan” ito ng proletaryado sa proseso ng rebolusyon. Ang proletaryong estado o mala-estado ang siyang naglalaho pagkaraan ng rebolusyon.

Ikalawa, ang estado ay isang “espesyal na pwersang mapaniil”. Inilalahad ni Engels dito nang buong linaw ang kanyang napakaganda at napakalalim na depinisyon. Nangangahulugan ito na ang “espesyal na pwersang mapaniil” ng burgesya para supilin ang proletaryado, para supilin ng sandakot na mayaman ang milyun-milyong manggagawa, ay dapat palitan ng isang “espesyal na pwersang mapaniil” ng proletaryado para supilin ang burgesya (ang diktadura ng proletaryado). Ito ang siya mismong bumubuo ng pagwawasak ng “estado bilang estado”. Ito ang siya mismong bumubuo ng “akto” ng “pag-agaw sa mga kagamitan sa produksyon sa ngalan ng lipunan”. At malinaw na hinding-hindi maaaring mangyari sa anyo ng “paglalaho” ang ganyang pagpapalit sa isang (burges na) “espesyal na pwersang mapaniil” ng isa pang (proletaryong) “espesyal na pwersang mapaniil”.

Ikatlo, kaugnay ng “paglalaho”, o kaya sa mas buhay at makulay na “kusang pamamahinga”, napakalinaw at tiyak na ang tinutukoy ni Engels ay ang panahong pagkaraang “maagaw [ng estado] ang mga kagamitan sa produksyon sa ngalan ng buong lipunan”, ibig sabihin, pagkatapos ng Sosyalistang rebolusyon. Alam nating lahat na ang pampulitikang anyo ng “estado” sa panahong iyon ay ang ganap na demokrasya. Pero hindi naiisip ng kahit sino sa mga oportunistang walang kahihiyang nambabaluktot kay Marx, na kapag tinatalakay rito ni Engels ang “paglalaho” o “kusang pamamahinga” ng estado, ang tinutukoy niya ay ang *demokrasya*. Sa unang tingin, mukhang napakakakatwa nito. Pero ito’y “hindi naiintidihan” ng mga tao lamang na hindi nakapagsuri sa katotohanang ang demokrasya ay isa estado *din*, at bunga nito, maglalaho *din* ang demokrasya kapag maglaho ang estado. Ang estadong burges ay “mawawakasan” lamang ng isang rebolusyon. Sa pangkalahatan, maaari lamang “maglaho” ang estado, ibig sabih’y ang pinakaganap na demokrasya.

Ikaapat, matapos balangkasin ni Engels ang kanyang bantog na proposisyong “maglalaho ang estado,” agad niyang kongkretong ipinaliwanag na ang proposisyong ito ay nakatuon din laban sa mga oportunistang at Anarkista. Sa pagsasagawa ni Engels nito, pinatampok niya ang kongklusyong hinango sa kanyang proposisyon kaugnay ng “paglalaho” ng estado na nakatuon laban sa mga oportunistang.

Maaaring ipusta na sa bawat sampung libong nakabasa o nakarinig ng tungkol sa “paglalaho” ng estado, lubusang hindi alam, o kaya’y hindi naaalala, ng 9,990 na hindi *lamang* laban sa mga Anarkista itinuon ni Engels ang kanyang kongklusyon sa proposisyong ito. At mula sa natitirang sampu, malamang na hindi alam ng siyam ang kahulugan ng “malayang estado ng mamamayan”, o kung bakit pagtuligsa sa mga oportunistang ang pagtuligsa sa islogang ito. Ganito nasusulat ang kasaysayan! Ganito di halatang pinalalabnaw ang isang dakilang rebolusyong doktrina at iniaangkop sa umiiral na pilistinismo. Ang kongklusyong nakatuon laban sa mga Anarkista ay ilang libong beses nang inulit-ulit, binulgarisa, ipinilit sa mga tao sa pinakakrudong paraang posible hanggang naging sintigas ng prehuwisyong; samantalang pinagtakpan naman at “kinalimutan” ang kongklusyong nakatuon laban sa mga oportunistang.

Ang “malayang estado ng mamamayan” ay isang kahilingan sa programa ng mga Sosyal-Demokrata ng Germany at kanilang islogan sa dekadang 1870. Walang sustansya sa pulitika ang islogang ito maliban sa mayabang na pagpapaliguy-ligoy na panggitnang uri sa ideya ng demokrasya. Sa antas na tinutukoy nito sa paraang ligal ang demokratikong republika, nakahanda si Engels na “bigyang matwid” ang paggamit nito “sa ilang pagkakataon” sa punto de bista ng propaganda. Pero ang islogang ito’y oportunistang dahil naglalalahad ito hindi lamang ng pinalabis na pananaw ng kagandahan ng demokrasyang burges kundi pati na ng kawalan ng pagkakaunawa sa Sosyalistang kritisismo sa lahat ng

estado sa kabuuan. Pinapaburan natin ang demokratikong republika bilang pinakamahusay na anyo ng estado para sa proletaryado sa ilalim ng kapitalismo; pero wala tayong karapatang kalimutan na pagkaalipin sa sahod ang kapalaran ng mamamayan kahit na sa pinakademokratikong republikang burges. Isa pa, ang lahat ng estado ay isang “espesyal na pwersang mapaniil” para sa panunupil sa aping uri. Dahil dito, *walang* estado na “malaya” o kaya’y isang “estado ng mamamayan”. Paulit-ulit na ipinaliwanag ito nina Marx at Engels sa kanilang mga kasama sa partido noong dekadang 1870.

Ikalima, may argumento tungkol sa kabuluhan ng marahas na rebolusyon ang akdang ito mismo ni Engels, na sa alaala ng lahat ay may argumento tungkol sa “paglalaho” ng estado. Kay Engels, nagiging mistulang papuri sa marahas na rebolusyon ang istorikong pagsusuri ng papel nito. Mangyari pa, ito’y “hindi naaalala ng kahit sino”; hindi itinuturing ng kontemporaryong mga partidong Sosyalista na mainam ang pag-uusap o pag-iisip man lamang sa kahalagahan ng ideyang ito, at sa kanilang pang-araw-araw ng propaganda at ahitasyon sa hanay ng masa, wala itong kahit anong papel na ginagampanan. Pero napakahigpit itong nakatali sa “paglalaho” ng estado sa isang magkatugmang kabuuan.

Narito ang argumento ni Engels:

“Gayunman, ang puntong may iba pang papel sa kasaysayan (bukod sa papel ng buktot na kapangyarihan) ang pwersang iyon, isang rebolusyonaryong papel; ang punto, sa mga salita ni Marx, na ito ang komadrona ng bawat lumang lipunang nagbubuntis ng bago; ang punto na ito ang instrumento na nakakatulong ang kilusang panlipunang igiit ang sarili at wasakin ang patay at naninigas nang mga anyong pampulitika – tungkol sa puntong ito, walang sinasabi si Ginoong Duhring. Nagbubuntung-hininga at dumadaing na tinanggap lamang niya ang posibilidad na marahil ay kakailanganin ang pwersa para ibagsak ang sistemang pang-ekonomya ng pagsasamantala – sa kasawiang palad! dahil ang lahat ng paggamit ng pwersa ay tiyak na nakakademoralisa sa gumagamit nito. At ganito, sa kabila ng napakalaking pagsulong na moral at ispiritwal na ibinunga ng lahat ng matagumpay na rebolusyon! At ganito, sa Germany, kung saan ang marahas na banggaan – na maaari ngang maipwersa sa mamamayan – ay may bentahe sa pagpawi man lamang ng pagkaalipin na nanuot sa pambansang kamalayan dahil sa kahihyan sa Tatlungung Taong Digmaan.* At inaangkin ng mentalidad na ito ng pastor – nakakabagot, walang kalatuy-latoy at baog – ang karapatang ipataw ang sarili sa pinakarebolusyonaryong partidong nakilala sa kasaysayan!”**

Paano maikukumbina bilang iisang doktrina ang papuring ito hinggil sa marahas na rebolusyon, na mapilit na iginigiit ni Engels sa mga Sosyal-Demokrata ng Germany sa pagitan ng 1878 at 1894, ibig sabihin, hanggang mamatay siya, paano maikukumbina ito sa teorya ng “paglalaho” ng estado..

Kadalasa’y ikinukumbina ang dalawang pananaw sa pamamagitan ng eklektisismo, sa pamamagitan ng di prinsipyado, sopista at arbitraryong pagpili (para masiyahan ang mga makapangyarihan), ng argumentong iyon o ito, at siyamnapu’t siyam na kaso sa sandaan (kung hindi man mas madalas pa) ang ideya ng “paglalaho” ang partikular na pinatatampok. Ihinahalili sa diyalektika ang eklektisismo – ito ang pinakakaraniwan at pinakalaganap na penomenon na masasalubong sa kasalukuyang upisyal na babasahing Sosyal-Demokratiko kaugnay ng Marxismo. Mangyari pa, hindi na bago ang ganitong klase ng paghahalili; makikita ito kahit sa kasaysayan ng klasikong pilosopyang Griyego. Kapag pinapalabnaw ang Marxismo para maging oportunisto, ang paghahalili ng eklektisismo sa diyalektika ang

* Ang Tatlungung Taong Digma (1618-1648), na dulot ng labanan ng mga kapangyarihang Europeo para sa hegemonya sa loob ng pinira-piraso ng pyudalismong Germany at sa dalampasigan ng Dagat Baltic, ay nagresulta sa ganap na pagkawasak ng Germany.

** Frederick Engels, *Anti-Duhring*, London and New York, 1933. – Ed.

pinakamadaling paraan ng panlilinlang sa masa. Nagbibigay ito ng kasiyahan na ilusyon lamang; parang isinasaalang-alang nito ang lahat ng panig ng proseso, ang lahat ng tendensya sa pag-unlad, ang lahat ng magkakasalungat na salik at iba pa, samantalang ang totoo'y hindi ito nagbibigay ng konsistente at rebolusyonaryong pananaw sa proseso ng pag-unlad ng lipunan.

Nasabi na natin sa itaas at mas lubusan pang ipapakita sa susunod na ang estadong burges ang tinutukoy sa itinuturo nina Marx at Engels kaugnay ng katiyakan ng marahas na rebolusyon. *Hindi maaaring* halinhan ng proletaryong estado (diktadura ng proletaryado) ang estadong burges sa pamamagitan ng “paglalaho”, kundi sa pangkalahatan sa pamamagitan lamang ng marahas na rebolusyon. Ang papuring inihandog para dito ni Engels, na lubusang umaayon sa paulit-ulit na deklarasyon ni Marx (alalahanin ang pangwakas na mga pangungusap sa *Karukbaan ng Pilosopya*⁵ at *Ang Manipestong Komunista*,⁶ na buong pagmamalaki at hayagang nagproklama ng katiyakan ng marahas na rebolusyon; alalahanin ang *Kritika sa Programang Gotha* ng 1875⁷ ni Marx kung saan, halos tatlumpung taon matapos ito, walang awang tinuligsa niya ang oportunistang katangian ng programang iyon*) – ang papuring ito’y hindi lamang “silakbo ng kasiglahan”, hindi lamang talumpati o polemikong argumento. Nasa ugat ng *kabuuang* itinuturo nina Marx at Engels ang pangangailangan na sistematikong ikintal sa masa ang pananaw na ito at ang pananaw na ito lamang tungkol sa marahas na rebolusyon. Pinatatampok ng pagkakaligta sa gayong propaganda at ahitasyon kapwa ng kasalukuyang nangingibabaw na agos na sosyal-sobinista at maka-Kautsky ang kanilang pagtatraydor sa mga itinuturo nina Marx at Engels.

Imposible ang paghalili ng proletaryong estado sa burges na estado kung walang marahas na rebolusyon. Posible lamang ang pagpawi sa proletaryong estado, ibig sabihin, ang lahat ng estado, sa pamamagitan lamang ng “paglalaho.”

Nagbigay sina Marx at Engels ng buo at kongkretong pagpapalawig tungkol sa mga pananaw na ito nang pag-aralan nila nang hiwa-hiwalay ang bawat rebolusyonaryong sitwasyon, nang suriin nila ang mga aral sa karanasan ng bawat indibidwal na rebolusyon. Tatalakayin natin ngayon ang walang dudang pinakaimportanteng bahagi ng kanilang akda.

KABANATA II

MGA KARANASAN NG 1848-51

1. ANG BISPERAS NG REBOLUSYON

Ang mga unang akda ng maunlad na Marxismo – ang *Karukbaan ng Pilosopya* at ang *Manipestong Komunista* – ay lumitaw sa pinakabisperas ng Rebolusyon ng 1848. Dahil dito, hanggang sa isang antas ay sinasalamin ng mga ito ang kongkretong rebolusyonaryong sitwasyon ng panahon, kasabay ng

* Ipinagtibay ang Programang Gotha noong 1875 sa kongreso ng pagkakaisa na ginanap sa Gotha kung saan nagsanib ang dalawang paksyon ng mga Sosyalistang German, ang mga maka-Lassallea at mga maka-Eisennacher, sa bilang Sosyal-Demokratikong Partido ng mga Manggagawa ng Germany. Upisyal na may bias ang programa hanggang sa kumbensyon ng Partido sa Erfurt noong 1891, nang hinalinhan ito ng bagong programa (Programang Erfurt). Ipinailalim nina Marx at Engels ang Programang Gotha sa masusing kritisismo.

pagpapahayag ng mga pangkalahatang prinsipyo ng Marxismo. Sa gayon, siguro’y mas direktso sa punto kung susuriin kung ano ang sinabi ng mga awtor ng mga akdang ito tungkol sa estado kagyat bago sila humango ng mga kongklusyon mula sa karanasan ng mga taong 1848-1851.

Sinabi ni Marx sa *Ang Karukhaan ng Pilosopya*:

“Sa proseso ng pag-unlad ng uring manggagawa, hahalinhan nito ang lumang burges na lipunan ng isang asosasyon na magpupwera sa mga uri at antagonismo ng mga ito, at hindi na magkakaroon pa ng tunay na kapangyarihang pampulitika, dahil ang kapangyarihang pampulitika ang mismong upisyal na ekspresyon ng antagonismo ng mga uri sa loob ng burges na lipunan.” (p. 182, edisyong German, 1885.)⁸

Instruktibo na paghambingin ang pangkalahatang paliwanag na ito ng ideya na maglalaho ang estado pagkaraang mapawi ang mga uri, at ang paliwanag na nasa ang *Manipestong Komunista*, na sinulat nina Marx at Engels makalipas ang ilang buwan – para maging eksakto, noong Nobyembre 1847:

“Sa paglalarawan ng pinakapangkalahatang mga yugto ng pag-unlad ng proletaryado, binaybay natin ang humigit-kumulang ay nakatagong gerang sibil, na nangyayari sa umiiral na lipunan, hanggang sumiklab ang gerang iyon sa hayagang rebolusyon, kung saan inilalatag ng marahas na pagbabagsak sa burgesya ang pundasyon para sa paghahari ng proletaryado.

“Nakita natin na ang unang hakbang sa rebolusyon ng uring manggagawa ay iangat [promosyon, sa literal na salin] ang proletaryado sa pusisyon bilang naghaharing uri, ipagwagi ang labanan para sa demokrasya.

“Gagamitin ng proletaryado ang kanyang paghahari sa pulitika para antas-antas na agawin sa burgesya ang lahat ng kapital, isentralisa ang lahat ng instrumento sa produksyon sa mga kamay ng estado, ibig sabihin, ang proletaryado na organisado bilang naghaharing uri, at palaguin ang kabuuan ng mga produktibong pwersa sa pinakamabilis na paraang posible.”⁹ (Karl Marx at Friedrich Engels, *Manipesto ng Partido Komunista*, Awtorisadong Salin sa Ingles ng 1888, London at New York, 1932, pp. 20-30. – Ed.)

Dito’y mayroon tayong pormulasyon ng isa sa pinakapambihira at pinakaimportanteng mga ideya ng Marxismo tungkol sa paksa estado, ang ideya ng “diktadura ng proletaryado” (tulad ng taguri nina Marx at Engels dito pagkaraan ng Komuna ng Paris); at gayundin, isang interesanteng-interesanteng depinisyong ng estado na isa rin sa mga “kinalimutang salita” ng Marxismo: “*Ang estado, ibig sabih’y ang proletaryado na organisado bilang naghaharing uri.*”

Ang depinisyong ito ng estado na hinding-hindi ipinaliwanag sa kasalukuyang propaganda at ahitasyon ng mga upisyal na partidong Sosyal-Demokratiko, ay sadyang kinalimutan, na para bang ganap na di umaayon sa repormismo, at sampal sa mukha ng karaniwang mga maling palagay na oportunistang at mga ilusyong pilistino tungkol sa “mapayapang pag-unlad ng demokrasya”.

Kailangan ng proletaryado ang estado – inuulit-ulit ito ng lahat ng oportunistang, sosyal-sobinista at maka-Kautsky, na nagtitiyak sa atin na ito ang itinuro ni Marx. Pero “kinalilimutan” naman nilang idagdag na, unang-una na, ayon kay Marx, kailangan lamang ng proletaryado ang isang estado na naglalaho, ibig sabih’y isang estado na sa pagkakabuo ay nag-uumpisa nang maglaho agad, at hindi maaaring hindi maglalaho; at ikalawa, kailangan ng mga manggagawa ang “isang estado, ibig sabihin, ang proletaryado na organisado bilang naghaharing uri”.

Ang estado ay isang espesyal na organisasyon ng pwersa: ito ay organisasyon ng karahasan para supilin ang iba pang uri. Anong uri ang dapat supilin ng proletaryado? Natural, ang mapagsamantalang uri lamang, ibig sabih’y ang burgesya. Kailangan lamang ng anakpawis ang estado para supilin ang paglaban ng mga mapagsamantala, at ang proletaryado lamang ang makakapagdirihe sa pagsupil na ito

at makakapagpawagi nito dahil ang proletaryado ang tanging uri na puspusang rebolusyonyo, ang tanging uring makakapagbuklod sa lahat ng anakpawis at pinagsasamantalang mamamayan sa pakikibaka sa burgesya, sa ganap na pagbabagsak sa uring ito.

Kailangan ng mga nagsasamantalang uri ang pampulitikang paghahari para mapanatili ang pagsasamantala, ibig sabih'y sa makasariling interes ng mumunting minoritya laban sa malawak na mayorya ng mamamayan. Kailangan ng mga pinagsasamantalang uri ang pampulitikang paghahari para lubusang mapawi ang lahat ng pagsasamantala, ibig sabih'y sa interes ng malawak na mayorya ng mamamayan laban sa mumunting minorityang binubuo ng mga modernong nagmamay-ari ng alipin – ang mga panginoong maylupa at kapitalista.

Inilalarawan pa ng mga demokratang petiburges, ang huwad na mga sosyalista, na ang ipinalit sa tunggalian ng mga uri ay mga pangarap tungkol sa pagkakasundo ng mga uri, pati na ang sosyalistang transpormasyon sa paraang mapangarap – hindi sa anyo ng pagbabagsak sa paghahari ng nagsasamantalang uri kundi sa anyo ng mapayapang pagpapailalim ng minoritya sa isang mayorya na mulat sa kanilang mga layunin. Ang petiburges na Utopyang ito, na mahigpit na konektado sa ideyang nasa ibabaw ng mga uri ang estado, ay humantong sa pagtatraydor sa interes ng mga uring anakpawis sa praktika, tulad ng ipinakikita halimbawa sa kasaysayan ng mga rebolusyong Pranses ng 1848 at 1871, at sa karanasan ng partisipasyon ng mga “Sosyalista” sa burges na mga gabinete sa England, France, Italy at iba pang bayan sa katapusan ng ikalabinsiyam at sa simula ng ikadalawampung siglo.

Sa buong buhay ni Marx, nilaban niya ang petiburges na Sosyalismong ito – na muling nabuhay ngayon sa Rusya sa mga partidong Sosyalista-Rebolusyonyo at Menshevik. Lohikal na pinaunlad ni Marx ang kanyang pagsusuri sa tunggalian sa uri hanggang sa doktrina ng kapangyarihang pampulitika, sa doktrina ng estado.

Ang pagbabagsak ng paghaharing burges ay makakamit lamang ng proletaryado bilang partikular na uri na ihinahanda, sa pamamagitan ng kalagayang pang-ekonomya ng pag-iral nito, para sa tungkuling ito, at nabibigyan kapwa ng pagkakataon at lakas para gampanan ito. Samantalang winawasak at pinipira-piraso ng burgesya ang uring magsasaka at lahat ng saray ng petiburgesya, pinagbubuklod, pinagkakaisa at inoorganisa naman ng nito ang proletaryadong urban. Ang proletaryado lamang – dahil sa pang-ekonomyang papel nito sa malawakang produksyon – ang makakapamuno sa lahat ng anakpawis at pinagsasamantalang masa, na pinagsasamantalahan, inaapi, at dinudurog ng burgesya kung hindi man kasintindi ay mas matindi pa kaysa pagsasamantala, pang-aapi at pagdurog nito sa proletaryado, ngunit walang kakayahan namang maglunsad ng pakikibaka para sa sariling paglaya *nang nagsasarili*.

Ang doktrina ng tunggalian sa uri, na inilapat ni Marx sa usapin ng estado at Sosyalistang rebolusyon, ay di maiwasang humantong sa pagkilala sa *pampulitikang paghahari* ng proletaryado, sa diktadura nito, ibig sabihin, sa isang kapangyarihang hindi ibinabahagi kahit kanino at tuwirang nakasalig sa armadong lakas ng masa. Makakamit ang pagbabagsak sa burgesya sa pamamagitan lamang ng pagtatransporma sa proletaryado bilang *naghabaring uri*, na makakadurog sa tiyak at desperadong paglaban ng burgesya, at makakaorganisa sa *lahat* ng anakpawis at pinagsasamantalang masa para sa bagong kaayusang pang-ekonomya.

Kailangan ng proletaryado ang kapangyarihang pang-estado, ang sentralisadong organisasyon ng pwera, ang organisasyon ng karahasan, kapwa para durugin ang paglaban ng mga mapagsamantala at para gabayan ang napakalaking masa ng populasyon – ang uring magsasaka, petiburgesya at mga malaproletaryo – sa pag-oorganisa ng Sosyalistang ekonomya.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa partido ng mga manggagawa, ang Marxismo'y nagbibigay ng edukasyon sa taliba ng proletaryado na may kakayahang humawak sa kapangyarihan at *mamuno sa lahat ng mamamayan* tungo sa sosyalismo, idirihe at organisahin ang bagong kaayusan, tumayo bilang guro, giya at lider ng lahat ng anakpawis at pinagsasamantalang mamamayan sa tungkuling itatag ang kanilang buhay panlipunan na wala ang burgesya at laban sa burgesya. Kabaligtaran nito,

nagluluwal naman sa loob ng partido ng mga manggagawa ang oportunidadong nangingibabaw ngayon ng mga kinatawan ng mga manggagawang mas matataas ang sahod, na nahihawalay sa masang kasapian, mabuti-buti ang “katayuan” sa ilalim ng kapitalismo, at nagbebenta ng kanilang katutubong karapatan kapalit ng isang mangkok ng nilaga, ibig sabih’y tumatalikod sa kanilang papel bilang mga rebolusyonaryong lider ng mamamayan laban sa burgesya.

“Ang estado, ibig sabihin, ang proletaryado na organisado bilang naghaharing uri” – ang teoryang ito ni Marx ay mahigpit na nakaugnay sa lahat ng kanyang itinuturo tungkol sa rebolusyonaryong papel ng proletaryado sa kasaysayan. Ang kulminasyon ng papel na ito ay ang proletaryong diktadura, ang pampulitikang paghahari ng proletaryado.

Pero kung kailangan ng proletaryado ang estado bilang *espesyal* na anyo ng organisasyon ng karahasan *laban sa burgesya*, halos awtomatikong lumilitaw ang sumusunod na katanungan: Maaari bang isipin na malilikha ang ganoong organisasyon nang hindi muna dinudurog at winawasak ang makinarya ng estado na nilikha ng burgesya *para sa sariling gamit*? Ganito agad ang kongklusyon sa *Manipestong Komunista*, at ang kongklusyon ito ang tinatalakay ni Marx nang lagumin ang karanasan ng Rebolusyon ng 1848-51.

2. ANG PAGLALAGOM SA REBOLUSYON

Hinalaw ni Marx ang kanyang mga kongklusyon mula sa rebolusyon ng 1848-51 tungkol sa usapin ng estado na ating pinapaksa sa sumusunod na mga obserbasyong nilalaman ng *Ang Ikalabingwalong Brumaire ni Louis Bonaparte*:

“Pero puspusan ang rebolusyon. Nagdaraan pa ito sa purgatoryo. Sistematiko nitong kinukumpleto ang kanyang tungkulin. Pagsapit ng Disyembre 2, 1851 [araw ng *kudeta* ni Louis Bonaparte], nakumpleto na nito ang kalahati ng kanyang panimulang gawain. Kinukumpleto ngayon nito ang ikalawang hati. Una, pinerpekto nito ang kapangyarihang parlamentaryo para maibagsak ito. Ngayong nakamit na ito, pineperpekto naman nito ang *kapangyarihan ebekutibo*, ibinabalik sa dalisay nitong anyo, inihihawalay ito, at itinatatapat laban sa sarili bilang tanging kasiraan, nang sa gayon ay *maikokonsentra ang lahat ng kanyang mapangwasak na pwersa laban dito* [amin ang pagdidiiin]. At kapag natapos na nito ang ikalawang parte ng panimulang gawain, tatalon patayo ang Europa at masayang-masayang sisigaw: Magaling! Magaling!

“Ang kapangyarihang ehekutibong ito, na napakalaki ang organisasyong burukratiko at militar, na napakalawak ang makinaryang pang-estado, na napakaraming upisyal na umaabot sa kalahating milyon bukod pa sa hukbo na kalahating milyon din, ang nakakatakot na organo ng mga parasitong ito na nakabalot na parang lamad sa katawan ng lipunang Pranses at sumasakal sa lahat ng hingahan nito ay lumitaw sa panahon ng absolutong monarkiya nang bumabagsak ang pyudalismo, na pinabilis nito. Pinaunlad ng unang Rebolusyong Pranses ang sentralisasyon, pero kasabay nito’y pinaunlad ang lawak, mga katangian at mga alagad ng kapangyarihang pangguberno. Kinumpleto ni Napoleon ang makinaryang pang-estadong ito. Walang idinagdag ang Monarkiyang Lehitimista at Monarkiyang Hulyo kundi ang mas malaking hatian ng gawain....

“Panghuli, sa pakikibaka ng parlamentaryong Republika sa rebolusyon, napilitan itong palakasin ang mga rekurso at ang sentralisasyon ng kapangyarihang pangguberno sa pamamagitan ng kanyang mapanupil na mga hakbang. *Higit lamang na pineperpekto ng lahat rebolusyon ang makinaryang ito sa halip na wasakin ito* [amin ang pagdidiiin]. Itinuturing ng mga partidong halinhinang naglalabanan para makapaghari na pangunahing dambong ng nanalo ang pag-agaw sa napakalaking makinaryang pang-estadong ito.” (*Ang Ikalabingwalong Brumaire ni Louis Bonaparte*, pp.98-99, ikaapat na edisyon, Hamburg, 1907.)¹⁰

Sa napakahusay na mga pangungusap na ito, malaki na ang isinulong ng Marxismo kung ikukumpara sa *Manipestong Komunista*. Doon, ang usapin ng estado ay tinatalakay pa rin sa napakaabstraktong paraan, sa pinakapanlahat na termino at pananalita. Dito, kongkretong tinatalakay ang usapin, at napakapresiso, napakadepinido, napakapraktikal at napakalinaw ng kongklusyon: hanggang sa kasalukuyan, ang lahat ng naunang rebolusyon ay tumulong sa pagpeperpekto sa makinaryang pang-estado, samantalang dapat naman itong lansagin at wasakin.

Ang kongklusyong ito ang pangunahin at pundamental na punto sa Marxistang teorya tungkol sa estado. Pero ang pundamental na puntong ito mismo ang hindi lamang lubusang *kinalimutan* ng mga nangingibabaw na upisyal na partidong Sosyal-Demokratiko, kundi tahasan pa ngang *binaluktot* (makikita natin sa susunod) ni K. Kautsky, ang nangungunang teoretisyan ng Ikalawang Internasyunal.

Sa *Manipestong Komunista*, nilalagom ang pangkalahatang mga aral ng kasaysayan, na nag-oobliga sa atin na ituring ang estado bilang organo ng makauring paghahari at nagdadala sa atin sa di maiiwasang kongklusyon na hindi maibabagsak ng proletaryado ang burgesya kung hindi muna aagawain ang kapangyarihang pampulitika, kung hindi makakamit ang paghahari sa pulitika, kung hindi itatransporma ang estado bilang “proletaryado na organisado bilang naghaharing uri”; at ang proletaryong estadong ito ay magsisimulang maglaho agad pagkaraang magtagumpay dahil hindi kakailanganin at hindi makakairal ang estado sa lipunang walang makauring mga antagonismo. Hindi tinatalakay dito ang usapin kung paanong mangyayari, sa punto de bista ng istorikong pag-unlad, ang pagpapalit ng proletaryong estado sa burges na estado.

Ang usaping ito mismo ang tinalakay at sinagot ni Marx noong 1852. Tapat sa kanyang pilosopiya ng diyalektikong materyalismo, ginamit ni Marx bilang kanyang batayan ang karanasan ng dakilang mga taon ng rebolusyon ng 1848 hanggang 1851. Dito, at sa lahat ng iba pa, ang kanyang itinuturo ay ang *paglalagom ng karanasan*, tinatanglawan ng malalim na pampilosopyang pananaw sa daigdig at ng mayamang kaalaman sa kasaysayan.

Kongkretong inilalahad ang usapin ng estado: paano lumitaw ang burges na estado, ang makinaryang pang-estadong kailangan para sa paghahari ng burgesya? Ano ang mga pagbabagong dinaanan nito, paano ito umunlad sa takbo ng burges na mga rebolusyon at sa harap ng independyenteng mga aksyon ng mga uring api? Ano ang mga tungkulin ng proletaryado kaugnay ng makinaryang pang-estadong ito?

Lumitaw ang sentralisadong kapangyarihang pang-estado na natatangi sa lipunang burges sa panahon ng pagbagsak ng absolutismo. Dalawang institusyon ang pinakakatangian ng makinaryang pang-estadong ito: ang burukrasya at pamalagiang hukbo. Sa mga akda nina Marx at Engels, paulit-ulit nilang ipinapakita ang libu-libong hiblang nag-uugnay ng mga institusyong ito sa burgesya. Inilalarawan ng karanasan ng lahat ng manggagawa ang koneksyong ito sa napakalinaw at pinakamabisang paraan. Sa mapait na karanasan mismo ng uring manggagawa, natututuhan nitong kilalanin ang koneksyong ito; ito ang dahilan kung bakit madali nitong nasasapol at matatag na natututuhan ang doktrina na nagbubunyag ng di maiiwasang koneksyong ito, isang doktrinang walang kamuwangan at pabirong itinatatwa, o higit pang pabirong tinatanggap “sa kabuuan” ng mga demokratang petiburges, samantalang kinakalimutan namang humango ng sapat at praktikal na mga kongklusyon.

Ang burukrasya at pamalagiang hukbo ay “mga parasito” sa katawan ng burges na lipunan – isang parasitong iniluwal ng panloob na mga antagonismo na nagwawakwak sa lipunan iyon, pero sa esensya’y isang parasitong “sumasakal” sa lahat ng hingahan” ng buhay. Ang pananaw na ito na isang *parasitikong organismo* ang estado ay itinuturing ng oportunistang maka-Kautsky, na nangingibabaw ngayon sa upisyal na Sosyal-Demokrasya, bilang natatangi at eksklusibong katangian ng Anarkismo. Hindi na kailangang sabihin pa na ang pambabaluktot na ito sa Marxismo ay may napakalaking bentahe sa mga pilistino na nagdulot sa Sosyalismo ng walang kapantay na kahihyan ng pagmamamawid at

paggagayak sa imperyalistang digmaan sa pamamagitan ng paglapat dito ng terminong “pagtatanggol sa inangbayan”; gayunpaman, ito’y isang ganap na pambabaluktot.

Nagpatuloy ang pagpapaunlad, pagpapahusay at pagpapalakas ng makinaryang burukratiko at militar sa panahon ng napakaraming rebolusyong burges na nasaksihan ng Europa mula nang bumagsak ang pyudalismo. Sa partikular, ang petiburgesya ang naakit sa panig ng malaking burgesya at naging tapat dito sa pamamagitan pangunahin ng makinaryang ito, na nagbibigay sa nakatataas na saray ng uring magsasaka, maliliit na artisano at mangangalakal ng relatibong komportable, disente at kagalang-galang na mga pwesto na nag-aangat ng nakapwesto sa *ibabaw* ng mamamayan. Tingnan ang nangyari sa Rusya sa anim na buwan matapos ng Marso 12, 1917. Naging pwesto na ngayon ng mga Cadet, Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonaryo ang mga pwesto sa gubyerno na dati’y ibinibigay sa mga myembro ng Black Hundred. Walang sinuman na tunay na nag-iisip na magharap ng anumang seryosong reporma. Ipagpapaliban ang mga repormang ito “hanggang sa pagpulong ng *Constituent Assembly*”, na siya namang ipinagpaliban hanggang pagkatapos ng gera! Pero hindi ipinagpaliban, hindi hinintay ang *Constituent Assembly* para mapaghati-hatian ang mga dambong, makuha ang pusisyon ng mga Ministro, Pangalawang Ministro, gubernador-heneral, atbp., atbp.! Sa esensya, ang larong pagbabagu-bago ng kumbinsyon kaugnay ng bubuo sa Probisyunal na Gubyerno ay ekspresyon lamang ng hatian at muling hatiang ito ng “mga dambong”, na nangyayari na sa buong bayan, sa itaas man o ibaba, sa bawat departamento ng sentral at lokal na gubyerno. Ang praktikal na mga resulta ng anim na buwan sa pagitan ng Marso 12 at Setyembre 9, 1917 ay malalagom nang walang anumang pagtatalo bilang: pagsasantabi ng mga reporma, pamamahagi ng mga pusisyon ng mga upisyal, at pagwawasto ng “mga pagkakamali” sa pamamahagi sa pamamagitan ng ilang muling pamamahagi.

Pero habang lalong tumatagal ang proseso ng “muling pagpaparte-parte” ng burukratikong makinarya sa iba’t ibang partidong burges at petiburges (sa mga Cadet, Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik sa kaso ng Rusya), lalong malinaw na namumulat ang mga aping uri, sa pamumuno ng proletaryado, sa di mapapagkasundong hostilidad nila sa *kabuuan* ng lipunang burges. Samakatwid, kailangang patindihin ng lahat ng partidong burges, kahit na ng pinakademokratiko at “rebolusyonaryo-demokratiko” sa mga ito, ang mapaniil na mga hakbang ng panunupil laban sa rebolusyonaryong proletaryado, palakasin ang makinarya sa paniniil, ibig sabih’y ang makinaryang pang-estado ring iyon. Inoobliga ng ganoong takbo ng mga pangyayari ang rebolusyon na “*ikonsetra ang lahat ng pwersa nito sa pagwawasak*” laban sa kapangyarihan pang-estado, at ituring na ang usapin ay usapin ng *pagdudurog at pagwawasak* sa makinarya ng estado, at hindi ng pagpeperpekto nito.

Hindi lohikal na pagteteorya kundi aktwal na takbo ng mga pangyayari, ang buhay na karanasan ng 1848-51, ang lumikha ng gayong paglalahad ng usapin. Kung gaano kahigpit na kumapit si Marx sa solidong batayan ng istorikong karanasan ay makikita sa pangyayaring hindi pa niya kongkretong tinalakay noong 1852 ang usaping kung *ano* ang ipapalit sa wawasaking makinaryang pang-estado. Hindi pa napapalitaw ng karanasan ang materyal para sa solusyon ng usaping ito, na ihinapag ng kasaysayan sa kalaunan noong 1871. Noong 1852, ang pwede lamang ilatag nang may kawastuan sa obserbasyong taglay ng syensyang pangkalikasan ay ang pangyayaring *lumapit* na ang proletaryong rebolusyon sa tungkuling “*ikonsetra ang lahat ng pwersa nito sa pagwawasak*” laban sa estado, sa tungkuling “*wasakin*” ang makinarya ng gubyerno.

Dito’y maaaring sumulpot ang tanong na: Tama bang magbuo ng heneralisasyon tungkol sa karanasan, mga obserbasyon at kongklusyon ni Marx at ilapat ang mga ito sa larangang mas malawak kaysa kasaysayan ng France sa tatlong taong 1848-51? Para masuri ang usaping ito, alalahanin muna natin ang sinabi ni Engels, at pagkaraa’y suriin ang mga datos.

Sa paunang salita ni Engels sa ikatlong edisyon ng *Ikalabingwalong Brumaire*, sinabi niya:

“Higit pa sa alinmang bayan, ang France ay ang bayan kung saan naganap ang istorikong tunggalian ng mga uri hanggang sa mapagpasyang kongklusyon ng mga ito, at kung gayon, dito rin

pinakamatalas na naiguhit ang nagbabagong mga anyong pampulitikang kinapalooban ng pag-unlad ng mga pakikibakang ito at kung saan nalalagom ang kanilang mga resulta. Ito ang sentro ng pyudalismo sa Kapanahunang Midyebal, at modelong bayan (mula noong *Renaissance*) ng isang mahigpit na nagkakaisang monarkiya; sa dakilang rebolusyon, dinurog ng France ang pyudalismo at dito'y itinatag ang ganap na paghahari ng burgesya sa anyong higit na klasiko kaysa alinmang bayan sa Europa. At dito, lumitaw rin ang pakikibaka ng sumisibol na proletaryado laban sa naghaharing burgesya sa napakatalas na anyong hindi pa naranasan kahit saan.” (p. 4, edisyon 1907.)

Paso na ang huling pangungusap dahil mula 1871, humupa na ang rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryadong Pranses; gayunman, matagal man ang paghupang ito'y posibleng-possible pa rin na sa nalalapit na proletaryong rebolusyon, muling maipakita ng France na ito ang tradisyunal na tahanan ng tunggalian ng mga uri hanggang katapusan.

Gayunman, tingnan natin ang kasaysayan ng mas abanteng mga bayan sa pagtatapos ng ikalabinsiyam na siglo at simula ng ikadalawampung siglo. Makikita natin na nangyayari din ang ganoong proseso nang mas mabagal, sa mas maraming anyo at sa mas malawak na larangan: sa isang banda, ang pag-unlad ng “parlamentaryong kapangyarihan” hindi lamang sa mga bayang republikano (France, Amerika, Switzerland) kundi maging sa mga monarkiya (England, sa isang antas, ang Germany, Italy, mga bayan ng Scandinavia, atbp.); sa kabilang banda, ang labanan para sa kapangyarihan ng iba't ibang partidong burges at petiburges na pagpaparte-parte at muling nagpaparte-parte ng “dambong” ng mga pwesto ng mga upisyal, samantalang nananatili namang hindi nagbabago ang pundasyon ng kapitalistang lipunan; at panghuli, ang perpekasyon at pagpapalakas ng “kapangyarihang ehekutibo”, ng makinaryang burukratiko at militar nito.

Walang kaduda-duda na sa pangkalahatan, ito ang mga katangiang komun sa pinakahuling yugto sa ebolusyon ng lahat ng estadong kapitalista. Sa tatlong taong 1848-51, ipinakita ng France, sa mabilis, matalas at konsentradong anyo, ang lahat ng proseso mismo ng pag-unlad na likas sa buong kapitalistang daigdig.

Ipinakita laluna ng imperialismo – ang panahon ng kapital sa pagbabangko, ang panahon ng naglalakihang monopolyong kapitalista, ang panahon ng transpormasyon ng monopolyong kapitalismo tungong monopolyong kapitalismong pang-estado – ang walang kapantay na pagpapalakas ng “makinarya ng estado” at ang walang kapantay na paglaki ng makinaryang burukratiko at militar nito, kasabay ng pagtindi ng mapanupil na mga hakbang laban sa proletaryado, kapwa sa mga bayang monarkikal at sa pinakamalalayang bayang republikano.

Walang dudang hahantong ngayon ang kasaysayan ng daigdig, sa di hamak na mas malawak na saklaw kaysa 1852, sa “konsentrasyon ng lahat ng pwersa” ng proletaryong rebolusyon para sa “pagwawasak” ng makinarya ng estado.

Kung ano naman ang ipapalit ng proletaryado sa makinaryang ito ng estado, nagbigay ang Komuna ng Paris ng instruktibong datos kaugnay nito.

3. ANG PORMULASYON NI MARX SA USAPIN NOONG 1852*

Noong 1907, inilathala ni Mehring sa *Neue Zeit*¹ (Tomo 25, 2, p. 164) ang mga sinipi sa sulat ni Marx kay Weydemeyer na may petsang Marso 5, 1852. Bukod sa iba pang bagay, nilalaman ng sulat na ito ang sumusunod na mahalagang obserbasyon:

* Idinagdag ni Lenin ang seksyong ito sa ikalawang edisyong Ruso ng *Ang Estado at Rebolusyon*, 1918. – Ed.

“Para naman sa akin, hindi ako ang dapat purihin sa pagkakatuklas na may mga uri sa modernong lipunan, pati na ng tunggalian sa pagitan ng mga uri. Matagal bago pa man sa akin, ipinaliwanag na ng burges na mga istoryan ang istorikong pag-unlad ng tunggaliang ito ng mga uri, at ipinaliwanag naman ng mga ekonomistang burges ang pang-ekonomyang anatomi ng mga uri. Ang ginawa kong bago ay patunayan ang sumusunod: (1) na ang pag-iral ng mga uri ay nakaugnay lamang sa ilang istorikong tunggalian na iniluluwal ng pag-unlad ng produksyon [*Historische Entwicklungsphasen der Produktion*]; (2) na walang ibang patutunguhan ang tunggalian sa uri kundi sa diktadura ng proletaryado; (3) na ang diktadurang ito mismo ay isang transisyon lamang tungo sa pagpawi ng lahat ng uri at tungo sa lipunang walang mga uri.”¹²

Sa mga salitang ito, naipahayag ni Marx nang buong linaw, una, ang pangunahin at kongkretong mga pagkakaiba ng kanyang mga itinuturo sa mga itinuturo ng pinakaabante at pinakamalalim na mga palaisip ng burgesya, at ikalawa, ang esensya ng kanyang mga itinuturo tungkol sa estado.

Madalas sabihin at isulat na ang pangunahing punto sa mga itinuturo ni Marx ay ang tunggalian ng mga uri. Pero hindi ito totoo. Mula sa kamaliang ito, doon at dito’y madalas lumitaw ang oportunistang pambabaluktot sa Marxismo, ang ganoong pagpapalsipika nito sa diwang katanggap-tanggap sa burgesya. *Hindi* si Marx ang lumikha sa doktrina ng tunggalian ng mga uri kundi ang burgesya na *nauna* kay Marx, at sa pangkalahatan ay *katanggap-tanggap* sa burgesya. Hindi pa Marxista ang kumikilala sa tunggalian ng mga uri *lamang*; maaaring hindi pa niya nalalampasan ang mga hangganan ng kaisipan at pulitikang burges. Ang paglilimita ng Marxismo sa doktrina ng tunggalian ng mga uri ay nangangahulugan ng pagbabawas sa Marxismo – pagbabaluktot nito at paggawang katanggap-tanggap sa burgesya. Ang Marxista ay ang taong *nagpapasaklaw* ng pagkilala ng tunggalian ng mga uri sa pagtanggap sa *diktadura ng proletaryado*. Naririto ang pinakamalalim na pagkakaiba sa pagitan ng isang Marxista at isang karaniwang petiburges o malaking burges. Sa pinakabatayang ito kailangang sukatin ang *tunay* na pagkakaunawa at pagtanggap sa Marxismo. Nang iharap ng kasaysayan ng Europa sa uring manggagawa ang usaping ito sa praktikal na paraan, hindi nakakapagtaka na napatunayang miserableng mga pilistino at demokratang petiburges na *nagtatatwa* sa diktadura ng proletaryado hindi lamang ang lahat ng oportunista at repormista kundi pati ang lahat ng “maka-Kautsky” (mga taong nag-uurong-sulong sa pagitan ng repormismo at Marxismo). Ang pampleto ni Kautsky, *Ang Diktadura ng Proletaryado*, na inilathala noong Agosto 1918, ibig sabihin, matagal na matapos mailathala ang unang edisyon ng aklat na ito, ay isang napakahusay na halimbawa ng petiburges na pambabaluktot ng Marxismo at napakasamang pagtataksil sa Marxismo sa *praktika*, habang ipokrito namang kinikilala ito sa salita (sangunihin ang aking pampleto, *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky*, Petrograd at Moscow, 1918).

Ang kasalukuyang oportunismo sa katauhan ng prinsipal na kinatawan nito, ang dating Marxistang si K. Kautsky, ay lubos na napapaloob sa karakterisasyon ni Marx ng *burges* na pusisyon na binabanggit sa itaas, dahil nililimita ng oportunismong ito sa larangan ng relasyong burges ang pagkilala sa tunggalian ng mga uri. (Sa loob ng larangan ito, sa loob ng balangkas nito, wala kahit isa mang edukadong liberal ang tatanggap kilalanin “sa prinsipyo” ang tunggalian sa uri!) *Hindi pinatutungo* ng oportunismo ang pagkilala sa tunggalian ng mga uri hanggang sa pangunahing punto, hanggang sa panahon ng *transisyon* mula kapitalismo tungo sa Komunismo, hanggang sa panahon ng *pagbabagsak* at ganap na pagpapawi sa burgesya. Ang totoo’y di maiiwasang ang panahong ito ay maging panahon ng pambihira sa dahas na mga tunggalian ng mga uri sa pinakamatatalas na posibleng anyo nito, at samakatwid, sa panahong ito, ang estado’y di maiiwasang maging isang estado na demokratiko *sa bagong paraan* (para sa proletaryado at walang pag-aari sa pangkalahatan) at diktaduryal *sa bagong paraan* (laban sa burgesya).

Dagdag pa, ang esensya ng mga itinuturo ni Marx tungkol sa estado ay mauunawaan lamang ng mga nakakaintindi na kailangan ang diktadura ng *iisang* uri, hindi lamang para sa alinmang makauring

lipunan sa pangkalahatan, hindi lamang para sa *proletaryado* na nagbagsak sa burgesya, kundi pati rin para sa buong *istorikong kapanahunan* na naghihiwalay ng kapitalismo sa “lipunan walang mga uri”, sa komunismo. Napakaraming iba’t ibang anyo ng estadong burges pero pare-pareho ang esensya ng mga ito: sa iba’t ibang paraan, ang lahat ng estadong ito sa huling pagsusuri ay tiyak na *diktadura ng burgesya*. Tiyak na magkakaroon ng napakaraming iba’t ibang anyo sa pulitika ang transisyon mula sa kapitalismo tungo sa komunismo, pero tiyak ding iisa ang esensya ng mga ito: *ang diktadura ng proletaryado*.

KABANATA III

ANG KARANASAN NG KOMUNA NG PARIS NG 1871: ANG PAGSUSURI NI MARX.

1. ANO ANG BUMUBUO SA KAGITINGAN NG MGA KOMYUNARD?

Alam ng lahat na noong taglagas ng 1870, ilang buwan bago ang Komuna, binalaan ni Marx ang mga manggagawa ng Paris na ang anumang pagtatangkang ibagsak ang gubyerno ay kahangalang bunga ng desperasyon. Pero nang *ipwersa* sa mga manggagawa ang isang mapagpasyang labanan noong Marso 1871 at tinanggap nila ito, nang maganap na nga ang pag-aalsa, buong-siglang tinanggap ni Marx ang proletaryong rebolusyon sa kabila ng di paborableng mga palatandaan. Ang aktitud ni Marx ay hindi ang pagmamarunong na pagkokondena sa kilusang “wala sa panahon” tulad ng ginawa ng bantog sa kasamaang si Plekhanov, ang Rusong nagtaksil sa Marxismo na mapanghimok na sumulat noong Nobyembre 1905 tungkol sa pakikibaka ng mga manggagawa’t magsasaka, pero pagkaraan ng Disyembre 1905, ay sumigaw sa paraang liberal: “Hindi sila dapat nag-alsa.”*

Gayunman, hindi lamang tuwang-tuwa si Marx tungkol sa kagitingan ng mga Komyunard, na tulad ng ipinahayag niya ay “sumalakay sa langit”. Bagamat hindi nakamit ng rebolusyong kilusan masa ang layunin nito, nakita niya rito ang isang napakahalagang istorikong eksperimento, isang antas ng pagsulong ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo, isang praktikal na hakbang na mas mahalaga kaysa daan-daang programa at talakayan. Suriin ang eksperimentong ito, hanguin ang mga aral sa taktika, muling suriin ang kanyang teorya sa bagong diwang naibibigay nito – ganito ang pagkakalahad ng usapin para kay Marx.

Ang tanging “pagwawastong” nakita ni Marx na kailangang gawin sa *Manipestong Komunista* ay ibinatay niya sa rebolusyong karanasan ng mga Komyunard ng Paris.

May petsang Hunyo 24, 1872 ang huling paunang salita ng bagong edisyong German ng *Manipestong Komunista*, na may lagda ng dalawang may-akda. Sa paunang salitang ito, sinabi ng mga may-akda, sina Karl Marx at Frederick Engels, na “sa ilang lugar ay paso na” ang programa ng *Manipestong Komunista*. Sinabi rin nila na:

“Isang bagay ang partikular na pinatunayan ng Komuna, *at iyon ay “hindi maaaring simpleng panghawakan ng uring manggagawa ang yari nang makinayang pang-estado at gamitin ito para sa sariling layunin.”*¹³

* "Hindi sila dapat nag-alsa" - mga salita ni G. Plekhanov tungkol sa armadong pag-aalsa ng Disyembre 1905.

Kinuha ng mga may-akda ang mga salitang may panipi mula sa libro ni Marx na *Ang Digmaang Sibil sa France*.

Kung gayon, itinuring nina Marx at Engels na ganoon kahalaga ang isang prinsipal at pundamental na aral sa Komuna ng Paris kung kaya't ipinasok nila ito bilang mahalagang pagwawasto sa *Manipestong Komunista*.

Talagang ganoon at ang mismong napakahalagang pagwawastong ito ang binaluktot ng mga oportunistang, at ang kahulugan nito'y malamang na di alam ng siyam sa sampu, kundi man siyamnapu't siyam sa sandaan na nakabasa ng *Manipestong Komunista*. Mas lubusan nating tatalakayin ang pambabaluktot na ito sa susunod, sa kabanatang natatanging nakalaan sa mga pambabaluktot. Sapat na ritong banggitin na ang kasalukuyang bulgar na "interpretasyon" ng bantog na pahayag ni Marx na kasisipi lamang ay ang paggigiit na binibigyang diin dito ni Marx ang ideya ng unti-unting pag-unlad, bilang pag-iiba pa sa pag-aagaw ng kapangyarihan, at iba pa.

Sa katunayan, ang *kabaligtaran mismo ang kaso*. Ang ideya ni Marx ay dapat *lansagin* at *durugin* ng uring manggagawa ang "yari nang makinaryang pang-estado," at hindi dapat ilimita ang sarili sa paghawak lamang nito.

Noong Abril 12, 1871, ibig sabih'y sa panahon mismo ng Komuna, sumulat si Marx kay Kugelmann:

"Kung titingnan mo ang huling kabanata ng aking *Ikalabingwalong Brumaire*, makikita mo na idineklara ko na ang susunod na pagsisikap ng Rebolusyong Pranses ay dapat ganito: hindi tulad ng dati na pinagpapasa-pasahan ang makinaryang burokratiko-militar kundi ang *pagdurog* nito [pagdidiin ni Marx – "*zerbrechen*" ang orihinal]; at ito ang unang kundisyon ng lahat ng tunay na rebolusyon ng mamamayan sa Kontinente. At ito ang siyang sinisikap gawin ng magigiting nating kasama sa Partido sa Paris." (*Neue Zeit*, Tomo 20, 1, 1901-02, p. 709.)¹⁴ (Ang mga sulat ni Marx kay Kugelmann ay naisalin na sa Ruso at nalathala sa dalawang edisyon pa nga, at isa sa mga edisyong ito'y inedit at binigyan ko ng paunang salita. – *Ed.*¹⁵)

Nilalaman ng mga salitang "durugin ang makinaryang burokratiko-militar", sa maikling paglalahad, ang prinsipal na aral ng Marxismo kaugnay ng mga tungkulin ng proletaryado kaugnay ng estado sa panahon ng rebolusyon. At ang aral na ito mismo ang hindi lamang kinalimutan, kundi lubusan pa ngang binaluktot ng umiiral na "interpretasyong" maka-Kautsky ng Marxismo.

Tungkol naman sa pagtukoy ni Marx sa *Ikalabingwalong Brumaire*, nasipi na natin nang buo ang kaukulang mga pangungusap.

Sa partikular, interesanteng banggitin ang dalawang punto sa siniping mga pangungusap ni Marx. Una, nilimita niya sa Kontinente ang kanyang kongklusyon. Natural ito noong 1871 dahil ang England ay modelo pa rin ng isang purong kapitalistang bayan pero walang makinaryang militar, at sa kalakhan ay walang burukrasya. Kung gayon, ipinwera ni Marx ang England, kung saan maaaring isipin, at posible sa panahong iyon, ang rebolusyon, kahit ang rebolusyon ng mamamayan, nang *hindi* isinasagawa ang preliminaryong kundisyong wasakin ang "yari nang makinaryang pang-estado."

Ngayong 1917, sa kapanahunan ng unang malaking imperyalistang digmaan, wala nang bisa ang eksepsiyong ito na ginawa ni Marx. Kapwa ang England at Amerika, na pinakamalalaki't huling mga kinatawan ng "kalayaang" Anglo-Saxon, sa pakahulugan na walang militarismo at burukrasya, ay lumublob na nang husto sa marumi't madugong latiang Europeo ng mga institusyong burokratiko-militar, kung saan napapailalim ang lahat at tinatapak-tapakan ang lahat. Ngayon, kapwa sa England at Amerika, "ang prekondisyon para sa lahat ng tunay na rebolusyon ng mamamayan" ay ang *pagdurog*, ang *pagwasak* sa "yari nang makinaryang pang-estado" (na dinala sa mga bayang ito, sa pagitan ng 1914 at 1917, sa imperyalistang perpekisyong "Europeano").

Ikalawa, dapat bigyan ng partikular na atensyon ang napakalalim na sinabi ni Marx na ang pagwasak ng pang-estadong makinaryang burokratiko-militar ang “prekondisyon ng lahat ng tunay na rebolusyon ng *mamamayan*”. Mukhang nakakapagtaka na nagmula kay Marx ang ideya ng rebolusyon ng “mamamayan” kaya posibleng ideklara ng mga maka-Plekhanov at Menshevik na Ruso, mga alagad ni Struve na gustong maituring na mga Marxista, na ang ganoong salita ay “dulas ng dila”. Pinababa nila ang Marxismo sa ganoon na lamang katayuan ng namumulubing liberal na pambabaluktot kung kaya’t wala nang umiiral para sa kanila kundi ang pagkakaiba ng burges na rebolusyon at proletaryong rebolusyon – at maging ang pagkakaibang ito ay nauunawaan nila sa paraang walang kabuhay-buhay.

Kung gagawin nating mga halimbawa ang mga rebolusyon ng ika-dalawampung siglo, mangyari pa’y kailangan nating tanggapin na burges na rebolusyon ang mga rebolusyon sa Portugal at Turkey. Gayunman, hindi rebolusyon ng “mamamayan” ang alinman sa dalawang rebolusyon dahil sa hindi naman aktibo at independyenteng lumahok ang masa ng mamamayan, ang napakalaking mayorya, dala-dala ang sarili nilang pang-ekonomya’t pampulitikang mga kahilingan, sa alinman sa dalawa. Sa kabilang banda, walang dudang isang “tunay” na rebolusyon ng “mamamayan” ang burges na rebolusyong Ruso ng 1905-07, kahit hindi nagpakita ng “maniningning na tagumpay tulad ng nangyari sa ilang pagkakataon sa rebolusyon ng Portugal at ng Turkey, dahil independyenteng nag-alsa ang masa ng mamamayan, ang mayorya, ang pinakamababang saray na dinurog ng pang-aapi at pagsasamantala, dahil iginuhit nila sa buong proseso ng rebolusyon ang tatak ng *kanilang* mga kahilingan, ng *kanilang* mga pagsisikap na itatag sa sariling paraan ang isang bagong lipunan kapalit ng lumang lipunang winawasak.

Noong 1871 sa Europa, hindi ang proletaryado sa Kontinente ang mayorya ng mamamayan. Magiging rebolusyon lamang ng “mamamayan” na aktwal na nakapagpapakilos ng mayorya sa kanyang agos, ang isang rebolusyon kung sasaklawin nito kapwa ang proletaryado at uring magsasaka. Ang dalawang uring ito ang bumubuo sa “mamamayan” sa panahong iyon. Pinagbuklod ang dalawang uring ito ng sirkunstansyang inaapi, dinudurog, at pinagsasamantalahan sila ng “pang-estadong makinaryang burokratiko-militar.” Ang *paglalansag* sa makinaryang ito, ang *pagwawasak* nito – ito ang tunay na interes ng “mamamayan”, ng mayorya ng mamamayan, ng mga manggagawa at karamihan ng mga magsasaka, ito ang “preliminaryong kundisyon” ng malayang pagkakaisa ng mga maralitang magsasaka at mga manggagawa; samantalang kung wala ang ganoong pagkakaisa, hindi magiging matatag ang demokrasya at magiging imposible ang sosyalistang reorganisasyon.

Tulad ng alam ng lahat, patungo na nga sa ganoong alyansa ang Komuna ng Paris, kahit na hindi nito nakamit ang layunin dahil sa ilang sirkunstansyang panloob at panlabas.

Bunga nito, kung nagbabanggit si Marx ng “isang tunay na rebolusyon ng mamamayan”, mahigpit niyang isinaalang-alang ang aktwal na interelasyon ng mga uri sa karamihan ng mga bayan sa kontinenteng Europa noong 1871, nang hinding-hindi kinakalimutan ang mga partikular na katangian ng petiburgesya (madalas niyang talakayin ang uring ito at marami siyang sinabi tungkol dito). Sa kabilang banda, sinabi niya na ang “pagwawasak” ng makinaryang pang-estado ay hinihingi ng interes kapwa ng mga manggagawa’t magsasaka, na pinagbuklod sila nito, na iniharap nito sa kanila ang tungkuling komun na alisin ang “parasito” at palitan ito ng bago.

Pero ano ang siyang ipapalit?

2. ANO ANG IPAPALIT SA WINASAK NA MAKINARYANG PANG-ESTADO?

Noong 1847, sa *Manifestong Komunista*, napakaabstrakto pa ng sagot ni Marx sa usapin ito, at inilahad lamang ang mga usapin at hindi pa ang mga paraan sa paglulutas ng mga ito. Ang pagpapalit

ng “proletaryado na organisado bilang naghaharing uri” sa makinaryang ito, “ang pagtatatag ng demokrasya” – ganoon ang tugon ng *Manipestong Komunista*.

Nang hindi gumagamit ng mga utopya, hinintay ni Marx na magluwal ang *karanasan* ng kilusang masa ng sagot sa tanong kung ano ang eksaktong mga anyo na kahuhugisan ng organisasyon ito ng proletaryado bilang naghaharing uri, at kung ano ang eksaktong paraan kung paano makokombina ang organisasyong ito sa pinakaganap, pinakakonsistenteng “pagtatatag ng demokrasya”.

Sa *Ang Digmaang Sibil sa France*, napakamasusing sinuri ni Marx ang eksperimento ng Komuna, gaano man kaiksi ito. Sipiin natin ang pinakamahahalagang pangungusap sa akdang ito.

Umunlad noong ikalabinsiyam na siglo, aniya, na nagmula pa sa kapanahunan ng absolutong monarkiya, “ang sentralisadong kapangyarihang pang-estado, kasama ang malaganap na mga organo ng pamalagiang hukbo, pulisya, burukrasya, kaparian at hudikatura.” Sa pag-unlad ng makauring antagonismo sa pagitan ng kapital at paggawa, “ang kapangyarihang pang-estado ay higit na nagiging pambansang kapangyarihan ng kapital laban sa paggawa, ng isang lakas publikong inorganisa para sa pang-aalipin ng lipunan, ng isang makina ng makauring despotismo. Pagkaraan ng bawat rebolusyon na naghuhudyat ng isang progresibong yugto sa tunggalian ng mga uri, mas lalo pang tumatampok ang purong mapaniil na katangian kapangyarihang pang-estado.” Pagkaraan ng rebolusyon ng 1848-49, ang kapangyarihan pang-estado ay naging “pambansang makinang pandigma ng kapital laban sa paggawa”. Kinonsolida ito ng Pangalawang Imperyo.

“Ang tuwirang kasalungat ng Imperyo ay ang Komuna,” sabi ni Marx. Ito ang “positibong anyo” ng “isang republika na hindi lamang mahalili sa anyong monarkikal ng makauring paghahari, kundi ng makauring paghahari mismo”.

Ano ang “positibong” anyong ito ng proletaryong republika, ng Sosyalistang republika? Ano ang estadong inuumpisahan nitong likhain?

“Ang unang dikreto ng Komuna. . . ay supilin ang pamalagiang hukbo at ipalit dito ang armadong mamamayan,” sabi ni Marx.*

Makikita ngayon ang kahingiang ito sa programa ng bawat partidong nagtataguri sa sarili bilang Sosyalista. Pero ang tunay na halaga ng mga programa ng mga ito ay pinakamalinaw na ipinapakita sa kilos ng ating mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik, na kahit pagkatapos ng rebolusyon ng Marso 12, 1917 ay tumangging ipatupad ang kahingiang ito sa praktika!

“Ang Komuna ay binubuo ng munisipal na mga konsehal, na pinili sa pamamagitan ng unibersal na pagboto sa iba’t ibang purok ng munisipalidad, at responsable at pwedeng alisin sa panunungkulan sa maikling panahon. Natural na mga manggagawa ang mayorya ng mga kagawad nito, o kinikilalang mga kinatawan ng uring manggagawa..... Sa halip na magpatuloy ang pulisya bilang kinatawan ng Sentral na Gubyrno, inalisan agad ito ng pampulitikang katangian at ginawang kinatawan ng Komuna na responsable at maaaring alisin anumang oras. Ganoon din ang ginawa sa mga upisyal ng lahat ng iba pang sangay ng administrasyon. Mula sa mga kagawad ng Komuna pababa, kailangang gampanan ang serbisyon publiko sa *sabod ng manggagawa*. Nawala ang pansariling interes at alawans sa representasyon ng matataas na upisyal ng estado kasabay ng pagkawala rin ng matataas na upisyal mismo....

“Pagkatanggal ng pamalagiang hukbo at pulisya, ang mga elemento ng pamumwersang pisikal ng lumang gubyrno, sinikap naman ng Komuna na lansagin ang ispiritwal na pwersa ng paniniil, ang “kapangyarihan ng kaparian”....

“Aalisan ng huwad na kasarinlan ang mga upisyal ng hudikatura. ... Ihahalal, mananagot at maaaring alisin sa pwesto ang mga mahistrado at huwes, tulad ng lahat ng iba pang lingkod bayan.”¹⁶

* Karl Marx, *Ang Digmaang Sibil sa France*, London at New York, 1933. – Ed.

Sa gayon, mukhang pinalitan “lamang” ng Komuna ng mas ganap na demokrasya ang winasak na makinaryang pang-estado: abolisyon ng pamalagiang hukbo; ihahalal ang lahat na upisyal at maaaring alisin sa pwesto. Pero sa katunayan, nangangahulugan “lamang” ito ng pagkalaki-laking pagpapalit sa isang tipo ng institusyon ng ibang mga institusyon na pundamental nang ibang-iba. Isa itong kaso ng “pagtatransporma ng kantidad sa kalidad”: ang demokrasya, na pinasimulan sa paraang pinakaganap at pinakakonsistente na mahihinagap, ay itrinansporma mula burges na demokrasya tungo sa proletaryong demokrasya, mula sa estado (espesyal na pwersa sa panunupil ng isang partikular na uri) tungo sa isang bagay na hindi na talaga isang estado sa kinikilalang pakahulugan ng salitang iyon.

Kailangan pa ring supilin ang burgesya at ang kanilang paglaban. Kinailangan ito laluna ng Komuna; at isa sa mga rason kung bakit natalo ang Komuna ay hindi niya ginawa ito nang may sapat na determinasyon. Pero ang organo ng panunupil ngayon ay ang mayorya ng mamamayan, at hindi ang minoritya, tulad ng laging nangyayari sa ilalim ng sistemang alipin, sistemang pyudal at pagkaalipin sa sahod. At oras na ang mayorya ng mamamayan *mismo* ang sumusupil sa umaapi sa kanila, *hindi na kailangan* pa ang “espesyal na pwersa” sa panunupil. Sa pakahulugang ito, *nagsisimula nang maglabo* ang estado. Sa halip na mga espesyal na institusyon ng isang pribilehiyadong minoritya (pribilehiyadong mga upisyal, mga pinuno ng pamalagiang hukbo), tuwirang maipapatupad ng mayorya mismo ang lahat ng tungkuling ito, at kapag lalong mas maraming tungkulin ng kapangyarihang pang-estado ang ipinapasa sa mamamayan sa pangkalahatan, lalong hindi na kakailanganin ang pag-iral ng kapangyarihang ito.

Kaugnay nito, ang sumusunod na hakbang ng Komuna, na binigyan ng diin ni Marx at karapat-dapat bigyang pansin ay: ang pagpawi sa lahat ng alawans sa representasyon at lahat ng pribilehiyo sa pera para sa mga upisyal, ang pagbabawas ng sahod ng *lahat* ng naglilingkod sa estado sa halaga ng “*sahod ng manggagawa*”. Mas malinaw na ipinapakita dito kaysa saanman ang *paghivalay* sa burges na demokrasya tungo sa proletaryong demokrasya, sa demokrasya ng mga mapang-api tungo sa demokrasya ng aping mga uri, sa estado bilang “*espesyal na pwersa sa panunupil*” ng isang partikular na uri tungo sa panunupil ng *buong pwersa* ng mayorya – ang mga manggagawa at magsasa – sa mga mang-aapi. At sa pinakatampok na puntong ito mismo, na marahil ay siyang pinakamahalaga kung usapin ng estado ang pag-uusapan, sa puntong ito ganap na kinalimutan na ang mga itinuturo ni Marx! Hindi ito binabanggit sa mga popular na komentaryo, na pagkarami-rami naman. “Mainam” na tumahimik na lamang tungkol dito na para bang ito’y isang lipas na “kasimplehan”, tulad ng ginawa ng mga Kristyano, pagkaraang maging relihiyon ng estado ang Kristyanidad, na “kinalimutan” ang “kasimplehan” ng primitibong Kristyanidad na may demokratiko’t rebolusyonaryong diwa.

Mukhang isang kahilingan “lamang” ng simpleng demokrasyang primitibo ang pagbabawas sa sahod ng mga nakatataas na upisyal ng estado. Si Edward Bernstein, isa sa “mga tagapagtatag” ng modernong oportunismo at dating Sosyal-Demokrata, ay hindi miminsang nalulong sa pag-uulit ng mga bulgar na panunuyang burges sa “primitibong” demokrasya. Tulad ng lahat ng oportunista, kabilang ang kasalukuyang mga maka-Kautsky, ganap niyang hindi naintidihan, unang-una, na *imposible* ang transisyon mula sa kapitalismo tungo sa sosyalismo kung hindi “babalik”, sa isang antas, sa “primitibong” demokrasya (dahil kung hindi, paano makatutungo sa paggaganap sa lahat ng tungkulin ng estado ang mayorya ng populasyon, at ang bawat indibidwal?); at ikalawa, kinakalimutan niya na ang “primitibong demokrasya” na nakabatay sa kapitalismo at kulturang kapitalista ay hindi kapareho ng “primitibong demokrasya” noong sinaunang panahon o panahon bago ng kapitalismo. *Nilikha* ng kulturang kapitalista ang malakihang produksyon, mga pabrika, perokaril, koreo, telepono, atbp., at *sa batayang* ito, ang malaking mayorya ng mga tungkulin ng dating “kapangyarihang pang-estado” ay naging napakasimple na at maaaring pasimplehin bilang operasyon ng pagrerehistro, pagtatala at pagtasek kung kaya magagawa ng lahat ng taong nakababasa at nakakasulat, at magiging posibleng gampanan ang mga ito sa “sahod ng manggagawa”, at ang sirkunstansyang ito ang makakaalis (at dapat

mag-alis) sa mga tungkuling ito ng lahat ng bakas ng pribilehiyo, ng lahat ng hugis ng “upisyal na karangyaan”.

Ang lahat ng upisyal, nang walang pasubali, ay ihahalal at maaaring alisin sa tungkulin *anumang oras*, ibababa ang kanilang sweldo sa katumbas ng “sahod ng manggagawa” – habang ganap na pinagbubuklod ng simple at “malinaw” na mga demokratikong hakbang na ito ang mga interes ng mga manggagawa’t mayorya ng magsasaka, at kasabay nito, nagsisilbing tulay ang mga ito mula kapitalismo tungo sa sosyalismo. Ang mga hakbang na ito’y pumapatungkol sa estado, sa purong pampulitikang rekonstruksyon ng lipunan; gayunman, mangyari pa’y ang ganap na kahulugan at kabuluhan ng mga ito’y matatamo lamang sa “ekspropriasyon ng mga mangangamkam” na nakamit na o pinaghahandaang gawin, ibig sabihin, sa transpormasyon ng kapitalistang pribadong pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon tungo sa pag-aari ng lipunan. Sabi ni Marx:

“Ginawang realidad ng Komuna ang bukambibig na iyon ng burges na mga rebolusyon, ang murang gubyerno, sa pamamagitan ng pagwawasak sa dalawang pinakamalaking pinagkakagastusan – ang pamalagiang hukbo at punsyonarismo ng estado.”

Napakaliit na bilang lamang mula sa uring magsasaka, tulad ng iba pang seksyon ng petiburgesya, ang “umaangat”, ang “umuunlad sa mundo” sa pakahulugang burges, ibig sabihin’y nagiging mayaman, o mga upisyal na pribilehiyado at may matatag na pusisyon. Sa lahat ng kapitalistang bayan na may uring magsasaka (at mayorya nga ng bayang kapitalista ay ganitong tipo), inaapi ng gubyerno ang malawak na mayorya ng mga magsasaka, at naghahangad silang ibagsak ito, naghahangad ng “murang” gubyerno. Ang proletaryado *lamang* ang makakakamit nito; at sa pagkakamit nito, humahakbang din ang proletaryado tungo sa Sosyalistang rekonstruksyon ng estado.

3. ANG ABOLISYON NG PARLAMENTARISMO

Sinabi ni Marx na “Ang Komuna ay magiging isang organong gumaganap, hindi isang organong parlamentaryo, at sabay na ehekutibo at lehislatibo...”

“Sa halip na pagpasyahan minsan tuwing ikatlo o ikaanim na taon kung aling myembro ng naghaharing uri ang kakatawan sa mga tao sa Parlamento, maglilingkod sa mamamayan na organisado sa mga Komuna ang unibersal na pagboto, tulad ng paglilingkod ng indibidwal na karapatang bumoto sa lahat ng employer na naghahanap ng mga manggagawa at kapatias para sa kanyang negosyo.”¹⁷

Dahil sa pangingibabaw ng sosyal-sobinismo at oportunistang, kabilang na rin sa “mga kinalimutang salita” ng Marxismo ang napakahusay na kritisismong ito sa parlamentarismo na ginawa noong 1871. Ipinaubaya sa mga Anarkista ng mga Ministro at propesyunal na mga parlamentaryan, mga traydor sa proletaryado at “Sosyalistang “manggagantso” sa ating panahon, ang lahat ng kritisismo sa parlamentarismo, at sa batayang ito na ubod nang talino, tinuligsa bilang “Anarkismo” ang *lahat* ng kritisismo sa parlamentarismo! Hindi kataka-takang ang proletaryado ng “pinakaabanteng” mga bayang parlamentaryo, na nasuklam sa “mga sosyalistang” tulad nina Scheidemann, David, Legien, Sembat, Renaudel, Henderson, Vandervelde, Stauning, Branting, Bissolati at katulad nila, ay higit na nagbibigay ng kanilang simpatya sa Anarko-sindikalismo, sa kabila ng katotohanang ito’y kambal na kapatid lamang ng oportunismo.

Gayunman, para kay Marx, hindi kailanman hungkag na pananalitang nauso o laruang kumakalasing ang rebolusyonaryong diyalektika, tulad ng ginawa nina Plekhanov, Kautsky at iba pa.

Alam ni Marx kung paano walang awang humiwalay sa anarkismo dahil wala itong kakayahang gamitin kahit ang “kwadra” ng parlamentarismong burges, laluna sa panahong di rebolusyonaryo ang sitwasyon; pero alam din niya kung paano ipailalim ang parlamentarismo sa tunay na proletaryong rebolusyonaryong kritisismo.

Ang pagpapasya minsan sa ilang taon kung aling myembro ng naghaharing uri ang sisiil at mang-aapi sa mga mamamayan sa pamamagitan ng parlamento – iyan ang tunay na esensya ng parlamentarismong burges, hindi lamang sa mga monarkiyang parlamentaryo-konstitusyunal kundi pati sa pinakademokratikong mga republika.

Pero kung ihaharap natin ang usapin ng estado, at kung ituturing natin na isa sa mga institusyon ng estado ang parlamentarismo, paano pangingibabawan ang parlamentarismo mula sa punto de bista ng mga tungkulin ng proletaryado sa larangang *ito*? Paano tayo makakairal nang wala nito?

Kailangan nating ulit-ulitin: ganap nang kinalimutan ang itinuro ni Marx batay sa pag-aaral sa Komuna kaya hindi talaga maiintindihan ng kasalukuyang “Sosyal-Demokrata” (ibig sabihin, kasalukuyang traydor sa Sosyalismo) ang anumang kritisismo sa parlamentarismo maliban sa kritisismong anarkista o reaksyunaryo.

Mangyari pa, mapapangibabawan ang parlamentarismo hindi sa abolisyon ng representatibong mga institusyon at ng prinsipyo sa eleksyon, kundi sa paggawang mga organong “tagapagpaganap” sa representatibong mga institusyon mula sa pagiging “lugar para sa satsatan”. “Ang Komuna ay magiging isang organong gumaganap, hindi isang parlamentaryong organo, at sabay na ehekutibo at lehislatibo.”

“Isang organong gumaganap, at hindi isang parlamentaryong organo” – direktang tinatamaan nito ang kasalukuyang mga parlamentaryan at parlamentaryong “tutang” Sosyal-Demokratiko! Tingnan ang alinmang bayang parlamentaryo, mula Amerika hanggang Swizerland, mula France hanggang England, Norway at iba pa – sa mga bayang ito ay isinasagawa nang lihim ang tunay na tungkulin ng “estado” at ipinapatupad ng mga departamento, tanggapan at istap. Sa parlamento, satsat na lamang nang satsat para sa espesyal na layuning lokohin ang “karaniwang tao”. Totoong-totoo ito kung kaya’t kahit sa republikang Ruso, na isang republikang burges-demokratiko, agad na nalantad ang lahat ng layong ito ng parlamentarismo bago pa man maitatag ang tunay na parlamento. Nagawa pa nga ang mga bayani ng bulok na pilistinismo, tulad ng mga Skobelev at Tsereteli, Chernov at Avksentyev, na dungisan pati na ang mga Sobyet, sa modelo ng kamuhi-muhing petiburges na parlamentarismo, sa pamamagitan ng paggawa sa mga ito bilang hungkag na mga lugar ng satsatan. Sa mga Sobyet, niloloko ng Kagalang-galang na mga “Sosyalistang” ministro ang mapagtiwalang mga magsasaka sa pamamagitan ng magagandang salita’t resolusyon. Sa gubyrno mismo, nangyayari naman ang isang tipo ng permanenteng rigodon nang sa gayon, sa isang banda, “mamamantikaan”, makakatikim ng “kapaki-pakinabang na pusisyon” ang pinakamalaking bilang S-R at Menshevik na posible, at sa kabilang banda, mahatak ang atensyon ng mga tao. Samantala, nagaganap naman ang tunay na gawain ng “estado” sa mga tanggapan at sa mga istap.

Sa isang artikulong editorial, inamin kamakailan ng *Dyelo Naroda*, ang dyaryo ng naghaharing Partidong “Sosyalista-Rebolusyonaryo” – nang may walang kaparis na kaprangkahan ng mga tao sa “mabuting lipunan,” kung saan kalahok ang “lahat” sa prostitusyon sa pulitika – kung kaya’t kahit sa mga ministring pinapamunuan ng “mga Sosyalista” (ipagpaumanhin ang taguri), nananatili tulad ng dati sa esensya ang buong burukratikong makinarya, gumagana sa dating paraan at “malayang” nanghahadlang ng mga rebolusyonaryong hakbang! Kahit hindi ito inamin, hindi ba’t pinatunayan naman ito ng aktwal na kasaysayan ng partisipasyon ng mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik sa gubyrno? Talagang ganyan at – habang kasa-kasama ng mga *Cadet* sa panunungkulan – nawalan ng anumang kahihyan sina G. Chernov, Rusanov, Zenzinov at iba pang editor ng *Dyelo Naroda* kaya walang pag-aatubiling ipinahayag, na para bang laro lamang, na nananatili tulad ng dati ang lahat ng bagay sa “kanilang” mga ministri! Rebolusyonaryo’t demokratikong mga salita para linlangin ang mga

walang pinag-aralan; burukrasya at sobrang pormalidad para sa “kapakinabangan” ng mga kapitalista – iyan ang *esensya* ng “kagalang-galang” na koalisyon.

Sa Komuna, pinalitan ang mukhang salapi at bulok na parlamentarismo ng lipunang burges ng mga institusyon na hindi nauuwi sa panlilinlang ang kalayaan sa opinyon at talakayan, dahil kailangan gumanap ang mga parlamentaryan mismo, kailangan ipatupad nila ang sariling mga batas, kailangan subukin nila mismo ang mga resulta ng mga ito sa aktwal na buhay at kailangan silang tuwirang managot sa mga botante nila. Nananatili ang representatibong mga institusyon, pero *hindi na iiral* ang parlamentarismo bilang isang espesyal na sistema, bilang hatian ng gawain sa pagitan ng mga tungkuling lehislato at ehekutibo, bilang pribilehiyadong pusisyon para sa mga kinatawan. Hindi natin maubos-maisip ang demokrasya, kahit ang proletaryong demokrasya, nang walang representatibong mga institusyon, pero maaari at *dapat* nating isipin ang demokrasya na walang parlamentarismo, kung para sa at’y hindi hungkag na mga salita ang kritisismo sa lipunang burges, kung taimtim at tapat ang ating hangaring ibagsak ang paghahari ng burgesya, at hindi isa lamang “panawagan sa eleksyon” para makuha ang mga boto ng mga manggagawa, tulad ng ginagawa ng mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyonyaryo, mga Scheidemann, Legien, Sembat at Vandervelde.

Kapaki-pakinabang na banggitin na sa pagtalakay ni Marx sa mga tungkulin ng mga upisyal na *iyon* na kailangan kapwa sa Komuna at sa proletaryong demokrasya, ikinukumpara niya ang mga upisyal na iyon sa mga tauhan ng “bawat employer”, ibig sabihin, sa karaniwang kapitalistang empresa na may mga “manggagawa, at manedyer”.

Walang bahid ng Utopyanismo kay Marx, sa pakahulugan na umimbento o gumawa siya ng “bagong” lipunan. Hindi; pinag-aralan niya ang *pagsilang* ng bagong lipunan *mula sa luma*, ang mga anyo ng transisyon mula sa luma tungo sa bagong lipunan, bilang isang proseso ng natural na kasaysayan. Sinuri niya ang aktwal na karanasan ng isang proletaryong kilusang masa at sinikap na humango ng praktikal na mga aral mula rito. “Natuto” siya sa Komuna, tulad ng lahat ng dakilang rebolusyonyaryong palaisip na hindi natakot na matuto sa karanasan ng mga dakilang kilusan ng mga inaaping uri, at hindi kailanman nangaral sa kanila ng nagmamamaring na “mga sermon” (tulad ng kay Plekhanov: “Hindi sila dapat nag-alsa”, o kay Tsereteli: “Dapat alam ng isang uri kung paano lilimitahan ang sarili”).

Ang kagyat at ganap na pagwasak ng burukrasya sa lahat ng lugar – hindi ito maaaring isipin. Utopya ang gayon. Pero ang kagyat na *pagmawasak* sa lumang makinaryang burukratiko at kagyat na pagsisimulang itayo ang bago na makapagbibigay sa atin ng kakayahang unti-unting pawiin ang lahat ng burukrasya – hindi ito Utopya; ito ang karanasan ng Komuna, ito ang tuwiran at mahigpit na tungkulin ng rebolusyonyaryong proletaryado.

Pinapasimple ng kapitalismo ang mga tungkulin sa pangangasiwa ng “estado”; ginagawang posible nito na isantabi ang mga pamamaraang “nagmamando” at mapakitid ang lahat sa usapin ng pag-oorganisa ng mga manggagawa (bilang naghaharing uri), na mag-empleyo ng mga “manggagawa at manedyer” sa ngalan ng buong lipunan.

Hindi tayo mga utopyan, hindi tayo “nangangarap” kung paano pinakamahasag na *kagyat* na maaalis ang lahat ng pangangasiwa, lahat ng pagpapailalim; banyaga sa Marxismo sa saligan ang mga anarkistang panaginip na ito, na nakabatay sa di pagkakaintindi sa mga tungkulin ng proletaryong diktadura, at ang totoo’y nagsisilbi lamang para maipagpaliban ang Sosyalistang rebolusyon hanggang magbago ang kalikasan ng tao. Hindi; hangad natin ang Sosyalistang rebolusyon nang ang kalikasan ng tao ay tulad ng sa ngayon, nang ang kalikasan ng tao ay hindi maaaring wala ang pagpapailalim, kontrol at mga “manedyer”.

Pero kung mayroon mang pagpapailalim, dapat pagpapailalim ito sa armadong taliba ng lahat ng pinagsasamantalahan at anakpawis – sa proletaryado. Maaari at dapat umpisahan agad, sa loob ng magdamag, na ipalit sa partikular na mga pamamaraang “nagmamando” ng mga upisyal ng estado ang mga simpleng tungkulin ng “mga manedyer” at *bookkeeper*, mga tungkulin na kayang-kaya na ng karaniwang naninirahan sa syudad at maaari ngang gampanan sa “sahod ng manggagawa”.

Oorganisahin nating mga manggagawa ang malakihang produksyon nang nagsisimula sa kung ano na ang nalikha ng kapitalismo; sa paraang umaasa sa sarili nating karanasan bilang mga manggagawa, ipinapatupad ang istriktong disiplinang bakal, sinusuportahan ng kapangyarihang pang-estado ng armadong mga manggagawa; tayo *mismong* mga manggagawa ang maglilimita sa mga tungkulin ng mga upisyal ng estado sa pagpapatupad lamang ng ating mga atas bilang responsable, at katamtaman ang sweldong “mga manedyer” (mangyari pa, na may lahat ng klase, tipo at antas ng teknikal na kaalaman). Ito ang *ating* proletaryong tungkulin, at sa ganito tayo maaari at dapat *magsimula* kung nagsusulong ng proletaryong rebolusyon. Ang ganitong simula, na nakabatay sa malakihang produksyon, ay kusang hahantong sa unti-unting “paglalaho” ng lahat ng burukrasya, sa unti-unting paglikha ng bagong kaayusan – isang kaayusang walang mga panipi, isang kaayusang walang kinalaman sa pang-aalipin sa sahod, isang kaayusan kung saan ang mga tungkulin ng control at akawnting na lalo pang nagiging simple ay gagampanan ng bawat isa, at dahil dito’y magiging kaugalian, at sa wakas ay lilipas na bilang *espesyal* na tungkulin ng isang espesyal na saray ng populasyon.

Isang palabirong Sosyal-Demokratang German ng dekadang ‘70 ng nakaraang siglo ang nagsabing ang koreo ay isang halimbawa ng sosyalistang sistema. Totoong-totoo ito. Sa kasalukuyan, ang koreo ay isang negosyo na inorganisa ayon sa *kapitalistang* monopolyong pang-estado. Unti-unting tinatransporma ng imperyalismo ang lahat ng trust bilang ganoon ding tipo ng mga organisasyon. Sa ibabaw ng “karaniwang” manggagawa, na nagtatrabaho nang sobra at nagugutom, naroroon ang ganoon ding burukrasyang burges. Pero naririto na ang mekanismo ng pamamahalang panlipunan. Kailangan lamang ibagsak ang mga kapitalista, durugin ang paglaban ng mga mapagsamantalang ito sa pamamagitan ng kamay na bakal ng mga armadong manggagawa, wasakin ang makinaryang burukratiko ng modernong estado – at mayroon na tayong isang mekanismong may pinakamahuhusay na kasangkapang teknikal, na wala nang “parasito”, na maaaring paganahin ng nagkakaisang mga manggagawa mismo, na mag-eempleyo ng sarili nilang mga teknisyen, manedyer, at bookkeeper, at babayaran silang *lahat*, at lahat nga ng upisyal ng “estado”, ayon sa karaniwang sahod ng mga manggagawa. Naririto ang kongkreto at maipapatupad na tungkulin na matatamo agad kaugnay ng lahat ng trust, isang tungkulin magpapalaya sa manggagawa mula sa pagsasamantala at gagamit sa karanasan (laluna sa larangan ng pagtatayo ng estado) na sinimulang ibunyag ng Komuna sa praktika.

Ang pag-oorganisa sa *buong* pambansang ekonomya katulad ng sa koreo sa paraang ang mga teknisyen, manedyer, *bookkeeper* at gayundin ang *lahat* ng upisyal, ay tatanggap ng sahod na di tataas kaysa “sahod ng manggagawa”, at lahat ay nasa ilalim ng kontrol at pamumuno ng armadong proletaryado – ito ang ating kagyat na layunin. Ito ang tipo ng estado at batayang pang-ekonomyang kailangan natin. Ito ang magiging dahilan ng pagkawasak ng parlamentarismo, habang pinananatili naman ang representatibong mga institusyon. Ito ang magpapalaya sa mga uring anakpawis mula sa prostitusyon ng burgesya sa mga institusyong ito.

4. ANG PAG-OORGANISA NG PAGKAKAISA NG BANSA

Sa isang krokis ng pambansang organisasyon, na hindi nagkaroon ng panahon ang Komuna para paunlarin, malinaw na ipinapahayag na ang Komuna ang magiging anyo sa pulitika ng kahit pinakamaliit na sityo sa kanayunan...

Ihahalal mula sa mga Komunang ito ang “Pambansang Delegasyon” sa Paris.

“Ang iilan ngunit mahahalagang tungkulin na mananatili pa rin para sa isang sentral na guberno ay hindi susupilin, tulad ng sadyang inilahad nang mali, kundi gagampan ng mga alagad ng Komuna, na kung gayo’y ng pinakaresponsible mga alagad. “Hindi sisirain ang pagkakaisa ng bansa at sa halip ay oorganisahin ito sa pamamagitan ng konstitusyon ng Komuna, at magiging totoo sa pamamagitan ng pagwawasak sa kapangyarihang pang-estado na diumano’y sagisag ng pagkakaisang iyon na

independyente at nakatataas sa bansa mismo, kung saan isa lamang itong parasitikong supang. Samantalang kakalusin ang purong mapaniil na mga organo ng dating kapangyarihang pangguberno, aagawin naman ang mga lehitmong tungkulin nito mula sa awtoridad na nangangamkam ng pangigingabaw sa lipunan mismo, at ibabalik sa responsableng mga alagad ng lipunan.”

Kung gaano hindi naiintindihan – o marahil, mas tamang sabihing ayaw intindihin – ng mga oportunistang kasalukuyang Sosyal-Demokrasya – ang mga obserbasyon ito ni Marx ay kitang-kita sa aklat ng taksil na si Bernstein, *Ang Pangunahing mga Batayan ng Sosyalismo at ang mga Tungkulin ng Sosyal-Demokrasya**, isang aklat na ala-Herostrates ang pagkakabantog. Kaugnay mismo ng nabanggit na sipi mula kay Marx kaya sinabi ni Bernstein na ang programang ito

“...sa pampulitikang nilalaman, ay nagpapakita, sa lahat ng esensyal na katangian nito, ng lubos na pagkakatulad sa pederalismo ni Proudhon. . . . Sa kabila ng lahat ng iba pang di pagkakasundo ni Marx at ng “petiburges” na si Proudhon [nilagyan ni Bernstein ng panipi ang salitang “petiburges” para magmukhang kabalintunaan], nagkakahawig ang kanilang mga pananaw sa mga puntong ito.”

Mangyari pa, patuloy ni Bernstein, lumalaki ang kahalagahan ng mga munisipalidad, pero:

“duda ako kung ang unang tungkulin sa demokrasya ay ang ganoong paglulusaw [*Auflosung*] ng mga modernong estado at ganoong ganap na transpormasyon [*Umwandlung*] ng organisasyon ng mga ito tulad ng inilarawan nina Marx at Proudhon (ang pagbubuo ng Pambansang Asambleya mula sa mga delegado ng mga assemblyang pamprobinsya o pandistrato, na bubuuin naman ng mga delegado mula sa mga Komuna) nang sa gayo’y lubusang mawawala ang buong naunang sistema ng pambansang representasyon.” (Bernstein, *Ang Pangunahing mga Batayan ng Sosyalismo...*, edisyon German, 1899, pp. 134 at 136.)

Sobra na ito: ang ipagkamali nang gayon ang mga pananaw ni Marx tungkol sa “pagwawasak ng kapangyarihang pang-estado”, tungkol sa “parasitikong supang” sa pederalismo ni Proudhon! Pero sadya ang ganito, dahil hindi kailanman naisip ng oportunistang hindi tinatalakay dito ni Marx ang pederalismo bilang kasalungat ng sentralismo kundi ang pagwawasak sa lumang burges na makinaryang pang-estado na umiiral sa lahat ng bayang burges.

Ang tanging pumapasok sa isip ng oportunistang ay ang nakikita niya sa paligid, sa lipunan ng pilistinismong petiburges at “repormistang” istagnasyon, ibig sabihin, ang mga “munisipalidad” lamang! Nakalimutan na nga ng oportunistang proletaryong rebolusyon kahit sa hinuha man lamang.

Katawa-tawa ito. Pero kapuna-punang walang nakipagtalos kay Bernstein tungkol sa puntong ito! Madalas nang pinabulaanan na si Bernstein, laluna ni Plekhanov, sa mga babasahing Ruso, at ni Kautsky naman sa babasahin sa Europa, pero wala man lamang *kahit anong* binanggit tungkol sa pambabaluktot na *ito* ni Bernstein kay Marx.

Ganoon na lamang ang pagkakalimot ng oportunistang kung paano mag-isip sa paraang rebolusyonaryo at pag-isipan ang tungkol sa rebolusyon kung kaya’t ipinagpapalagay niyang kay Marx ang “pederalismo” at pinagpapalit-palit niya si Marx sa tagapagtatag ng Anarkismo na si Proudhon. At sa puntong ito’y walang sinabi sina Kautsky at Plekhanov, na naghahangad na maging ortodoks na mga Marxista at ipagtanggol ang mga itinuturo ng rebolusyonaryong Marxismo! Naririto ang isa sa mga ugat

* Inilathala ang isang salin sa Ingles sa pamagat na *Ebolusyonaryong Sosyalismo*.—Ed.

ng bulgarisasyon ng mga ideya kaugnay ng pagkakaiba ng Marxismo at Anarkismo, na taglay kapwa ng mga maka-Kautsky at ng mga oportunistang, at tatalakayin natin sa susunod.

Hindi tinalakay ang pederalismo sa nabanggit na mga obserbasyon ni Marx tungkol sa karanasan ng Komuna, na ating sinipi sa itaas. Sumasang-ayon si Marx kay Proudhon sa mismong punto na hindi nakita ng oportunistang si Bernstein. Hindi sumasang-ayon si Marx kay Proudhon sa mismong puntong sabi ni Bernstein ay nagkakaisa sila.

Sumasang-ayon si Marx kay Proudhon sa puntong kapwa sila nanindigan para sa “pagwawasak” ng kasalukuyang makinaryang pang-estado. Ayaw makita ng oportunistang at maka-Kautsky ang pagkakatulad na ito ng Marxismo at Anarkismo (kapwa kay Proudhon at kay Bakuhin) dahil sa puntong ito, humiwalay na sila mismo sa Marxismo.

Hindi sumasang-ayon si Marx kapwa kay Proudhon at kay Bakuhin sa usapin mismo ng pederalismo (huwag nang banggitin pa ang diktadura ng proletaryado). Sa prinsipyo, nagmumula ang pederalismo sa petiburges na mga pananaw ng Anarkismo. Sentralista si Marx. Sa kanyang mga obserbasyon na sinipi sa itaas, walang paglihis sa sentralismo. Ang mga tao lamang na lipos ng petiburges na “mapamahiing paniniwala” sa estado ang maaaring ipagkamali ang pagwawasak ng burges na makinaryang pang-estado sa pagwawasak ng sentralismo!

Hindi nga ba’t sentralismo kung aagawin ng proletaryado at pinakamaralita ng uring magsasaka ang kapangyarihan ng estado, kung malayang oorganisahin ang kanilang sarili sa mga Komuna, at *pagbubuklurin* ang aksyon ng lahat ng Komuna sa pagbibira sa kapital, sa pagdudurog sa paglaban ng mga kapitalista, at sa paglilipat sa *buong* bansa, sa kabuuan ng lipunan, ng pribadong pagmamay-ari ng mga perokaril, pabrika, lupa at iba pa – hindi ba iyon sentralismo? Hindi ba’t iyon ang pinakakonsistenteng demokratikong sentralismo? At proletaryong sentralismo pa nga?

Hinding-hindi talaga maiisip ni Bernstein ang posibilidad ng boluntaryong sentralismo, ng boluntaryong pagbubuklod ng mga komuna bilang isang bansa, isang boluntaryong pagsasanib ng mga proletaryong komuna sa proseso ng pagwawasak sa paghaharing burges at sa burges na makinaryang pang-estado. Tulad ng lahat ng pilistino, kayang mahinuha ni Bernstein ang sentralismo na bagay lamang mula sa itaas, na ipinapataw at minantini sa pamamagitan lamang ng burukrasya at militarismo.

Para bang nakini-kinita ni Marx ang posibilidad ng pambabaluktot ng kanyang mga pananaw kung kaya’t sinadya niyang bigyan ng diin na ang bintang na hangad ng Komuna na wasakin ang pagkakaisa ng bansa at pawiin ang sentral na awtoridad ay isang sadyang kasinungalingan. Sadyang sinabi ni Marx ang mga salita na “organisahin ang pagkakaisa ng bansa”, nang sa gayo’y maitapat ang mulat, demokratiko at proletaryong sentralismo sa burges, militar at burukratikong sentralismo.

Pero wala nang mas bingi pa kaysa ayaw makinig. At ang ayaw ngang marinig ng mga oportunistang kasalukuyang Sosyal-Demokrasya, anuman ang mangyari, ay ang pagwawasak ng kapangyarihang pang-estado at pag-aalis ng parasito.

5. ANG PAGWAWASAK SA PARASITONG ESTADO

Nasipi na natin ang bahagi ng mga pahayag ni Marx tungkol sa usaping ito, at dapat nating kompletuhin ngayon ang kanyang presentasyon.

Sinabi niya na “karaniwang kapalaran ng ganap na bagong mga likha ng kasaysayan na maipagkamali sa katulad na mas luma at maski lipas na ngang anyo ng panlipunan kairalan, na maaaring may kaunting pagkakahawig sa mga ito. Sa gayon, ang bagong Komuna na ito, na lumalansag [*bricht*] sa modernong kapangyarihan pang-estado, ay naipagkamali bilang reproduksyon ng midyebal na mga Komuna ... bilang pederasyon ng maliliit na estado [Montesquieu at mga

Girondin]. . . bilang pinasobrang anyo ng sinaunang pakikibaka sa labis na sentralisasyon.... Ibabalik sana ng Konstitusyon ng Komuna sa lipunan ang lahat ng pwersang hinigop ng parasitong estado, na kumakain sa lipunan at bumabara sa malayang paggalaw nito. Sa pamamagitan ng iisang aksyong ito’y napasimulan sana ang pagpapanibago ng France.... ipinapailalim ng Konstitusyon ng Komuna ang mga prodyuser sa nayon sa intelektwal na pamumuno ng mga sentral na bayan ng kanilang mga distrito, at isiniguro sa mga ito, sa mga manggagawa, ang mga likas na tagapangalaga ng kanilang interes. Natural lamang na ang mismong pag-iral ng Komuna ay nangangahulugan ng kalayaan ng lokal na munisipalidad, pero hindi na bilang pambalanse sa napalitan na ngayong kapangyarihang pang-estado.”*

“Ang paglalansag ng kapangyarihang pang-estado,” na isang “parasitikong supang”; ang “pagpuputol” dito, ang “pagwawasak” dito; ang “napalitan na ngayong kapangyarihang pang-estado” – ang mga ito ang pananalitang ginamit ni Marx kaugnay ng estado nang tasahin at suriin niya ang karanasan ng Komuna.

Ang lahat na ito’y sinulat wala pang kalahating siglo ang nakakaraan; at ngayo’y para bang kailangang maghukay para maipaalam sa malawak na masa ang Marxismong di binaluktot. Ang mga kongklusyong hinango sa obserbasyon sa nakaraang dakilang rebolusyon na naranasan ni Marx ay nakalimutan sa panahon mismong dumating na ang oras para sa susunod na mga dakilang proletaryong rebolusyon.

“Ipinapakita ng pagkarami-raming interpretasyon sa Komuna at ng pagkarami-raming interes na naglarawan nito nang pabor sa sarili, na ang Komuna ay isang anyong pampulitika na ganap na makakasaklaw sa lahat samantalang sadyang mapaniil naman ang lahat ng naunang anyo ng gubyrno. Ganito ang tunay na sikreto nito. Sa esensya, isa itong *gubyrno ng uring manggagawa*, ang produkto ng pakikibaka ng uring lumilikha laban sa uring nangangamkam, ang anyong pampulitika na natuklasan sa wakas kung saan maisasagawa ang pang-ekonomyang pagpapalaya ng paggawa.

“Maliban sa huling kundisyong ito, magiging imposible at kahibangan lamang ang Konstitusyon ng Komuna.”

Naging abala ang mga Utopyan sa “pagtutuklas” ng mga anyong pampulitika kung saan magaganap ang Sosyalistang rekonstruksyon ng lipunan. Ganap namang tinalikuran ng mga Anarkista ang usapin ng mga anyong pampulitika. Tinanggap ng mga oportunistang kasalukuyang Sosyal-Demokrasya bilang hanggahang hindi dapat lampasan ang burges na mga anyong pampulitika na parlamentaryong estadong demokratiko; nabiyak nila ang kanilang mga noo sa pagsasamba sa “diyos-diyosang” ito, at binatikos bilang Anarkismo ang lahat ng pagtatangkang *wasakin* ang mga pormang ito.

Nahinuha ni Marx sa buong kasaysayan ng Sosyalismo at ng pakikibakang pampulitika na tiyak na maglalaho ang estado, at ang transisyunal na anyo ng paglalaho nito (ang transisyon mula sa estado sa pulitika tungo sa walang estado) ay ang “proletaryado na organisado bilang naghaharing uri”. Pero hindi sinuong ni Marx ang tungkuling *tuklasin* ang mga *anyong* pampulitika ng hinaharap na yugtong ito. Inilimita niya ang sarili sa presisong pag-oobserba sa kasaysayan ng France, sa pagsusuri nito, at sa kongklusyong hinantungan ng taong 1851, ibig sabihin, na tumutungo ang bagay-bagay sa pagwawasak ng burges na makinaryang pang-estado.

At nang sumiklab ang rebolusyonaryong kilusan masa ng proletaryado, sa kabila ng pagkabigo ng kilusang iyon, sa kabila ng maikling buhay nito at malinaw na mga kahinaan nito, sinimulang pag-aralan ni Marx kung ano ang mga anyong pampulitikang *ibinunyag* nito.

* Karl Marx, *Ang Digmaang Sibil sa France*. – Ed.

Ang Komuna ang anyong “natuklasan sa wakas” ng proletaryong rebolusyon, kung saan makasulong ang pang-ekonomyang pagpapalaya sa paggawa.

Ang Komuna ang unang pagsisikap ng isang proletaryong rebolusyon na wasakin ang burges na makinaryang pang-estado, at ang anyong pampulitika na “natuklasan sa wakas”, na maaari at dapat *pumalit* sa winasak na makinarya.

Sa susunod, makikita natin na ipinagpatuloy ng mga Rebolusyong Ruso ng 1905 at 1917, sa iba’t ibang kalagayan at iba’t ibang sirkunstansya, ang gawain ng Komuna, at pinatunayan ang istorikong pagsusuri na likha ng likas na talino ni Marx.

KABANATA IV

MGA DAGDAG NA PALIWANAG NI ENGELS

Inilatag ni Marx ang mga pundamental na prinsipyo sa usapin ng kahulugan ng karanasan ng Komuna. Paulit-ulit na binalikan ni Engels ang usapin ding ito at ipinaliwanag ang pagsusuri at mga kongklusyon ni Marx, at kung minsa’y napakalinaw na iginuguhit ang *iba* pang mga panig ng usapin kung kaya’t kailangan nating talakayin ang mga paglilina na ito nang hiwalay.

1. ANG USAPIN NG PABAHAY

Sa kanyang akda tungkol sa usapin ng pabahay (1872), isinaalang-alang ni Engels ang karanasan ng Komuna at maraming ulit na tinalakay ang mga tungkulin ng rebolusyon kaugnay ng estado. Interessanteng banggitin na sa pagtalakay ng kongkretong usaping ito’y malinaw na ipinakita, sa isang banda, ang mga katangiang komun kapwa sa proletaryong estado at sa kasalukuyang estado – mga katangian na nagpapahintulot na tawaging estado ang dalawa – at sa kabilang banda, ang mga nag-iiba sa dalawang ito, o ang transisyon sa pagwawasak sa estado.

“Paano kung gayon lutasin ang usapin ng pabahay? Sa kasalukuyang lipunan, lutasin ito tulad ng paglutas sa alinmang usapin sa lipunan: sa pamamagitan ng unti-unting pang-ekonomyang pagpapantay-pantay ng suplay at demand, isang solusyon na lagi’t laging nagluluwal ng ganoon ding suliranin, at dahil dito’y hindi talaga solusyon. Hindi lamang nakadepende sa umiiral na mga sirkunstansya kung paano lutasin ng panlipunang rebolusyon ang usaping ito, kundi nakaugnay din sa mas malalawak na usapin, at isa sa mga pinakamalahaga rito’y ang pagpawi sa antagonismo sa pagitan ng lunsod at nayon. Dahil hindi natin dapat pagkaabalahan ang paglilikha ng mga sistemang utopyan para sa organisasyon ng lipunan sa hinaharap, walang saysay na gawin ang gayon. Pero isang bagay ang tiyak; may sapat nang bilang ng mga bahay sa malalaking lunsod para maremedyuhan agad ang anumang tunay na “*kakulangan* sa bahay,” basta’t mahusay na gagamitin. Mangyari pa’y magagawa lamang ito sa pamamagitan ng ekspropriasyon ng mga bahay mula sa kasalukuyang nagmamay-ari at patitirahin sa kanilang mga bahay ang mga manggagawang walang bahay o labis na nagsisiksikan sa kasalukuyang tinitirahan. Sa sandaling maagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, madali nang maisasagawa ang ganoong hakbang na hinihingi ng interes ng kagalingang bayan, tulad ng iba pang ekspropriasyon at pabahay ng kasalukuyang

estado.” (Ed. Aleman, 1887, p. 22....Friedrich Engels, *Ang Usapin ng Pabahay*, London at New York, 1933. – *Ed.*)¹⁸

Hindi sinusuri dito ang pagbabago sa anyo ng kapangyarihang pang-estado kundi ang nilalaman lamang ng aktibidad nito. Nangyayari ang mga ekspropriyasyon at okupasyon ng mga bahay sa atas maging ng kasalukuyang estado. Sa pormal na pananaw, “iaatas” din ng proletaryong estado ang pag-okupa ng mga bahay at ekspropriyasyon ng mga gusali. Pero malinaw na ang lumang makinaryang ehekutibo, ang burukrasyang kunektado sa burgesya, ay talagang hindi na angkop sa pagpapatupad ng mga atas ng proletaryong estado.

“. . . gayunman, dapat tukuyin na ang “aktwal na pag-agaw sa pagmamay-ari” ng lahat ng instrumento sa paggawa, ang aktwal na paghawak ng anakpawis sa kabuuan ng industriya, ay tuwirang kabaligtaran ng “solusyong” Proudhonista. Sa huling nabanggit, ang *indibidwal na manggagawa* ang nagiging may-ari ng bahay, ng sakahan, at ng mga instrumento sa paggawa; sa unang nabanggit, ang “anakpawis” ay nananatiling kolektibong may-ari ng mga bahay, pabrika at mga instrumento sa paggawa, at kahit sa panahon ng transisyon man lamang, hinding-hindi nila mapapayagang gamitin ng mga indibidwal o kumpanya ang mga ito nang hindi binabayaran ang halaga ng paggamit. Katulad rin ito ng abolisyon ng pagmamay-ari ng lupa na hindi abolisyon ng upa sa lupa kundi pagpapasa nito sa lipunan, kahit sa binagong anyo. Kung gayon, ang aktwal na pag-agaw ng anakpawis sa pagmamay-ari ng lahat ng instrumento sa paggawa ay hindi nagpupwera sa pananatili ng pagbubuwis sa lupa.” (p. 68).

Tatalakayin natin sa susunod na kabanata ang isang usaping nabanggit sa siping ito, ang mga dahilan sa ekonomya ng paglalaho ng estado. Napakaingat na inilalahad ni Engels na “hinding-hindi” maglalaan ang proletaryong estado ng mga bahay nang walang bayad, “kahit man lamang sa panahon ng transisyon”. Ang pagpapapasa ng mga bahay, na pagmamay-ari ng lahat ng mamamayan, sa indibidwal na mga pamilya ay nangangahulugan ng pagkulekta ng upa, ng isang antas ng pagkontrol, at paggamit ng ilang alituntunin sa paglalaan ng bahay. Ang lahat ng ito’y nangangailangan ng isang anyo ng estado, pero hinding-hindi ito nangangailangan ng isang espesyal na makinaryang militar at burokratiko, na may mga upisyal na umookupa ng napakapribilehiyadong mga pusisyon. Nakaugnay sa ganap na “paglalaho” ng estado ang transisyon tungo sa kalagayang posible nang mamahagi ng mga bahay nang walang upa.

Sa pagtalakay ni Engels sa pagbaling ng mga Blanquista sa mga prinsipyo ng Marxismo, pagkaraan ng Komuna at sa impluwensya ng karanasan nito, pahapyaw niyang inilalahad ang mga prinsipyong ito sa sumusunod na paraan:

“. . . Ang pangangailangan ng aksyong pampulitika ng proletaryado, at diktadura nito bilang transisyon tungo sa pagpawi ng mga uri, at kasama ng mga ito, ng estado. . .” (p. 55).

Makakakita marahil ang mga gumon sa labis na mabusising kritisismo at ang mga kabilang sa burges na “manlilipol ng Marxismo” ng kontradiksiyon sa pagitan ng *pagkilalang* ito sa “abolisyon ng estado” at ng pagwawaksi sa isang pormulang katulad ng sa Anarkista sa nabanggit na sipi sa *Anti-Dubring*. Hindi magiging kataka-taka kung tatawagin din ng mga oportunistang si Engels na isang “Anarkista” dahil mas lalo pang ginagamit ng mga sosyal-sobinista ang pamamaraan ng pagbibintang ng Anarkismo sa mga internasyunalista.

Laging itinuturo ng Marxismo na mapapawi rin ang estado kasabay ng abolisyon ng mga uri. Hindi pinupuna ng bantog na mga pangungusap tungkol sa “paglalaho ng estado” sa *Anti-Dubring* ang

mga anarkista dahil sa kanilang paninindigan na pabor sa abolisyon ng estado kundi dahil sa pagtataguyod na mapapawi ang estado “sa loob ng isang magdamag”.

Dahil sa pangyayari lubusang binaluktot ng nangingibabaw ngayong doktrinang “Sosyal-Demokratiko” ang relasyon ng Marxismo sa Anarkismo tungkol sa usapin ng abolisyon ng estado, kapaki-pakinabang na alalahanin ang isang pakikipagtalo nina Marx at Engels laban sa mga anarkista.

2. PAKIKIPAGTALO SA MGA ANARKISTA

Naganap ang pakikipagtalong ito noong 1873. Sina Marx at Engels ay sumulat ng mga artikulo laban sa mga Proudhonista, “awtonomista” o “anti-awtoritaryan” sa isang Sosyalistang publikasyon sa Italy, ngunit noong 1913 na lamang nalathala ang mga artikulong ito sa salin sa German sa *Neue Zeit*.¹⁹

“Kung magkakaanyong rebolusyonaryo ang pampulitikang pakikibaka ng uring manggagawa” – ani Marx bilang pagtuya sa mga Anarkista dahil sa pagwawaksi ng aksyong pampulitika – “at kung itatag ng mga manggagawa ang kanilang rebolusyonaryong diktadura kapalit ng diktadura ng burgesya, makagagawa sila ng napakalaking krimen ng paglapastangan sa prinsipyo, dahil binibigyan nila ang estado ng rebolusyonaryo at lumilipas na anyo sa halip na magsalong ng armas at pawiin ang estado para matugunan ang aba at bulgar na pang-araw-araw na mga pangangailangan at para madurog ang paglaban ng burgesya.” (*Neue Zeit*, Tomo 32, 1, 1913-14, p. 40.)

Tanging ganitong klase ng “abolisyon” ng estado ang nilabanan ni Marx at pinatunayang mali ang mga anarkista! Ang nilabanan ni Marx ay hindi ang teorya na paglalaho ang estado kapag maglaho ang mga uri, o mapapawi ang estado kapag napawi ang mga uri, kundi ang panukalang tumanggi ang mga manggagawa mismo sa paggamit ng armas, sa paggamit ng organisadong karahasan, ibig sabih’y *ang paggamit ng estado* para sa layuning “durugin ang paglaban ng burgesya”.

Para hindi mabaluktot ang tunay na kahulugan ng pakikipagtunggali ni Marx sa anarkismo, sadyang binigyan niya ng diin ang “rebolusyonaryo at *lumilipas* na anyo” ng estado na kailangan ng proletaryado. Sa maiksing panahon lamang kailangan ng proletaryado ang estado. Hindi tayo nakikipagtalo sa mga anarkista sa usapin ng abolisyon ng estado bilang layunin. Naninindigan tayo na para makamit ang layuning ito, dapat pansamantala nating gamitin ang mga instrumento, rekurso at pamamaraan ng kapangyarihang pang-estado *laban* sa mga mapagsamantala, tulad ng pansamantalang pangangailangan ng diktadura ng inaaping uri para sa paglilipol ng mga uri. Pinili ni Marx ang pinakamatalas at pinakamalinaw na paraan ng paglalahad ng kanyang pusisyon laban sa mga anarkista: Pagkaraang ibagsak ng mga manggagawa ang kapangyarihan ng mga kapitalista, dapat ba silang “magsalong ng armas”, o gamitin ang mga ito laban sa mga kapitalista para madurog ang kanilang paglaban? Pero ano nga ba ang sistematikong paggamit ng armas ng isang uri laban sa isa pang uri kundi isang “transisyunal na anyo” ng estado?

Dapat itanong ng bawat Sosyal-Demokrata sa kanyang sarili: Sa *ganoon* bang paraan niya hinaharap ang usapin ng estado sa kanyang pakikipagtalo sa mga anarkista? Sa *ganoon* bang paraan ito hinaharap ng malawak na mayorya ng upisyal na mga partidong Sosyal-Demokratiko sa Ikalawang Internasyunal?

Mas detalyado at mas magaan pa ngang ipinaliwanag ni Engels ang mga ideya ring ito. Unang-una, kinutya niya ang magugulong ideya ng mga Proudhonista, na mga “anti-awtoritaryan” ang tawag sa sarili, ibig sabih’y iwinawaksi nila ang lahat ng tipo ng awtoridad, ang lahat ng tipo ng subordinasyon, ang lahat ng tipo ng kapangyarihan. Tingnan ang isang pabrika, perokaril, barkong nasa karagatan – ani Engels – hindi ba malinaw na kahit isa man sa kumplikadong establisimiyentong teknikal na ito, na nakabatay sa paggamit ng makinarya at maayos na kooperasyon ng maraming tao, ay hindi maaaring

gumana nang wala man lamang kaunting subordinasyon, at dahil dito, nang wala man lamang kahit kaunting awtoridad o kapangyarihan?

“Kung ihaharap ko ang mga argumentong ito” – ani Engels – “sa pinakapanatikong mga anti-awtoritaryan, ang tanging maisasagot nila sa akin ay ang sumusunod: Ah, totoo iyon, pero dito’y hindi usapin ng awtoridad na iginagawad sa mga delegado kundi ng isang *komisyon* na ipinagkakaloob natin sa kanila! Akala ng mga taong ito na mababago nila ang isang bagay sa pamamagitan ng pagpapalit sa pangalan nito.”

Pagkatapos niyang maipakita sa gayon na relatibong mga termino ang awtoridad at awtonomya, na nagbabago ang paggamit sa mga terminong ito sa iba’t ibang yugto ng pag-unlad ng lipunan, na kabalbalang ituring ang mga terminong ito bilang absolutong mga konsepto, at pagkatapos na idinagdag na patuloy na lumalawak ang paggamit ng makinarya at malakihang produksyon, tumungo naman si Engels mula sa pangkalahatang pagtalakay sa awtoridad tungo sa pagtalakay sa usapin ng estado.

“Kung nakuntento ang mga awtonomista” – sabi niya – “sa pagsasabi na pahihintulutan ng organisasyong panlipunan sa hinaharap ang awtoridad sa loob lamang ng hangganan na di maiiwasan dahil sa mga relasyon sa produksyon, maaari sanang makipagkaunawaan sa kanila; pero bulag sila sa lahat ng pangyayaring lumilikha sa pangangailangan sa awtoridad, at marubdob nilang nilalabanan ang terminong iyon.

“Bakit hindi inililimita ng mga anti-awtoritaryan ang sarili sa pagsigaw laban sa pampulitikang awtoridad, laban sa estado? Sumasang-ayon ang lahat ng sosyalista na ang estado, at kasabay nito, ang pampulitikang awtoridad, ay maglalaho bunga ng nalalapit na rebolusyong panlipunan, ibig sabih’y mawawala ang pampulitikang katangian ng mga tungkuling publiko at matatransporma bilang tungkulin na lamang sa pangangasiwa sa interes ng lipunan. Pero iginigiit ng mga anti-awtoritaryan na pawiin sa isang bigwas ang pampulitikang estado bago pa man mapawi ang mga relasyong panlipunan na nagluwal dito. Iginigiit nila na ang abolisyon ng awtoridad ang dapat maging unang hakbang ng rebolusyong panlipunan.

“Nakaranas na ba ng rebolusyon ang mga ginoong ito? Walang dudang ang rebolusyon ang pinakaawtoritaryang bagay na posible. Isang akto ito kung saan ipinapataw ng isang seksyon ng populasyon ang kanilang kapasyahan sa isa pang seksyon ng populasyon sa pamamagitan ng mga riple, bayoneta at kanyon, ibig sabihin, sa pamamagitan ng napakaawtoritatibong pamamaraan, at di maiiwasang mapupwersa ang nagtagumpay na partido na imantini ang kanyang paghahari sa pamamagitan ng takot na nililikha ng kanyang mga armas sa mga reaksyunaryo. Tatagal ba nang kahit isa mang araw ang Komuna ng Paris kung hindi ito sumalig sa awtoridad ng armadong mamamayan laban sa burgesya? Hindi ba’t kabaligtaran nito, nararapat lamang natin punahin ang Komuna dahil hindi nito sapat na ginamit ang awtoridad na iyon? Kung gayon, alinman man sa dalawa: hindi alam ng mga anti-awtoritaryan kung ano ang kanilang pinagsasasabi at sa gayo’y naghahasik lamang sila ng kalituhan; o alam nga nila ang kanilang pinagsasasabi at sa gayo’y nagtataksil sila sa simulain ng proletaryado. Sa alinmang kaso, nagsisilbi lamang sila sa interes ng reaksyon.”(p. 39)

Tinalakay sa argumentong ito ang mga usaping dapat suriin kaugnay ng relasyon ng pulitika at ekonomya sa panahon ng “paglalaho” ng estado (nakalaan ang susunod na kabanata sa paksang ito). Ang mga usaping ito ay ang transpormasyon ng mga tungkuling publiko mula pampulitikang mga tungkulin tungo sa simpleng mga tungkulin ng pangangasiwa at ang transpormasyon ng “pampulitikang estado”. Ang terminong “pampulitikang estado” na lalong madaling makalilikha ng di

pagkakaintindihan ay tumutukoy sa proseso ng paglalaho ng estado: sa isang takdang yugto ng prosesong ito, maaaring taguriang estadong walang pulitika ang pumapanaw na estado.

Muli, ang pinakatampok na punto sa ating sinipi mula kay Engels ay ang paraan kung paano niya inilalahad ang usapin laban sa mga Anarkista. Mula 1873, milyun-milyong beses nang nakipagtalo sa mga Anarkista ang mga Sosyal-Demokrata, na naghahangad na maging mga disipulo ni Engels, tungkol sa usaping ito pero *hindi* ito tinalakay ng mga Sosyal-Demokrata sa paraang maaari at dapat talakayin ng mga Marxista. Magulo at di rebolusyonaryo ang Anarkistang ideya ng abolisyon ng estado – ganyan ang pagkasabi ni Engels. Ang ayaw tukuyin ng mga Anarkista ay ang rebolusyon mismo, sa paglitaw at pag-unlad nito, na may mga partikular na tungkulin kaugnay ng karahasan, awtoridad, kapangyarihan at estado.

Ang karaniwang puna ng kasalukuyang mga Sosyal-Demokrata sa anarkismo ay katumbas ng pinakapilistinong bulgaridad: “Kinikilala namin ang estado samantalang hindi naman ito kinikilala ng mga Anarkista!” Natural na mainis sa ganoong bulgaridad ang mga rebolusyonaryong manggagawang na nag-iisip. Iba naman ang sinabi ni Engels. Binigyan niya ng diin na kinikilala ng lahat ng Sosyalista ang paglalaho ng estado bunga ng sosyalistang rebolusyon. Pagkatapos ay tinalakay naman niya ang kongkretong usapin ng rebolusyon – ang mismong usapin na sa karaniwa’y iniwasan ng mga Sosyal-Demokrata dahil sa kanilang oportunismo, at ipinapaubaya na lamang sa mga Anarkista para “balangkasin”. At sa gayong pagtatalakay sa usapin, tuwirang hinarap ni Engels ang pinakasentro ng usapin: Hindi ba dapat na *mas* ginamit ng Komuna ang *rebolusyonaryong* kapangyarihan ng *estado*, ibig sabihin, ng proletaryadong armado at organisado bilang naghaharing uri?

Karaniwang binabalewala ng naghaharing upisyal ng Sosyal-Demokrasya ang usapin kaugnay ng kongkretong mga tungkulin ng proletaryado sa rebolusyon, sa pamamagitan ng walang kabuluhang pilistinong pagkibit-balikat, o sa pinakamainam, sa pamamagitan ng umiiwas na sopismo: “Maghintay ka para makita.” At sa gayon, may katwiran nga ang mga Anarkista sa pagsasabi na ipinagkanulo ng Sosyal-Demokrasyang iyon ang tungkulin nitong bigyan ng edukasyon ang mga manggagawa para sa rebolusyon. Bumatay si Engels sa karanasan ng huling rebolusyong proletaryo para sa partikular na layuning makagawa ng kongkretong pagsusuri sa kung ano ang dapat gawin ng proletaryado kaugnay ng mga bangko at estado at kung paano gagawin ito.

3. SULAT KAY BEBEL

Isa sa pinakatampok, kung hindi man siyang pinakatampok, sa mga obserbasyon tungkol sa estado sa mga akda nina Marx at Engels ay makikita sa sumusunod na sipi ng sulat ni Engels kay Bebel na may petsang Marso 18-28, 1875. Banggitin natin nang parang walang anuman na ang sulat na ito, sa pagkakaalam namin, ay unang inilathala ni Bebel sa ikalawang tomo ng kanyang talambuhay (*Aus Meinen Leben*), na lumabas noong 1911, ibig sabihi’y tatlumpu’t anim na taon pagkaraang maisulat at maipadala.

Sa sulat ni Engels kay Bebel, pinuna ni Engels iyon ding borador ng Programang Gotha na pinuna ni Marx sa kanyang bantog na sulat kay Bracke; kaugnay mismo sa usapin ng estado, sinabi niya:

“Ang malayang estado ng mamamayan ay natransporma bilang malayang estado. Ayon sa gramatikong kahulugan ng mga salitang ito, ang malayang estado ay malaya kaugnay ng mga mamamayan nito, ibig sabihin, isang estadong may despotikong gubyrno. Dapat itigil ang lahat ng satsat na ito tungkol sa estado, laluna pagkatapos ng Komuna, na hindi na estado sa tamang pakahulugan ng salita. Napakatagal na ipinupukol ng mga Anarkista sa ating mukha ang “estado ng mamamayan”, kahit tuwirang isinaad na, sa akda ni Marx laban kay Proudhon at pagkatapos naman sa *Manifestong Komunista*, na kusang malulusaw [*sich auflöst*] at mawawala ang estado sa pagpasok ng

Sosyalistang kaayusan sa lipunan. Dahil isa lamang transisyunal na institusyon ang estado na dapat gamitin sa pakikibaka, sa rebolusyon, para durugin ang mga kaaway sa pamamagitan ng lakas, kabalbalan lamang ang magbanggit ng malayang estado ng mamamayan. Hanggat *kailangan* pa ng proletaryado ang estado, kailangan niya ito, hindi para sa interes ng kalayaan, kundi para durugin ang kanyang mga kaaway; at sa sandaling posible nang sabihing may kalayaan, ang estado bilang estado ay hindi na iiral. Kung gayon, imumungkahi namin na sa lahat ng lugar, palitan na ang salitang estado ng salitang “komunidad” [*gemeinwesen*], isang magandang lumang salitang German na katumbas ng salitang Pranses na “komuna”. (*Aus Meinen Leben*, pp. 321-22 ng orihinal na German.)²⁰

Dapat tandaan na ang tinutukoy ng sulat na ito ay ang programang pampartido na pinuna ni Marx sa sulat na may petsang ilang linggo lamang pagkaraan ng nabanggit na sulat (may petsang Mayo 5, 1875 ang sulat ni Marx), at sa panahong iyon, magkasamang naninirahan sa London sina Marx at Engels. Dahil dito, nang sabihin niyang “namin” sa huling pangungusap, walang dudang iminumungkahi niya, kapwa sa sarili niyang ngalan at sa ngalan ni Marx, sa lider ng partido ng mga manggagawa sa Germany na *alisin sa programa* ang salitang “estado” at ipalit ang salitang “komunidad.”

Anong palahaw tungkol sa “anarkismo” ang isisigaw ng mga pinuno ng kasalukuyang “Marxismo”, na pinalabnaw para matugunan ang mga rekisitos ng mga oportunistang, kung imumungkahi sa kanila ang ganoong pagwawasto sa programa!

Hayaan silang magpalahaw. Pupurihin pa sila ng burgesya dahil dito.

Pero ipagpapatuloy natin ang ating gawain. Sa pagrerebisa ng programa ng ating Partido, dapat lubusang isaalang-alang ang payo nina Engels at Marx upang mas lumapit sa katotohanan, muling maitatag ang Marxismo, alisan ito ng mga pambabaluktot, at upang mas wastong madirihe ang pakikibaka ng uring manggagawa para sa pagpapalaya. Tiyak na sa hanay ng mga Bolshevik, walang sinumang tututol sa payo nina Engels at Marx. Marahil, maaaring ang sumulpot lamang na kahirapan ay kaugnay ng terminoloyiha. Sa German, may dalawang salita* na ang kahulugan ay “komunidad”, at ang ginamit ni Engels ay iyong hindi nangangahulugan ng iisang komunidad kundi ng kabuuan ng mga ito, ang sistema ng mga komunidad. Walang ganoong salita sa Ruso, at marahil kailangang piliin natin ang salitang Pranses na “komuna,” bagamat may mga disbentahe rin ito.

“Ang Komuna ay hindi na isang estado sa tamang pakahulugan ng salita” – sa larangan ng teorya, ito ang pinakamahalagang pahayag ni Engels. Pagkaraan ng naipaliwanag sa itaas, napakalinaw ng pahayag na ito. *Hindi na estado ang Komuna sa puntong hindi na nito kailangang supilin ang mayorya ng populasyon kundi ang minority (ang mga mapagsamantala); nadurog na ng Komuna ang burges na makinaryang pang-estado; kapalit ng espesyal na pwersa sa panunupil, ang buong populasyon mismo ang pumapel. Ang lahat ng ito’y paglayo sa estado sa tamang pakahulugan nito. At kung naigiit ng Komuna ang sarili bilang magtatagal na kapangyarihan, “maglalaho” nang kusa ang mga labi ng estado sa loob nito; hindi na kakailanganin pang “pawiin” ang mga institusyon ng estado; hindi na gagana ang mga ito dahil paunti nang paunti ang nalalabing gawain ng mga ito.*

“Isinusupalpal ng mga Anarkista sa ating mukha ang “estado ng mamamayan’.” Sa pagsasabi ni Engels nito, ang iniisip niya ay si Bakunin at ang kanyang mga pagtuligsa sa mga Sosyal-Demokratang German. Inaamin ni Engels na may katwiran ang mga pagtuligsang ito *hanggang sa antas* na walang kahulugan ang “estado ng mamamayan” at kasinlihis sa sosyalismo tulad ng “malayang estado ng mamamayan”. Sinikap ni Engels na iwasto ang pakikibaka ng mga Sosyal-Demokratang German laban sa mga Anarkista, gawing tama sa prinsipyo ang tunggalian ito, at alisan ng oportunistang mga haka-haka tungkol sa “estado”. Sayang! Naitabi ang sulat ni Engels sa loob ng tatlumpu’t anim na taon.

* *Gemeinde* at *Gemeinwesen*

Makikita pa natin sa susunod, kahit pagkatapos nailathala ang sulat na ito'y tigas-ulong inulit-ulit ni Kautsky sa esensya ang mga pagkakamali mismo na ibinabala ni Engels.

Sinagot ni Bebel si Engels sa isang sulat na may petsang Setyembre 21, 1875, at dito'y sinabi niya na bukod sa iba pang bagay, “ganap siyang sumasang-ayon” sa puna ni Engels tungkol sa borador ng programa, at na pinagsabihan niya si Liebknecht dahil sa pagmamadali nitong magbigay ng mga konsesyon (p. 334 ng ed. Aleman ng talambuhay ni Bebel, Tomo 2). Pero kung titingnan natin ang pamplet ni Bebel, *Unsere Ziele* (Ang Ating mga Layunin), makikita nating maling-mali ang pananaw tungkol sa estado:

“Dapat itransporma ang estado mula sa estadong nakabatay sa *makauring paghabar*” tungo sa isang *estado ng mamamayan* (*Unsere Ziele*, ed. Aleman, 1886, p.14.)

Nilimbag ito sa *ikasiyam* (ikasiyam!) na edisyon ng pampleto ni Bebel. Hindi kataka-taka na makuha ng mga Sosyal-Demokratang German ang paulit-ulit na oportunistang mga palagay na iyon tungkol sa estado, laluna't isinantabi nang maigi ang mga rebolusyonaryong interpretasyon ni Engels, at ganoon nga ang kalagayan ng buhay kung kaya't “nailalayo” ang mamamayan sa rebolusyon sa mahabang panahon!

4. PUNA SA BORADOR NG PROGRAMANG ERFURT

Sa pagsusuri ng mga doktrina ng Marxismo tungkol sa estado, hindi pwedeng kaligtaan ang punang ipinadala ni Engels kay Kautsky noong Hunyo 29, 1891 tungkol sa burador ng Programang Erfurt,²¹ at nailathala lamang sa *Neue Zeit* pagkaraan ng sampung taon, dahil ang punang ito ay pangunahing pumapatungkol sa mga *oportunistang* pananaw ng Sosyal-Demokrasya kaugnay ng usapin ng sistemang *pang-estado*.*

Babanggitin na rin natin na nagbibigay rin ng mahalagang-mahalagang obserbasyon si Engels sa larangan ng ekonomya, na nagpapakita kung gaano kasinsin at matamang sinubaybayan niya ang mga pagbabago sa modernong kapitalismo, at kung paano niyang nakita antimano sa isang antas ang mga usapin ng ating sariling panahon, ang panahon ng imperyalismo. Ito ang punto: sa pagtalakay ni Engels sa salitang “kawalan ng pagpapalano” (*planlosigkeit*) na ginamit sa borador ng programa bilang katangian ng kapitalismo, sinabi niya:

“Kapag ang mga kumpanyang sosyohan ay naging mga trust na nangingibabaw at nagmomonopolisa sa lahat ng sangay ng industriya, hindi lamang magwawakas ang pribadong produksyon sa sandaling iyon, kundi pati ang kawalan ng pagpapalano.” (*Neue Zeit*, Tomo 20, 1, 1901-02 p. 8)*

* Ang Programang Erfurt, na sa kapanahunan ng Ikalawang Internasyunal ay itinuturing na pinakakonsistenteng programa sa punto de bista ng Marxismo at nagsilbing modelo para sa lahat ng ibang partido Sosyal-Demokratiko, kabilang ang RSDLP, ay pinagtibay sa kongreso ng Sosyal-Demokrasya ng Germany sa Erfurt, noong Oktubre 14-20, 1891, kapalit ng lipas nang Programang Gotha (1875), na resulta ng kompromiso ng dalawang tunguhin sa Sosyalismong German (mga Lassalleen at Eisenacher).

* Karl Marx at Frederick Engels, *Kritika sa mga Programang Sosyal-Demokratiko*, London at New York, 1933. – Ed.

Naririto ang pinakaesensyal sa teoretikal na pagsusuri ng pinakamodernong kapitalismo, ng imperyalismo, *ibig sabihin*, na ang kapitalismo ay nagiging monopolyong *kapitalismo*. Dapat bigyan ng diin ang bagay na ito dahil laganap na laganap ang maling pananaw ng repormistang burges, na ang monopolyong kapitalismo o monopolyong kapitalismo ng estado ay *hindi na* kapitalismo, kundi maaari nang tawaging “Sosyalismong pang-estado”, o isang bagay na katulad nito..Mangyari pa, hindang-hindi nalikha, hindi nililikha ngayon at hindi makalilikha ang mga trust ng lubos at ganap na pagpapalano. Pero gaano man ang pagpaplanong malilikha nila, gaano man maunang matantya ng malalaking kapitalista ang laki ng produksyon sa pambansa at maging sa pandaigdigang saklaw, at gaano man kasistematikong makontrol nila ito, mananatili pa rin tayo *sa ilalim ng kapitalismo* – totoo, sa bagong yugto ng kapitalismo, pero walang dudang kapitalismo pa rin. Ang “pagkakalapit” ng *ganoong* kapitalismo sa sosyalismo ay magsisilbing argumento para sa tunay na mga kinatawan ng proletaryado para mapatunayan na malapit na, madali, maaari at mahigpit na kailangan ang sosyalistang rebolusyon, at hindang-hindi magsisilbing argumento para mahayaang iwaksi ang ganoong rebolusyon o kaya’y gawing mas kaakit-akit ang kapitalismo, na pinagkakaabalahan ng lahat ng repormista.

Pero balikan natin ang usapin ng estado. Nagbibigay si Engels ng tatlong tipo ng mahahalagang mungkahi: una, kaugnay ng republika; ikalawa, kaugnay ng kuneksyon sa pagitan ng usaping pambansa at ng sistemang pang-estado; at ikatlo, kaugnay ng lokal na gubyerno.

Kaugnay ng republika, ginawa ni Engels ang puntong ito na sentro de grabidad ng kanyang puna sa borador ng Programang Erfurt. At kung maaalala natin ang kahalagahang natamo ng Programang Erfurt sa internasyunal na Sosyal-Demokrasya, at kung paano ito naging modelo para sa buong Ikalawang Internasyunal, maaari nating sabihin nang walang eksaherasyon na sa pamamagitan niyon, pinuna ni Engels ang oportunidad ng buong Ikalawang Internasyunal.

“May isang malaking depekto” – sabi ni Engels – “ang pampulitikang mga demand ng borador. Ang puntong talagang dapat sabihin *ay hindi kabilang sa mga ito.*” (Pagdidiin ni Engels)

At pagkaraa’y nilinaw niya na ang konstitusyon ng Germany ay kopya lamang ng reaksyunaryong konstitusyon ng 1850; at ang Reichstag ay isa lamang “panakip sa absolutismo”, tulad ng sinabi ni Wilhelm Liebknecht, at “malinaw na kabalbalan” ang kagustuhang “itransporma lahat ng kagamitan sa produksyon bilang pagmamay-arang publiko” batay sa konstitusyong naglililgalisa sa pag-iral ng maliliit na estado at ang pederasyon ng maliliit na estadong German.

“Peligrosong talakayin ito,” dagdag ni Engels, dahil alam na alam niya na sa ligal na paraa’y imposibleng isama sa programa ang hayag na nakalahad na kahingian para sa isang republika sa Germany. Pero hindi nagkasya na lamang si Engels sa malinaw na konsiderasyon na ito na ikakasiya ng “lahat”. Patuloy niya:

“Pero kailangang harapin ang usaping ito sa anumang paraan. Kung gaano kakailanganin ito ay ipinapakita sa sandaling ito mismo ng oportunidad na nakakaungos [*einreisende*] sa malaking seksyon ng pahayagang Sosyal-Demokratiko. Dahil natatakot silang muling ipagtibay ang Batas Anti-Sosyalista, dahil ang nasa isip nila ay ang lahat ng adelantadong mga pahayag noong ipinapatupad ang batas na ito, bigla na lamang sinasabi nila ngayon na makasasapat na ang kasalukuyang ligal na sitwasyong umiiral sa Germany para matamo ang lahat ng iginigiit ng Partido sa pamamagitan ng mapayapang mga paraan.”

Binigyan ng partikular na diin ni Engels ang pundamental na katotohanan na ginawa iyon ng mga Sosyal-Demokratang German dahil natatakot silang ipataw muli ang Batas Anti-Sosyalista, at walang pag-aatubiling tinawag ito ni Engels na oportunidad; ipinahayag niya na dahil wala ngang republika at kalayaan sa Germany, ganap na walang katotohanan ang mga panaginip ng “mapayapang” landas. May

sapat na pag-iingat si Engels para hindi siya matali. Tinanggap niya na “maaaring isipin” (“isipin” lamang!) ang mapayapang pag-unlad sa mga bayang republikano o napakalayang mga bayan patungong sosyalismo, pero sa Germany, inulit niya na:

“... Sa Germany, kung saan halos makapangyarihan sa lahat ang gubyrno at wala namang tunay na kapangyarihan ang Reichstag at lahat ng iba pang representatibong organo, ang pagpapahayag ng ganoon sa Germany – lalupa’t hindi naman kailangan – ay pagtatanggal ng panakip sa absolutismo at pagkukubli ng pagkahubo’t hubad nito sa pamamagitan ng sariling katawan.”

Napatunayan ngang panakip sa absolutismo ang malawak na mayorya ng upisyal na mga lider ng Partido Sosyal-Demokratiko ng Germany, na nagsantabi sa payong ito.

“Maililihis lamang ng ganoong patakaran ang kanilang sariling partido. Tumatampok ang pangkalahatan at abstraktong mga usaping pampolitika, at kung gayo’y napagtatakan ang kagyat at kongkretong mga isyu – mga isyung dapat kagyat na harapin sa panahon ng unang malalaking pangyayari, sa panahon ng unang krisis sa pulitika. Ano pa ang maaaring ibunga nito kundi biglang mawawalan ng lakas ang Partido sa mapagpasyang sandali, at mawawala ang kalinawan at pagkakaisa sa pinakamapagpasyang mga isyu dahil hindi kailanman tinalakay ang mga isyung ito. . . .

“Maaaring ‘tapat’ ang paglimot na ito sa malalaki at pundamental na usapin para sa panandaliang pang-araw-araw na mga interes, ang pagsisikap at pakikibaka para sa panandaliang tagumpay nang hindi inaalintana ang mangyayari sa bandang huli, ang pagsasakripisyong ito ng hinaharap ng kilusan para sa kagyat na pusisyon nito, ngunit magkagayunman, oportunismo ito, at mananatiling oportunismo, at ang ‘tapat’ na oportunismo marahil ang pinakamapanganib sa lahat....

“... Kung may bagay man na tiyak, ito’y ang pangyayaring makakapwesto lamang sa kapangyarihan ang ating Partido at ang uring manggagawa sa anyo ng demokratikong republika. Ito talaga ang partikular na anyo ng diktadura ng proletaryado, tulad ng naipakita na ng Dakilang Rebolusyong Pranses.”

Inulit dito ni Engels, sa anyong napakadiin, ang pundamental na ideyang tumutuhog parang sinulid na pula sa lahat ng akda ni Marx, ang ideyang ang demokratikong republika ang pinakamalapit na kaparaanan tungo sa diktadura ng proletaryado. Dahil ang ganoong republika – nang hindi kahit kaunti man lamang isinasantabi ang paghahari ng kapitalista, at kung gayon, ang pang-aapi sa masa at tunggalian ng mga uri – ay tiyak na tutungo sa ekstensyon, pag-unlad, pagbukadkad at pagtalas ng tunggaliang iyon kung kaya’t sa sandaling lumitaw na ang posibilidad na matugunan ang pundamental na interes ng masang api, magaganap ang posibilidad na ito nang tiyak at sa pamamagitan lamang ng diktadura ng proletaryado, sa pamumuno ng proletaryado sa masang iyon. Para sa buong Ikalawang Internasyunal, ang mga ito rin ay “mga kinalimutang salita” ng Marxismo, at ang pagkalimot na ito ay buong linaw na ipinakita ng kasaysayan ng Partidong Menshevik noong unang kalahating taon ng Rebolusyong Ruso ng 1917.

Tungkol naman sa usapin ng republikang pederal, kaugnay ng pambansang komposisyon ng populasyon, sinabi ni Engels:

“Ano ang dapat pumalit sa kasalukuyang Germany (na may reaksyunaryong monarkikal na konstitusyon, at ganoon din kareaksyunaryong pagkakahati sa maliliit na estado, pagkakahating nagpapanatili sa lahat ng partikular na katangiang Prussian sa halip na pagsanibin ang mga ito sa Germany bilang isang kabuuan)? Sa palagay ko, ang maaari lamang gamitin ng proletaryado ay ang nagkakaisang republika. Sa napakalaking teritoryo ng United States, sa kabuu’y kailangan pa rin

ang isang pederal na republika kahit na nagiging hadlang na ito sa mga estado sa Silangan. Magiging isang pagsulong ito sa England, kung saan ang dalawang pulo ay pinaninirahan ng apat na bansa, at sa kabila ng may iisang Parlamento, tatlong magkakaibang sistema ng lehislyon ang magkakasabay na umiiral hanggang sa ngayon. Sa maliit na Switzerland, matagal na itong hadlang at naari lamang dahil kuntento ang Switzerland sa pagiging pasibong myembro ng pang-estadong sistema sa Europa. Para sa Germany, napakalaking pag-atras ang pederasyong tipong Swiss. Dalawang bagay ang nag-iiba sa isang pederal na estado sa unitaryong estado: una, may sariling lehislyong sibil at kriminal at sistemang hudisyal ang bawat hiwalay na estadong isinanib, ang bawat kanton; at ikalawa, kaagapay ng kamara ng bayan, mayroon ding kamara ng mga kinatawan mula sa mga estado, kung saan ang bawat kanton, malaki man o maliit, ay bumoboto bilang kanton. Sa kabutihang palad, napangibabawan na natin ang una, at hindi tayo magiging parang bata para ibalik ito; at nariryan ang ikalawa sa Konsehong Pederal [*bundesrat*] at makakairal naman tayo nang mahusay kahit wala ito, laluna't ang ating "*estadong pederal*" [*bundestaat*] ay isa nang transisyon tungo sa *unitaryong estado*. Hindi naman natin tungkulin na baligtarin mula sa itaas ang rebolusyong inilunsad noong 1866 at 1870, kundi ipagkaloob dito ang kinakailangan nitong pagkukumpleto at pag-unlad sa pamamagitan ng kilusan mula sa ibaba."

Hindi lamang hindi nagpakita si Engels ng pagwawalang-bahala tungkol sa usapin ng mga anyo ng estado, kundi kabaligtaran nito, sinikap niyang suriin nang ubod nang ingat ang transisyunal na mga anyo, nang sa gayon ay matukoy alinsunod sa kongkreto at istorikong kakanyahan ng bawat hiwalay na kaso, *kung mula saan at tungo saan* nagbabago ang isang takdang transisyunal na anyo.

Mula sa punto de bista ng proletaryado at proletaryong rebolusyon, iginigiit ni Engels, tulad ni Marx, ang demokratikong sentralismo, ang isa't di nahahating republika. Ang republikang pederal ay itinuring niyang eksepsyon at hadlang sa pag-unlad, o kaya'y bilang transisyunal na anyo mula sa isang monarkiya tungo sa isang sentralisadong republika, bilang isang "hakbang pagsulong" sa ilalim ng ilang espesyal na kundisyon. At sa mga espesyal na kundisyong ito, lumilitaw ang usaping pambansa.

Kahit walang awang pinuna ni Engels, tulad ni Marx, ang reaksyunaryong kalikasan ng maliliit na estado, at ang pagkukubli dito ng usaping pambansa sa ilang kongkretong kaso, hindi kailanman nagpakita si Engels ng anumang bahid na paghahangad na balewalain ang usaping pambansa – isang paghahangad na madalas ipakita ng mga Marxistang Dutch at Polish bunga ng kanilang makatwirang pagtutol sa makitid na pilistinong nasyunalismo ng "kanilang" maliliit na estado.

Kahit sa England, kung saan mukhang "winawakasan" na ng mga kundisyong dyograpiko, lenggwaheng komun at kasaysayan ng maraming siglo ang pambansang usapin sa hiwa-hiwalay na maliliit na dibisyon ng England – kahit sa bayang ito, kinikilala ni Engels ang malinaw na katotohanan na hindi pa napapangibabawan ang usaping pambansa, at bunga nito, kinilala niyang isang "hakbang pasulong" ang pagtatatag ng isang pederal na republika. Mangyari pa, walang bahid dito ng pagtanggap ng punahin ang mga depekto ng pederal na republika o ng paglulunsad ng pinakadeterminadong propaganda at pakikibaka para sa isang nagkakaisa at sentralisadong demokratikong republika.

Pero ang pagkakaunawa ni Engels sa demokratikong sentralismo ay hinding-hindi sa pakahulugang burukratiko sa pagkagamit ng mga ideolohistang burges at petiburges, kasama ang mga Anarkista. Para kay Engels, hinding-hindi ipinupwera ng sentralismo ang ganoong malawak na lokal na pamamahala sa sarili, na nagkukumbina ng boluntaryong pagtatanggol sa nagkakaisa ng estado sa pamamagitan ng mga "komuna" at distrito sa ganap na pagpawi ng lahat ng burukrasya at lahat ng "pag-aatas" mula sa itaas.

"...Kung gayon, isang unitaryong republika – sabi ni Engels, bilang paglalatatag sa programatikong mga pananaw ng Marxismo tungkol sa estado – pero hindi sa pakahulugan ng kasalukuyang Republikang Pranses, na walang iba kundi ang Imperyong itinatag noong 1798 nang walang Emperador. Mula 1792 hanggang 1798, tinamasa ng bawat Kagawaran ng France, bawat

lokal na purok [*Gemeinde*] ang ganap na pamamahala sa sarili na nakabatay sa modelo ng United States, at dapat ganito rin ang sa atin. Naipakita na sa atin ng Amerika at ng unang Republikang Pranses kung paano oorganisahin ang pamamahala sa sarili, at kung paano natin makakayanan nang walang burukrasya, at ipinapakita ito kahit ngayon ng Australia, Canada at iba pang kolonya ng England. At ang ganitong tipo ng probinsyal at lokal na pamamahala sa sarili ay ibayong mas malaya kaysa, halimbawa, pederalismo ng Switzerland, kung saan totoong napakaindependyente ng kanton kaugnay ng *Bund* (ibig sabihin, ang pederadong estado sa kabuuan) pero independyente rin kaugnay ng distrito [*Bezirk*] at lokal na mga purok. Ang mga guberno ng mga kanton ang nagtatalaga sa mga gubernador ng distrito [*Stathalter*] at punong mahistrado – isang katangiang hindi kilala sa mga bayang Ingles ang salita, at kailangan nating lubusang alisin sa hinaharap, kasabay ng pag-alis sa mga *landrate* at *regierungsrate* na Prussian [*commissaries*, mga hepe ng pulisya ng distrito, gubernador, at sa kabuuan, lahat ng upisyal na itinalaga mula sa itaas].”

Alinsunod dito’y iminungkahi ni Engels ang sumusunod na pormulasyon sa programa para sa probisyon tungkol sa pamamahala sa sarili:

“Ganap na lokal na pamamahala sa sarili para sa mga probinsya [mga gubernia o rehiyon], distrito at lokal na purok sa pamamagitan ng mga upisyal na ibinoto ng lahat. Ang abolisyon sa lahat ng lokal at pamprobinsyang awtoridad na itinalaga ng estado.”

Nagkaroon na ako ng pagkakataong tukuyin – sa *Pravda* (Blg. 68, Mayo 28, 1917),(22) na sinupil ng guberno ni Kerensky at ibang mga Ministrong “Sosyalista” kung paanong kaugnay nito (hinding-hindi kaugnay lamang nito) iskandalosong humiwalay sa *demokrasya* ang ating huwad na Sosyalistang mga kinatawan ng huwad na rebolusyonaryong huwad na demokrasya. Natural, nananatiling bingi sa punang ito ang mga taong nagtali sa sarili sa isang “koalisyon” sa imperyalistang burgesya.

Napakaimportanteng banggitin na pinabulaanan ni Engels, na naaarmasan ng mga datos, sa pamamagitan ng isang mapwersang halimbawa, ang pamahiin na napakalaganap, laluna na sa mga demokratang petiburges, na ang isang pederal na republika ay nangangahulugang mas malaya kaysa isang sentralisadong republika. Hindi ito totoo. Pinatutunayang mali ito ng mga datos na binanggit ni Engels kaugnay ng sentralisadong Republikang Pranses ng 1792-98 at ng pederal na Republikang Swiss. Ang tunay na demokratikong sentralisadong republika ay nagkaloob ng *bigit* na kalayaan kaysa pederal na republika. Sa madaling sabi, hindi isang pederal na republika kundi isang *sentralisadong* republika ang nakapagbigay ng *pinakamalaking* kalayaan na lokal, pamprobinsya at iba pang kalayaang alam sa kasaysayan.

Hindi sapat ang atensyong ibinigay at ibinibigay ng ating propaganda at ahitasyong pampartido tungkol sa katotohanang ito, katulad ng sa buong usapin ng pederal at sentralisadong mga republika at lokal na pamamahala sa sarili.

5. ANG PAUNANG SALITA NG 1891 SA *ANG DIGMAANG SIBIL SA FRANCE* NA SINULAT NI MARX

Sa kanyang paunang salita sa ikatlong edisyon ng *Ang Digmaang Sibil sa France* (ang paunang salitang ito’y may petsang Marso 18, 1891 at unang inilathala sa *Neue Zeit*), binuod ni Engels nang buong ganda ang mga aral ng Komuna, bukod sa maraming ibang interesanteng pangungusap na sinabi nang walang anuman tungkol sa mga usapin ng aktitud sa estado.²³ Marapat ngang sabihing *buling salita* ng Marxismo tungkol sa usaping tinatalakay ang pagbuuod na ito, na pinagtibay ng lahat ng karanasan ng

dalawampung taon naghihiwalay sa may-akda at Komuna, at nakatuon laluna laban sa “mapamahiing paniniwala sa estado” na napakalaganap sa Germany.

Sa France, obserbasyon ni Engels na armado ang mga manggagawa matapos ang bawat rebolusyon,

“at kung gayon, ang pagdidisarma sa mga manggagawa ang unang kautusan ng alinmang burges na kumokontrol sa estado. Kaya pagkaraan ng bawat rebolusyong ipinanalo ng mga manggagawa, may panibagong pakikibaka na nagwawakas sa pagkatalo ng mga manggagawa.”*

Kung gaano kaikli ang paglalagom na ito ng karanasan ng mga rebolusyong burges ay ganoon din kalamam ito. Ang esensya ng usapin – na esensya rin ng usapin ng estado (may armas ba ang inaaping uri?) – ay sapol na sapol dito. Ang esensyal na bagay na ito mismo ang pinakainiiwasan kapwa ng mga propesor na naiimpluwensyahan ng ideolohiyang burges at ng mga demokratang petiburges. Sa Rebolusyong Ruso ng 1917, napunta kay Tsereteli, na “Menshevik” at isang “Marxista rin”, ang karangalan (karangalang Cavaignac²⁴) na ibunyag ang sikretong ito ng mga rebolusyong burges. Sa “makasaysayang” talumpati ni Tsereteli noong Hunyo 11, ibinulalas niya ang desisyon ng burgesya na disarmahan ang mga manggagawa ng Petrograd – mangyari pa’y, sinasabi niyang sarili niyang desisyon ito, at kailangan-kailangan ito ng “estado”!*

Ang makasaysayang talumpati ni Tsereteli noong Hunyo 11 ay tiyak na magsisilbi para sa lahat ng istoryan ng rebolusyon ng 1917 bilang isa sa pinakamalilinaw na ilustrasyon kung paano bumaling ang bloke ng mga Sosyalista-Rebolusyonaryo at Menshevik, sa pamumuno ni G. Tsereteli, sa panig ng burgesya *laban* sa rebolusyonaryong proletaryado.

Tungkol sa relihiyon ang isa pang insidental na pangungusap ni Engels, kaugnay din ng usapin ng estado. Alam ng lahat na habang nabubulok at lalo pang nagiging oportunistang Sosyal-Demokrasya sa Germany, lalong dumalas ang pagdausdos nito sa pilistinong misinterpretasyon ng bantog na pormulang “Ang relihiyon ay pansarili.” Ibig sabihin, binaluktot ang pormulang ito para mangahulugan na ang relihiyon ay pansarili *kabit na para sa partido* ng rebolusyonaryong proletaryado! Dahil sa ganap na pagtatraydor na ito sa rebolusyonaryong programa ng proletaryado kaya matindi ang protesta ni Engels. Noong 1891, nakita lamang niya ang *napakahinang* umpisa ng oportunismo sa kanyang partido, at kung gayon, napakaingat niyang inilahad ang sarili kaugnay ng paksa:

“Dahil halos walang eksepsyong mga manggagawa o kilalang mga kinatawan ng mga manggagawa ang nakaupo sa Komuna, nagtataglay ng katangiang proletaryong-proletaryo ang mga desisyon nito. Nagdekreto sila ng mga reporma na hindi pinagtibay ng republikanong burgesya dahil lamang sa kanilang kaduwagan, pero nagbibigay ng kinakailangang batayan para sa malayang aktibidad ng uring manggagawa – tulad ng pagpapatibay sa prinsipyo na *kaugnay ng estado*, ang relihiyon ay pansarili lamang – o kaya’y nagpoproklama sila ng mga dikreto na tuwirang para sa interes ng uring manggagawa at sa isang antas ay malalim na humihiwa sa dating kaayusan ng lipunan.”

Sadyang ipinagdiin ni Engels ang mga salitang “kaugnay ng estado” bilang tuwirang pagsaksak sa puso ng oportunismo sa Germany, na nagdeklarang ang relihiyon ay pansarili *kaugnay ng Partido*, at sa gayo’y ibinaba ang partido ng rebolusyonaryong proletaryado sa antas ng pinakabulgar na

* Tingnan ang Introduksyon ni Engels sa edisyong 1891 ng *Ang Digmaang Sibil sa France*.

* Nadulas dito at sa susunod si Lenin: ang “makasaysayang” talumpati ni Tsereteli ay binigkas hindi noong Hunyo 22, kundi noong Hunyo 24. Para sa karagdagang detalye hinggil sa talumpating ito, tingnan ang *Rebolusyon ng 1917* ni Lenin, *Tinipong mga Akda*, Tomo XX, tala 255.

pilistinismong “malayang pag-iisip”, na handang magpahintulot sa katayuang walang sekta pero nagtatakwil sa lahat ng pakikibaka ng *partido* laban sa opyum ng relihiyon na tumutuliro sa mga tao.

Sa pagtalunton ng magiging istoryan ng Sosyal-Demokrasya sa Germany sa saligang mga ugat ng kahiya-hiyang pagbagsak nito noong 1914, makakakita siya ng maraming materyal na pumapatungkol sa usaping ito, simula sa paiwas na mga deklarasyon sa mga artikulo ng pang-ideolohiyang lider ng Partido na si Kautsky, na nagpapasok nang husto sa oportunismo, at nagtatapos sa aktitud ng partido sa “*los-von-der-kirche-bewegung*” (kilusan para sa pagbabawi ng patronahe ng estado sa simbahan) noong 1913.

Tingnan namin natin kung paano nilagom ni Engels para sa nakikibakang proletaryado ang mga aral ng Komuna pagkaraan ng dalawampung taon.

Naririto ang mga aral na binigyan ng pangunahing importansya ni Engels:

“Ang mapang-aping kapangyarihan mismo ng dating sentralisadong guberno – ang hukbo, pampulitikang pulisya at burukrasya na nalikha ni Napoleon noong 1798 at magmula noo’y ginamit ng bawat bagong guberno bilang katanggap-tanggap na instrumento at ginamit laban sa mga kaaway nito – ang kapangyarihang ito mismo ang dapat bumagsak sa lahat ng lugar, tulad ng pagbagsak na nito sa Paris.

“Mula’t sapul, napilitan ang Komuna na kilalanin na sa sandaling makapwesto sa kapangyarihan, ang uring manggagawa ay hindi makakagana sa pamamagitan ng lumang makinaryang pang-estado; para hindi mawala muli ang kanyang kaaagaw pa lamang na pusisyon sa kapangyarihan, sa isang banda’y dapat isantabi ng uring manggagawa ang lahat ng lumang makinaryang mapaniil na dating ginamit laban sa sarili, at sa kabilang banda, ipagsanggalang ang sarili laban sa sariling mga kinatawan at upisyal sa pamamagitan ng pagdedeklara na maaaring alisin silang lahat anumang oras nang walang eksepsyon.”

Paulit-ulit na binigyang diin ni Engels na hindi lamang sa isang monarkiya mananatiling estado bilang estado kundi *pati sa demokratikong republika*, ibig sabih’y mananatili ang pundamental at likas na katangian ng pagtatransporma sa mga upisyal, ang “mga lingkod ng lipunan”, sa mga organo nito, bilang mga *panginoon* ng lipunan.

“Dalawang di maaaring magkamaling paraan ang ginamit ng Komuna laban transpormasyong ito ng estado at mga organo ng estado mula sa pagiging lingkod ng lipunan tungo sa pagiging mga panginoon ng lipunan – isang proseso na di maiiwasang mangyari sa lahat ng naunang estado. Unang-una, naglagay ng tao sa lahat ng pwesto – administratibo, hudisyal at pang-edukasyon – sa pamamagitan ng eleksiyong nakabatay sa pagboto ng lahat ng kinauukulan, at ang mga inihalal na ito’y pwedeng alisin anumang oras ng mga bumoto sa kanila. At ikalawa, ang lahat ng upisyal, mataas man o mababa, ay tumanggap lamang ng sahod na natatanggap ng iba pang manggagawa. Ang pinakamataas na ipinasweldo ng Komuna sa kahit kanino ay anim na libong *francs*.* Sa paraang ito, naitayo ang isang epektibong hadlang sa paghahabol ng pusisyon at kareerismo, na hiwalay pa sa

* Sa papel, ang katumbas nito’y mga 2,400 *rubles* bawat taon; ayon naman sa kasalukuyang palitan, ang katumbas nito’y mga 6,000 *rubles*. Nakagagawa ng walang kapatawarang pagkakamali ang mga Bolshevik na nagpapanukala ng sahod na 9,000 *rubles* para sa mga kagawad ng administrasyong munisipal, halimbawa, sa halip na magmungkahi ng maksimum na sweldo na 6,000 *rubles para sa buong estado* — isang halagang makasasapat na para kaninuman.

[Dapat tandaan na ang mga halagang sinipi ni Lenin bilang posibleng pasahod ay nakalahad sa salaping papel ng ikalawang hati ng 1917. Isinulat ang *Ang Estado at Rebolusyon* noong Agosto 1917, nang ang halaga ng Rusong *rubleng* papel ay bumagsak nang mas mababa pa sa sangkatlo ng halaga nito.]

makapangyarihang mga atas sa mga delegado sa representatibong mga organo, na napakarami pang idinagdag....

Dito’y nahaharap si Engels sa interesanteng hangganan kung saan ang konsistenteng demokrasya sa isang banda ay *natatransforma* sa sosyalismo, at sa kabilang banda nama’y *hinibingi* nito ang introduksyon ng sosyalismo. Dahil para wasakin ang estado, ang mga tungkulin ng gubyerno ay dapat gawing simpleng mga operasyon ng kontrol at akawnting na nasa kapasidad ng malawak na mayorya ng populasyon, at sa ultimo, ng bawat indibidwal. At para mapawi nang lubusan ang karerismo, dapat gawing *imposible* na magamit ang mga “kagalang-galang” pero walang sweldong pwesto sa serbisyong publiko para maging tuntungan sa isang pwestong napakalaki ng kita sa mga bangko o kumpanyang sosyohan, tulad ng *laging* nangyayari sa lahat ng pinakamalalayang kapitalistang bayan.

Sa pagtalakay, halimbawa, sa usapin ng karapatan ng mga bansa na magpasya sa sarili, hindi nagkamali si Engels tulad ng nagawang pagkakamali ng ilang Marxista nang sabihin nila na imposible ito sa ilalim ng kapitalismo at hindi na kakailanganin sa ilalim ng sosyalismo. Ang ganoong pahayag, na mahusay sa unang tingin pero mali sa katunayan, ay maaaring sabihin kaugnay ng *alinmang* demokratikong institusyon, kabilang ang katamtamang sahod para sa mga upisyal; dahil imposible ang ganap na konsistenteng demokrasya sa ilalim ng kapitalismo, samantalang *maglalabo* naman ang lahat ng demokrasya sa ilalim ng sosyalismo.

Ito’y sopismo na maihahambing sa lumang katawa-tawang usapin kung nakakalbo ba ang isang tao kung malagasan siya ng isang buhok.

Ang pagpapaunlad ng demokrasya sa *lobikal na kongklusyon nito*, ang paghahanap ng *mga anyo* para sa pag-unlad na ito, ang pagsusubok ng mga ito sa praktika, at iba pa – ang lahat ng ito’y isa sa pundamental na mga tungkulin ng pakikibaka para sa rebolusyong panlipunan. Kung hiwa-hiwalay, walang tipo ng demokrasya ang magluluwal ng sosyalismo. Pero sa tunay na buhay, hindi kailanman “mapaghihiwa-hiwalay” ang demokrasya; “kasama” ito ng iba pang bagay, iimpluwensyahan din nito ang buhay pang-ekonomya, at itutulak ang reorganisasyon nito; maiimpluwensyahan naman ito ng pag-unlad ng ekonomya, at iba pa. Ganyan ang diyalektika ng buhay na kasaysayan.

Patuloy ni Engels:

“Detalyadong ipinaliwanag sa ikatlong seksyon ng *Ang Digmaang Sibil* ang pagdudurog na ito [*Sprengung*] sa dating kapangyarihang pang-estado at pagpapalit dito ng isang bago at tunay na demokratikong kapangyarihan. Pero kailangang talakayin muli dito nang maikli ang ilan sa mga katangian nito, dahil ang mapamahiing paniniwala sa estado ay nadala mula sa pilosopya tungo sa pangkalahatang kamulatan ng burgesya at kahit ng maraming manggagawa, laluna sa Germany. Ayon sa konseptong ito sa pilosopya, ang estado ay ang “katuparan ng ideya”, o Kaharian ng Diyos sa lupa, sa lenggwahe ng pilosopya: ang estado ay ang larangan kung saan natutupad o dapat matupad ang eternal na katotohanan at katarungan. At sa konseptong ito nagmumula ang mapamahiing paggalang sa estado at lahat ng kunektado rito, na lalong madaling nakakapag-ugat dahil mula pagkabata’y nasanay na ang mga tao na isiping hindi mapapangasiwaan at maipagsasanggalang ang mga usapin at interes ng buong lipunan sa anumang paraan liban sa pamamaraan nito sa nakaraan, ibig sabihin, sa pamamagitan ng estado at mga upisyal na mataas ang sweldo. At akala ng mga tao’y napakapangahas na ang kanilang ginawang pagsulong nang iwaksi nila ang paniniwala sa monarkiyang namamana at naging kapanalig ng demokratikong republika. Gayunman, sa katunayan, ang estado’y walang iba kundi makinarya sa pang-aapi ng isang uri sa isa pang uri, at totoo rin ito sa demokratikong republika tulad sa monarkiya; at sa pinakamainam, isa itong kasamaang mamanahin ng proletaryado pagkaraan ng matagumpay na pakikibaka para sa makauring paghahari, isang kasamaang tiyak na tatagpasin ang pinakamasasamang bahagi sa pinakamaagang sandaling posible ng matagumpay na proletaryado, tulad ng Komuna, hanggang

dumating ang panahong maaari nang itapon sa basurahan ng isang bagong henerasyong lumaki sa bago at malayang kalagayang panlipunan ang lahat ng basurang pang-estadong ito.”

Binalaan ni Engels ang mga German na huwag nilang kalimutan ang pundamental na mga prinsipyo ng sosyalismo tungkol sa usapin ng estado sa pangkalahatan, sakali mang mapalitan ng republika ang monarkiya. Sa kasalukuyan, ang mga babala niya ay parang tuwirang mga pangaral kina G. Tsereteli at Chernov, na sa kanilang taktikang “koalisyon” ay naglantad ng kanilang mapamahiing paniniwala at paggalang sa estado!

Dalawa pang punto. Una, kung sinasabi ni Engels na sa demokratikong republika, “tulad” sa monarkiya, ang estado ay nananatiling “makinarya para sa pang-aapi ng isang uri sa isa pang uri”, hindi ito nangangahulugan na balewala na sa proletaryado ang *anyo* ng pang-aapi, gaya ng “ipinapangaral” ng ilang Anarkista. Makakatulong nang malaki sa proletaryado sa pakikibaka nito para sa pagpawi ng lahat ng uri ang mas malawak, mas malaya at mas hayag na *anyo* ng tunggalian ng mga uri at ng makauring pang-aapi.

Pangalawa, kung bakit isang bagong henerasyon lamang ang maaaring makapagtapos sa lahat ng basurang pang-estado – ang usaping ito ay mahigpit na nakaugnay sa usapin ng paggapi sa demokrasya, na tatalakayin natin ngayon.

6. SI ENGELS TUNGKOL SA PAGGAPI SA DEMOKRASYA

Nagkaroon ng pagkakataon si Engels na ipahayag ang kanyang mga pananaw tungkol sa paksang ito kaugnay ng usaping hindi syentipiko ang terminong “Sosyal-Demokrata”.

Sa introduksyon sa isang edisyon ng kanyang mga artikulo noong dekadang 1870 tungkol sa iba’t ibang paksa, pangunahin sa mga usaping “internasyunal” (*Internationales aus dem Volksstaat*²⁵) na may petsang Enero 3, 1894, na sinulat isang taon at kalahati bago siya namatay, sinabi ni Engels na kanyang ginamit ang salitang “Komunista” sa lahat ng kanyang mga artikulo at *hindi* ang salitang “Sosyal-Demokrata” dahil sa panahong iyo’y Sosyal-Demokrata ang tawag ng mga Proudhonista sa France at ng mga Lassalleans sa Germany sa kanilang sarili.

Para kay Marx at sa akin – sabi ni Engels – napakaimposibleng gamitin ang termino na may sapat na kaluwagan para makapaglinaw ng aming espesyal na pananaw. Iba na ngayon ang mga bagay-bagay, at papasa marahil [*mag passieren*] ang salitang (“Sosyal-Demokrata”), gaanuman pa rin ito di kaangkop [*unpassend*] para sa partidong ang programang pang-ekonomya ay hindi lamang Sosyalista sa pangkalahatan kundi tuwirang Komunista, at paggapi sa buong estado ang ultimong layunin sa pulitika, at kung gayon, pati rin sa demokrasya. Hindi kailanman angkop na angkop ang mga pangalan ng *tunay* [pagdidiin ni Engels] na mga partidong pampulitika; umuunlad ang partido samantalang nananatili ang pangalan.²⁶

Nanatiling tapat sa diyalektika ang diyalektisyan na si Engels hanggang siya’y mamatay. Sinabi niya na si Marx at siya ay may mahusay at syentipikong presisong pangalan para sa partido, pero wala namang tunay na partido, ibig sabihin, wala namang proletaryong pangmasang partido. Ngayon, sa pagtatapos ng ikalabinsiyam na siglo, may tunay na partido pero hindi naman syentipikong presiso ang pangalan nito. Hindi bale, “papasa na ito” kung *umuunlad* lamang ang Partido, kung hindi lamang itatago rito ang pagiging di presiso sa syensya ng pangalan nito, at kung hindi lamang hahayaang humadlang ito sa pag-unlad sa tamang direksyon!

Marahil, aaliwin tayong mga Bolshevik ng ilang palabiro tulad ng paraan ni Engels: tayo’y may tunay na partido, mahusay na umuunlad ito; kahit ang ganoong walang katuturan at asiwang terminong

tulad ng “Bolshevik” ay “papasa na”, bagamat wala itong ipinapahayag kundi ang aksidental na pangyayari na sa Kongresong Brussels-London ng 1903 ay mayorya tayo. . .^{*27} Marahil ngayong nirerespeto na ng lahat ang pangalang “Bolshevik” dahil sa pag-uusig ng republikano at “rebolusyonaryong” demokrasyang petiburges noong Hulyo at Agosto, at isa pa, dahil ngayong kinakatawan ng pag-uusig na ito ang napakalaking istorikong pagsulong ng ating Partido sa *aktwal* na pag-unlad nito – marahil, kahit ako’y mag-aatubiling maggiit ng iminungkahi ko noong Abril na baguhin ang pangalan ng ating Partido. Marahil, imumungkahi ko ang isang “kompromiso” sa aking mga kasama, na tawagin nating Partido Komunista ang sarili, pero pananatilihin ang salitang “Bolshevik” sa panaklong. . . .

Pero malayong hindi kasinghalaga ang usapin ng pangalan ng Partido kung ikukumpara sa usapin ng relasyon ng rebolusyonaryong proletaryado sa estado.

Sa mga argumento tungkol sa estado sa kasalukuyan, laging nagkakamali sa bagay na nagbabala si Engels at nabanggit din natin sa itaas, ibig sabihin, madalas na makalimutan na ang pagwawasak ng estado ay nangangahulugan din ng pagwawasak ng demokrasya; ang paglalaho ng estado ay nangangahulugan din ng paglalaho ng demokrasya.

Sa unang tingin, mukhang nakakapagtaka nang husto at di maunawaan ang pahayag na ito; maaari pa ngang matakot ang ilan na inaasahan natin ang pagdating ng isang kaayusan ng lipunan kung saan hindi rerespetuhin ang prinsipyong ang minorya’y nakapailalim sa mayorya – dahil hindi ba’t ang demokrasya ay pagkilala mismo sa prinsipyong ito?

Hindi. Ang demokrasya ay *hindi* sinkahulugan ng pagpapailalim ng minorya sa mayorya. Ang demokrasya ay isang *estado* na kumikilala sa pagpapailalim ng minorya sa mayorya, ibig sabihin’y isang organisasyon para sa sistematikong paggamit ng *karahasan* ng isang uri laban sa isa pang uri, ng isang bahagi ng populasyon laban sa isa pang seksyon.

Itinakda natin para sa sarili ang ultimong layunin na wasakin ang estado, ibig sabihin, ang lahat ng organisado at sistematikong karahasan, ang lahat ng paggamit ng karahasan laban sa tao sa pangkalahatan. Hindi natin inaasahan ang pagdating ng isang kaayusan ng lipunan kung saan hindi susundin ang prinsipyong ang minorya ay nakapailalim sa mayorya. Pero sa pagsisikap na matamo ang sosyalismo, kumbinsido tayo na uunlad ito tungong Komunismo; at kasabay nito’y lubusang mawawala ang lahat ng pangangailangan para sa pwersa, para sa *pagpapailalim* ng tao sa tao, at ng isang bahagi ng populasyon sa isa pang bahagi, dahil *masasanay* ang mga tao na sundin ang pangunahing mga kundisyon ng buhay panlipunan nang *walang pwersahan at walang pagpapailalim*.

Para mabigyan ng diin ang elementong ito ng kaugalian, nagbabanggit si Engels ng isang *bagong benerasyon*, “na lumaki sa bago at malayang kalagayang panlipunan”, na “makakapagtapon ng lahat ng basurang pang-estado sa basurahan” – lahat ng tipo ng estado, kabilang pati na ang demokratiko-republikanong estado.

Para maipaliwanag ito’y kailangang suriin ang usapin ng batayan sa ekonomya ng paglalaho ng estado.

KABANATA V

* Si Lenin at ang kanyang mga kapanalig sa hanay ng mga delegado sa kongresong ito ay nakatamo ng mayorya sa pundamental na usapin sa organisasyon at pulitika, at matapos noon ay tinaguriang mga *Bolshevik*, mula sa salitang Ruso na *Bolsbinstvo*, na nangangahulugang mayorya; ang mga kapanalig ng kabilang grupo ay tinaguriang mga *Menshevik*, mula sa salitang Ruso na *Mensbinstvo*, na nangangahulugang minorya.

ANG BASE SA EKONOMYA NG PAGLALAHO NG ESTADO

Isang napakadetalyadong paglilinaw tungkol sa usaping ito ang ibinigay ni Marx sa kanyang *Kritika sa Programang Gotha* (sulat kay Bracke, Mayo 15, 1875 na nailathala lamang noong 1891 sa *Neue Zeit*, Tomo 9, 1, at sa isang hiwalay na edisyong Ruso). Natabunan ng parteng polemika ng mahusay na akdang ito, na may puna sa Lassalleanismo, ang positibong parte, ang pagsusuri ng ugnayan ng pag-unlad ng komunismo at paglalaho ng estado.

1. ANG PORMULASYON NI MARX SA USAPIN

Sa pahapyaw na paghahambing ng sulat ni Marx kay Bracke noong Mayo 15, 1875 at sulat ni Engels kay Bebel noong Marso 28, 1875 na nasuri na natin, maaaring magmistulang mas “maka-estado” si Marx kaysa kay Engels, at napakalaki ng pagkakaiba ng opinyon ng dalawang manunulat tungkol sa usapin ng estado.

Iminungkahi ni Engels kay Bebel na lubusang itigil ang lahat ng satsat tungkol sa estado, na alisin nang lubusan sa programa ang salitang “estado” at ipalit dito ang salitang “komunidad”; sinabi pa nga ni Engels na ang Komuna ay hindi na estado sa tamang pakahulugan ng salita. Si Marx naman ay may sinasabi pang “estado sa hinaharap [*Staatswesen*] sa Komunistang lipunan,” ibig sabihin, para bang kinikilala niya na kailangan ang estado kahit sa ilalim ng Komunismo.

Pero sa saliga’y mali ang ganoong pananaw. Kung mas mahigpit na susuriin, makikita na parehong-pareho ang mga pananaw nina Marx at Engels tungkol sa estado at paglalaho nito, at ang nabanggit na pangungusap ni Marx ay tumutukoy lamang sa paglalahong ito ng estado.

Malinaw na hindi usapin kung kailan ang takdang sandali ng “paglalaho” sa *hinaharap* – lalo pa’t dahil malinaw na mahabang proseso ito. Ang wari’y pagkakaiba nina Marx at Engels ay dahil sa magkakaibang paksa ang kanilang tinatalakay at magkakaibang layunin ang kanilang pinagtutuunan. Nilayon ni Engels na ipakita kay Bebel sa paraang malinaw, buhay at sa masaklaw na balangkas ang ganap na kabalbalan ng kasalukuyang mga pamahiin tungkol sa estado, na palagay din ni Lassalle hanggang sa isang antas. Pahapyaw lamang na nabanggit ni Marx ang usaping ito dahil interesado siya pangunahin sa ibang paksa – ang *ebolusyon* ng lipunang Komunista.

Ang buong teorya ni Marx ay ang paglalapat ng teorya ng ebolusyon – sa pinakakonsistente, pinakakumpleto, pinag-aralan nang husto at pinakamabungang anyo – tungo sa modernong kapitalismo. Natural para kay Marx na iharap ang usapin ng paglalapat ng teoryang ito kapwa sa *napipintong* pagbagsak ng kapitalismo at ebolusyon sa *hinaharap* ng Komunismo sa *hinaharap*.

Kung gayon, sa anong *datos* ibabatay ang usapin ng ebolusyon ng komunismo sa hinaharap?

Ibabatay ito sa katotoohang *ito ay nagmula* sa kapitalismo, na sa kasaysayan ay umuunlad ito mula sa kapitalismo, na resulta ito ng aksyon ng isang pwersang panlipunan na *isinilang* ng kapitalismo. Walang ni anino ng pagsisikap sa bahagi ni Marx na lumikha ng isang Utopya, gumawa ng ideyalistang mga hula tungkol sa mga bagay na hindi maaaring malaman. Tinatalakay ni Marx ang usapin ng Komunismo tulad ng pagtalakay ng isang naturalista sa usapin ng ebolusyon halimbawa ng isang bagong uring bayolodyikal, kung malaman niyang ganoo’t ganito ang pinagmulan nito at ganoo’t ganito ang direksyon ng pagbago nito.

Unang-una na, isinasantabi ni Marx ang kalituhang idinulot ng Programang Gotha sa usapin ng relasyon ng estado at lipunan.

“Ang ‘kontemporaryong lipunan’ ay kapitalistang lipunan” – aniya – “na umiiral sa lahat ng sibilisadong bayan, humigit-kumulang, walang halong midyebal, at humigit-kumulang, nabago ng

partikular na istorikong pag-unlad ng bawat bayan at medyo maunlad. Kumpara dito, nag-iiba-iba ang 'kontemporaryong estado' sa bawat pang-estadong hangganan. Naiiba ang estado ng Imperyong Prusso-German sa estado ng Switzerland, naiiba ito sa England sa estado sa United States. Kung gayon, kathang-isip lamang ang 'kontemporaryong estado.'"

"Gayunpaman, sa kabila ng napakaraming iba't ibang anyo ng mga ito, ang iba't ibang estado sa iba't ibang sibilisadong bayan, taglay ng lahat ng ito ang ganitong katangian: nakabatay ang lahat ng ito sa modernong lipunang burges, at naiiba lamang sa antas ng kapitalistang pag-unlad. Bunga nito, silang lahat ay mayroon ding ilang esensyal na katangiang magkakapareho. Sa pakahulugang ito, posibleng mapag-usapan ang 'kontemporaryong estado' kakumpara sa hinaharap, kapag pumanaw na ang kasalukuyang ugat nito, ang burges na lipunan."

"Lumilitaw kung gayon ang tanong: anong transpormasyon ang daraanan ng estado sa Komunistang lipunan? Sa madaling sabi, ano'ng mga tungkuling panlipunan ang mananatili na katulad ng kasalukuyang mga tungkulin ng estado? Ang tanong na ito'y masasagot lamang sa syentipikong paraan, at ilang libo mang ulit nating ikumbina ang salitang 'mamamayan' sa salitang estado, hindi tayo makalalapit sa usapin nang kahit isang lukso ng pulgas."²⁸

Matapos kutyain nang gayon ni Marx ang lahat ng satsat tungkol sa "estado ng mamamayan," binabalangkas naman niya ang tanong at para bang binabalaan tayo na para makakuha ng syentipikong sagot, dapat sumalig lamang sa syentipikong datos na matatag nang napatunayan.

Sa kasaysayan, walang dudang dapat magkaroon ng isang espesyal na yugto o kapanahunan ng *transisyon* mula sa kapitalismo tungo sa Komunismo – ito ang unang katotohanang napatunayan nang ganap na presiso ng buong teorya ng ebolusyon, ng syensya sa kabuuan – isang katotohanang nakalimutan ng mga naniniwala sa Utopya, at nakakalimutan ng kasalukuyang mga oportunistang takot sa Sosyalistang rebolusyon.

2. ANG TRANSISYON MULA SA KAPITALISMO TUNGO SA SOSYALISMO

"Sa pagitan ng kapitalista at Komunistang lipunan," patuloy ni Marx, "naririyang ang panahon ng rebolusyonaryong transpormasyon ng kapitalistang lipunan tungo sa Komunistang lipunan. Tumutugma rin ito dito ang isang yugto ng transisyon sa pulitika, kung saan ang estado'y hindi maaaring hindi maging *rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado*."

Ibinabatay ni Marx ang kongklusyong ito sa pagsusuri sa papel na ginagampanan ng proletaryado sa modernong kapitalistang lipunan, sa datos kaugnay ng ebolusyon ng lipunang ito at kalagayang di mapapagkasundo ang magkakasalungat na interes ng proletaryado at burgesya.

Noong una'y ganito inilalahad ang usapin: para makamit ng proletaryado ang pagpapalaya sa sarili, dapat nilang ibagsak ang burgesya, agawin ang kapangyarihang pampulitika at itatag ang sariling rebolusyonaryong diktadura.

Ngayo'y iba nang kaunti ang paglalahad ng usapin: imposible ang transisyon mula sa kapitalistang lipunan tungo sa Komunismo, tungo sa Komunistang lipunan, kung walang "yugto ng transisyon sa pulitika", at ang estado sa panahong ito ay maaari lamang maging rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado.

Kung gayon, ano ang relasyon ng diktadurang ito sa demokrasya?

Nakita natin na pinagtabi lamang sa *Manipestong Komunista* ang dalawang ideya: ang "transpormasyon ng proletaryado bilang naghaharing uri" at "pagtatatag ng demokrasya". Batay sa lahat ng nabanggit na, maaaring tukuyin nang mas eksakto kung paano nagbabago ang demokrasya sa transisyon mula sa kapitalismo tungo sa Komunismo.

Sa kapitalistang lipunan, sa mga kondisyong pinakapaborable para sa pag-unlad nito, humigit-kumulang, mayroong ganap na demokrasya sa republikang demokratiko. Pero ang demokrasyang ito’y laging nakatali sa makitid na balangkas ng pagsasamantalang kapitalista, at bunga nito, sa katunaya’y laging mananatiling demokrasya para sa minority, para lamang sa mga uring may ari-arian, para lamang sa mayayaman. Laging mananatiling kapareho ng kalayaan sa sinaunang mga republikang Griyego ang kalayaan sa kapitalistang lipunan: kalayaan para sa mga nagmamay-ari ng alipin. Dahil sa mga kalagayan ng pagsasamantalang kapitalista, dinaganan nang husto ng kasalatan at kahirapan ang modernong mga aliping sahurang kung kaya’t “walang kabuluhan sa kanila ang demokrasya,” “walang kabuluhan sa kanila ang pulitika”; kung kaya’t sa karaniwan at mapayapang takbo ng mga pangyayari, inaalis ng karapatang lumahok sa buhay panlipunan at pampulitika ang majority ng mamamayan.

Ang kawastuan ng pahayag na ito ay malinaw na malinaw na napatunayan ng Germany dahil nga nagtagal at nanatiling istable sa bayang ito ang konstitusyonal na ligalidad sa mahaba-habang panahon – sa halos kalahating siglo (1871-1914) – at dahil sa panahong ito, ibayong mas marami ang nakamit ang Sosyal-Demokrasya sa Germany kaysa iba pang bayan sa “paggamit ng ligalidad” at mas malaking bilang ng mga manggagawa ang naorganisa sa partidong pampulitika kaysa sa ibang bahagi ng daigdig.

Ano kung gayon itong pinakamalaking bilang ng mulat sa pulitika at aktibong mga aliping sahurang na makikita sa lipunang kapitalista? Isang milyong myembro ng Partido Sosyal-Demokratiko – mula sa labinlimang milyong manggagawang sahurang! Tatlong milyong naorganisa sa mga unyon – mula sa labinlimang milyon!

Demokrasya para sa di makabuluhang minority, demokrasya para sa mayayaman – ganyan ang demokrasya ng kapitalistang lipunan. Kung mas masusi nating susuriin ang mekanismo ng kapitalistang demokrasya, makikita natin sa lahat ng lugar, kapwa sa “maliliit” – maliliit diumano – na mga detalye tungkol sa karapatang bumoto (kwalipikasyon sa paninirahan, pagpupwera sa kababaihan, atbp.), at sa teknik ng representatibong mga institusyon, sa aktwal na mga hadlang sa karapatang magtipun-tipon (ang pampublikong mga gusali ay hindi para sa “mga pulubi”!), sa purong kapitalistang organisasyon ng arawang dyaryo, atbp., atbp. – makikita natin ang patung-patong na restriksyon sa demokrasya sa lahat ng panig. Ang mga restriksyong ito, mga eksepsyon, pagpupwera at paghahadlang sa mahirap, ay mukhang magaan, laluna sa mga mata ng taong hindi kailanman nakaranas ng kasalatan at hindi kailanman mahigpit na nakaugnay sa mga inaaping uri sa kanilang pangmasang buhay (at siyam sa sampu, kung hindi man siyamnapu’t siyam sa sandaan, ng burges na mga publisista at pulitiko ang nasa kategoryang ito) pero sa suma total, inaalis at ipinupwera ng mga restriksyong ito ang mga maralita sa pulitika at sa aktibong partisipasyon sa demokrasya.

Mahusay na nasapol ni Marx ang *esensyang* ito ng kapitalistang demokrasya nang sa pagsusuri ng karanasan ng Komuna ay sinabi niya na pinapayagan ang mga inaapi na magdesisyon minsan sa ilang taon kung aling partikular na mga kinatawan ng mapang-aping uri ang uupo sa parlamento para katawin at supilin sila!

Pero hindi umuunlad nang pasulong, simple, madulas at tuwiran mula sa kapitalistang demokrasyang ito – na di maiwasang maging makitid at pinong nagtatakwil sa mga maralita, at sa gayo’y ipokrito at huwad sa kaibuturan – tungo sa “palawak nang palawak na demokrasya”, tulad ng nais ipapaniwala sa atin ng liberal na mga propesor at oportunistang petiburges. Hindi, nagmamartsa pasulong ang kaunlaran, ibig sabihin, patungong Komunismo, sa pamamagitan ng diktadura ng proletaryado; hindi maaaring hindi maging ganoon, dahil walang iba pa, at wala nang ibang paraan para *basagin ang paglaban* ng kapitalistang mga mapagsamantala.

Subalit hindi paglawak lamang ng demokrasya ang malilikha ng diktadura ng proletaryado – ibig sabihin, ang organisasyon ng taliba ng inaapi bilang naghaharing uri para sa layuning supilin ang mga nang-aapi. *Kasabay* ng napakalaking paglawak ng demokrasya, na *sa kauna-unahang pagkakataon* ay magiging demokrasya para sa mga maralita, demokrasya para sa mamamayan at hindi demokrasya para sa mayayaman, lumilikha ang diktadura ng proletaryado ng isang serye ng mga restriksyon sa kalayaan

ng mga mapang-api, mga mapagsamantala, mga kapitalista. Dapat natin silang supilin para mapalaya ang sangkatauhan sa pang-aalipin sa sahod; dapat durugin sa pamamagitan ng pwera ang kanilang paglaban; malinaw na kung saan may panunupil, mayroon ring karahasan, at walang kalayaan at walang demokrasya.

Mahusay na inilahad ito ni Engels sa kanyang sulat kay Bebel nang sabihin niya, tulad ng maaalala ng mambabasa, na “hanggang *kailangan* pa ng proletaryado ang estado, kailangan niya ito hindi sa interes ng kalayaan kundi para durugin ang kanyang mga kaaway, at sa sandaling posible nang sabihing may kalayaan, hindi na iiral ang estado bilang estado.”

Demokrasya para sa malawak na mayorya ng mamamayan, at panunupil sa pamamagitan ng pwera, ibig sabihin, pagpupwera sa demokrasya, sa mga mapagsamantala at nang-aapi sa mamamayan – ito ang modipikasyon sa demokrasya sa panahon ng *transisyon* mula sa kapitalismo tungo sa Komunismo.

Sa lipunang komunista lamang, kapag ganap nang nadurog ang paglaban ng mga kapitalista, kapag naglaho na ang mga kapitalista, kapag wala nang mga uri (ibig sabihin, kung wala nang pagkakaiba-iba ang mga myembro ng lipunan kaugnay ng kani-kanilang relasyon sa panlipunang mga kagamitan sa produksyon), sa *panabong iyon lamang* “hindi na iiral ang estado”, at “*posible nang sabihing may kalayaan*”. Saka lamang magiging posible at makakamit ang tunay na ganap na demokrasya, isang demokrasyang talagang walang anumang eksepsyon. At saka lamang magsisimulang maglaho ang demokrasya dahil sa malinaw na katotohanang *masasanay* na ang mamamayan sa pagsunod sa pangunahing mga tuntunin ng buhay panlipunan na alam na ng lahat sa loob ng maraming siglo at inulit-ulit sa loob ng libu-libong taon sa lahat ng aklat pampaaralan, dahil napalaya na ang mamamayan sa kapitalistang pang-aalipin, sa mga wala pang katulad na sindak, kabangisan, kabalbalan at kasamaan ng kapitalistang pagsasamantala; masasanay silang sundin ang mga ito nang walang gagamiting lakas, walang pamumwersa, walang subordinasyon, walang *espesyal na makinarya* sa pamumwersa na tinaguriang estado.

Angkop na angkop ang mga salitang “*naglalabo* ang estado” dahil tinutukoy nito kapwa ang paunti-unti at elemental na kalikasan ng proseso. Kaugalian lamang ang makalilikha, at tiyak na makalilikha, ng ganoong epekto dahil nakikita natin sa paligid, sa milyun-milyong pagkakataon, kung gaano kadalang masanay ang mga tao sa pagsunod sa kinakailangang mga tuntunin sa sama-samang pamumuhay kapag wala nang pagsasamantala, kapag wala nang nakalilikha ng indignasyon na nagiging dahilan ng protesta at pag-aalsa, at sa gayo’y kailangang *supilin*.

Sa gayon, sa kapitalistang lipunan, mayroon tayong demokrasyang pinipigilan, hinahamak at huwad; isang demokrasya para lamang sa mayayaman, para sa minoritya. Sa kauna-unahang pagkakataon, lilikhain ng diktadura ng proletaryado, ang panahon ng transisyon tungo sa komunismo, ang demokrasya para sa mamamayan, para sa majoritya, kasabay ng kinakailangang panunupil sa minoritya – ang mga mapagsamantala. Tanging Komunismo lamang ang makapagbibigay ng tunay na ganap na demokrasya, at kapag mas ganap ang demokrasya, mas mabilis na mawawala ang pangangailangan para dito at kusang maglalaho.

Sa madaling sabi, sa ilalim ng kapitalismo, mayroon tayong estado sa tamang pakahulugan ng salita, ibig sabihin, isang espesyal na makinarya para sa panunupil ng isang uri sa isa pang uri, at iyon pa’y panunupil ng minoritya sa majoritya. Natural, para matagumpay na magampanan ang tungkulin iyon tulad ng sistematikong panunupil ng mapagsamantalang minoritya sa pinagsasamantalang majoritya, kailangan ang lubos na kabagsikan at kabangisan sa panunupil; kailangang maraming dumanak na dugo, na dinaraan ng sangkatauhan sa ilalim ng pang-aalipin, pagkatimawa at sahurang paggawa.

Isa pa, kailangan *pa* rin ang panunupil sa panahon ng *transisyon* mula sa kapitalismo tungo sa komunismo; pero ito ay panunupil ng pinagsasamantalang majoritya sa mapagsamantalang minoritya. Ang espesyal na makinarya, espesyal na makinarya sa panunupil, ang “estado” ay kailangan *pa* rin, pero isa na itong *transisyunal* na estado. Hindi na ito estado sa karaniwang pakahulugan, dahil ang panunupil ng majoritya ng mga sahurang alipin ng *kahapon* sa mapagsamantalang minoritya ay nagiging mas madali,

simple at natural na tungkulin kung kaya't mas kaunting dugo ang dadanak kaysa sa panunupil sa mga pag-aalsa ng mga alipin, timawa o manggagawang sahurang, at mas kaunting buhay ang ibubuwis ng sangkatauhan. At umaayon ito sa pagpapaabot ng demokrasya sa higit na nakakaraming mayorya ng populasyon kung kaya't mag-uumpisa nang mawala ang pangangailangan sa isang *espesyal na makinarya* sa panunupil. Mangyari pa, hindi masusupil ng mga mapagsamantala ang mamamayan nang walang napakakumplikadong makinarya para sa tungkulin ito; pero masusupil ng *mamamayan* ang mga mapagsamantala kahit sa pamamagitan ng napakasimpleng “makinarya”, kahit halos walang “makinarya,” walang espesyal na makinarya, sa pamamagitan ng simpleng *pag-oorganisa ng armadong masa* (tulad ng mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa't Sundalo, sabihin na natin nang nauuna nang kaunti).

Panghuli, Komunismo lamang ang makagagawang hindi na lubusang kailangan ang estado dahil *wala nang sinumang* kailangang supilin – “walang sinuman” sa pakahulugang isang *uri*, sa pakahulugan ng sistematikong pakikibaka sa isang depinidong seksyon ng populasyon. Hindi tayo mga Utopyan, at hindi natin ikinakaila kahit kaunti man ang posibilidad at katiyakan ng mga kalabisan ng *mga indibidwal*, o ang pangangailangan na supilin ang *ganoong* mga kalabisan. Pero unang-una na, hindi na kailangan ang espesyal na makinarya, hindi na kailangan ang espesyal na makinarya sa panunupil para dito; gagawin ito ng armadong mamamayan mismo, kasinsimple at kasindali ng pagpipigil ng anumang pangkat ng sibilisadong tao, kahit sa modernong lipunan, sa nagsusuntukan o sa paglalapastangan sa isang babae. At ikalawa, alam natin na ang pundamental na panlipunang sanhi ng mga kalabisan na binubuo ng paglabag sa mga tuntunin ng buhay panlipunan, ay ang pagsasamantala sa masa, ang kanilang kasalatan at kahirapan. Sa pag-aalis ng pangunahing dahilang ito, tiyak na magsisimulang “*maglabo*” ang mga kalabisan. Hindi natin alam kung gaano kabilis at kung ano ang pagkakasunud-sunod, pero alam natin na maglalaho ang mga ito. At sa paglalaho ng mga ito, *maglalaho* rin ang estado.

Tinukoy ni Marx nang mas detalyado, nang hindi nalululong sa mga Utopya, ang maaari nang tukuyin *ngayon* kaugnay ng kinabukasan na ito, ibig sabihin, ang pagkakaiba sa pagitan ng nakabababa at nakatataas na bahagi (antas, yugto) ng lipunang Komunista.

3. ANG UNANG YUGTO NG LIPUNANG KOMUNISTA

Sa *Kritika sa Programang Gotha*, detalyadong pinabulaanan ni Marx ang ideya ni Lassalle na sa ilalim ng Sosyalismo, tatanggapin ng manggagawa ang “walang bawas” o ang “buong produkto ng kanyang paggawa”. Ipinakita ni Marx na sa kabuuan ng panlipunang paggawa ng lipunan, kailangang awasin ang isang reserbang pondo, isang pondo para palawakin ang produksyon, palitan ng naluma't gasgas nang makinarya, at iba pa; pagkatapos, kailangan ring ibawas mula sa mga pangkonsumo ang isang pondo para sa pangangasiwa, sa mga eskwelahan, ospital, bahay para sa matatanda, at iba pa.

Sa halip na malabo, nakalilito at pangkalahatang mga pananalita ni Lassalle – “tatanggapin ng manggagawa ang buong produkto ng kanyang paggawa” – nagbigay ng malinaw na tantya si Marx sa eksaktong paraan kung paano pamamahalaan ng sosyalistang lipunan ang sariling kapakanan. Nagsagawa si Marx ng *kongkretong* pagsusuri sa mga kundisyon ng buhay sa lipunan na walang kapitalismo, at sinabi niya na:

”Ang tinatalakay natin dito [sa pagsusuri sa programa ng partido ng mga manggagawa] ay hindi ang isang lipunang Komunista na *umunlad* sa sarili nitong pundasyon, kundi kabaligtaran nito, isang lipunang *lumilitaw* pa lamang mula sa kapitalistang lipunan; at kung gayon’y sa lahat ng aspeto – pang-ekonomya, pangmoral, pang-intelektwal – taglay pa rin nito ang mga marka ng lumang lipunang na siyang sinapupunan na pinagsibulan nito.”

At ang lipunang komunista ngang ito – isang lipunang kasisilang pa lamang mula sa sinapupunan ng kapitalismo, at sa lahat ng aspeto’y taglay pa rin ang marka ng lumang lipunan – ang tinatawag ni Marx na “una”, o nakabababang yugto ng lipunang komunista.

Ang mga kagamitan sa produksyon ay hindi na pribadong pag-aari ng mga indibidwal. Pag-aari ng buong lipunan ang mga kagamitan sa produksyon. Ang bawat myembro ng lipunan, na gumaganap ng isang takdang bahagi ng gawaing kailangan sa lipunan, ay tatanggap ng katibayan mula sa lipunan na nagsasaad na ganoo’t ganito ang kantidad ng paggawa ang kanyang nagawa. Ayon sa katibayang ito, tumatanggap siya ng katumbas na dami ng produkto mula sa pampublikong imbakan na pinaglalagakan ng mga produktong pangkonsumo. Pagkaraang ibawas ang bahagi ng paggawa na mapupunta sa pondong pampubliko, tatanggap kung gayon ang bawat manggagawa mula sa lipunan ng katumbas ng kanyang iniambag dito.

Mukhang nananaig ang “pagkakapantay-pantay.”

Pero nagkamali si Lassalle nang sabihin niyang “makatwirang pamamahagi” ito, na “pantay na karapatan ng lahat sa pantay na produkto ng paggawa”, nang ang nasa isip ay ang iyong kaayusang panlipunan (karaniwang tinatawag na Sosyalismo pero tinawag ni Marx na unang yugto ng Komunismo), at inilantad ni Marx ang pagkakamali ni Lassalle.

Sinabi ni Marx na mayroon nga tayo ritong “pantay na karapatan” pero “karapatang burges” pa rin ito, na tulad ng lahat ng karapatan ay *nangangahulugang may di pagkakapantay-pantay*. Ang bawat karapatan ay paglalapat ng *pantay* sukatan sa *iba’t ibang* tao na sa katunaya’y hindi naman magkakapareho at hindi naman magkakapantay; ito ang dahilan kung bakit ang “pantay na karapatan” ay paglabag sa pagkakapantay-pantay at isang inhustisya. Sa katunayan, ang lahat ng tao, matapos makaganap ng kasindaming paggawang panlipunan tulad ng kanyang mga kapwa, ay tatanggap ng pantay na bahagi sa produkto ng lipunan (pagkaraang awasin ang mga nabanggit na kabawasan).

Pero hindi magkakapareho ang mga tao: malakas ang isa, mahina naman ang isa; may asawa ang isa, wala namang asawa ang isa pa; mas maraming anak ang isa, mas kaunti naman ang sa isa pa; at iba pa.

. . . Sa pantay na paggawa – kongklusyon ni Marx – at sa gayo’y pantay na bahagi sa panlipunang pondong pangkonsumo, sa katunaya’y mas malaki ang tinatanggap ng isa kaysa isa pa, mas yayaman ang isa kaysa isa pa, at iba pa. Para maiwasan ang lahat ng depektong ito, ang mga karapatan ay kailangang maging di pantay sa halip na maging pantay.

Kung gayon, ang unang yugto ng komunismo ay hindi pa makalilikha ng katarungan at pagkakapantay-pantay; mananatili ang mga pagkakaiba, at ang di makatarungang mga pagkakaiba sa yaman, pero magiging imposible na ang *pagsasamantala* ng tao sa tao dahil magiging imposibleng agawin bilang pribadong pag-aari ang *mga kagamitan sa produksyon*, ang mga pabrika, makinarya, lupa, atbp. Sa pagwawasak ni Marx sa petiburges at litong pananalita ni Lassalle tungkol sa “pagkakapantay-pantay” at “katarungan” sa *pangkalabatan*, ipinapakita naman ni Marx ang *takebo ng pag-unlad* ng lipunang Komunista, na napipilitang ang “kawalang katarungan” lamang ng pag-aagaw ng mga indibidwal sa mga kagamitan sa produksyon ang wasakin muna, pero *hindi naman kayang* wasakin agad ang karagdagan kawalang katarungan sa distribusyon ng mga produktong pangkonsumo, ‘ayon sa ginawa’ (at hindi ayon sa mga pangangailangan.)

Laging pinupuna ng mga bulgar na ekonomista, kabilang ang burges na mga propesor at ang “ating” si Tugan-Baranovsky,²⁹ ang mga Sosyalista dahil kinakalimutan nila ang di pagkakapantay-pantay ng mamamayan at dahil “pinapangarap” nila na wasakin ang di pagkakapantay-pantay na ito. Makikita nating ang ganyang puna ay nagpapatunay lamang ng labis na pagkaignorante ng mga ginoo na nagpapaliwanag ng burges na ideolohiya.

Hindi lamang isinaalang-alang ni Marx nang pinakapresiso ang di maiiwasang di pagkakapantay-pantay ng mga tao kundi isinaalang-alang din niya ang katotohanan na ang simpleng pagtatransporma

ng mga kagamitan sa produksyon bilang pag-aaring komun ng buong lipunan (“Sosyalismo” sa karaniwang pakahulugan ng salita) *ay hindi pumapawi* sa mga depekto sa distribusyon at sa di pagkakapantay-pantay ng “karapatang burges” na *patuloy na nangingibabaw* hangga’t ang mga produkto ay hinahati “ayon sa ginawa”.

Pero di maiiwasan ang mga depektong ito – patuloy ni Marx – sa unang yugto ng lipunang Komunista nang una itong lumitaw mula sa kapitalistang lipunan matapos ang matagal na hirap. Ang karapatan ay hindi kailanman maaaring maging mas superyor sa mga kalagayang pang-ekonomya ng lipunan at sa kaunlarang pangkulturang itinatakda ng mga ito.

At sa gayon, sa unang yugto ng Komunistang lipunan (karaniwang tinatawag na Sosyalismo), *hindi ganap na napapawi* ang “karapatang burges” kundi ang bahagi lamang nito, sa antas lamang ng transpormasyong pang-ekonomya nakamit, ibig sabihin, kaugnay lamang ng mga kagamitan sa produksyon. Ang mga ito’y kinikilala ng “karapatang burges” bilang pribadong pagmamay-ari ng hiwa-hiwalay na mga indibidwal. Ginagawa ng sosyalismo na pagmamay-ari ng lahat ang mga ito. *Sa antas na iyon* – at sa antas na iyon lamang – nawawala ang “karapatang burges.”

Gayunman, patuloy itong iiral kaugnay ng isa pang bahagi nito; nananatili ito bilang tagakontrol (nagtatakdang salik) ng pamamahagi ng mga produkto at pamamahagi ng gawain sa mga myembro ng lipunan. “Ang hindi magtatrabaho ay hindi kakain” – ang Sosyalistang prinsipyong ito ay nakakamit *na*; “pantay na dami ng mga produkto para sa pantay na dami ng paggawa” – ang sosyalistang prinsipyong ito ay nakakamit *na* rin. Pero hindi pa ito Komunismo, at hindi pa rin napapawi ang “karapatan burges”, na nagbibigay sa di pantay na mga indibidwal ng pantay na kantidad ng mga produkto kapalit ng di pantay (talagang di pantay) na dami ng paggawa.

Sinabi ni Marx na isang “depekto” ito, pero hindi ito maiiwasan sa unang yugto ng Komunismo dahil para di tayo mahulog sa Utopyanismo, hindi natin dapat isipin na pagkaraang ibagsak ang kapitalismo, matutuhan agad ng mamamayan na magtrabaho para sa lipunan *nang walang anumang pamantayan sa karapatan*; mangyari pa, hindi *agad inilalata* ng pagpawi ng kapitalismo ang mga pundasyon sa ekonomya para sa *ganoong* pagbabago.

At hindi magkakaroon ng iba pang pamantayan liban sa pamantayan ng “karapatang burges”. Kung gayon, hanggang sa antas na ito’y kailangan pa rin ang isang anyo ng estado, na habang pinananatili ang pampublikong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon ay nangangalaga sa pagkakapantay-pantay ng paggawa at pagkakapantay-pantay sa distribusyon ng mga produkto.

Naglalaho ang estado hanggang sa antas na wala nang mga kapitalista, wala ang mga uri, at bunga nito, walang *uring* masusupil.

Pero hindi pa ganap na naglalaho ang estado, dahil nananatili pa rin ang pangangalaga sa “karapatang burges” na nagpapabanal sa aktwal na di pagkakapantay-pantay. Para ganap na maging lipas na ang estado, kailangan ang ganap na Komunismo.

4. ANG NAKATATAAS NA YUGTO NG KOMUNISTANG LIPUNAN

Patuloy ni Marx:

“Sa nakatataas na yugto ng Komunistang lipunan, pagkaraang maglaho ang mapang-aliping subordinasyon ng mga indibidwal sa hatian ng paggawa, at kasabay nito ang salungatan ng mental at pisikal na paggawa; pagkaraang ang paggawa ay hindi na lamang isang paraan para mabuhay kundi pangunahing pangangailangan ng buhay mismo; pagkaraang lumago na rin ang mga pwersa ng produksyon kasabay ng lahatang-panig na pag-unlad ng mga indibidwal, at mas masaganang

bumubulwak ang lahat ng bukal ng kayamanang panlipunan – saka lamang lubusang malalampasan ang makitid na larangan ng karapatang burges at maitatatak ng lipunan sa mga bandila nito: mula sa bawat isa, ayon sa kanyang kakayahan; para sa bawat isa, ayon sa kanyang mga pangangailangan!”

Ngayon lamang natin mapapahalagahan nang husto ang kawastuan ng mga sinabi ni Engels kung saan walang awa niyang kinutya ang pagiging absurdo ng pagkukumbina ng mga salitang “kalayaan” at “estado.” Walang kalayaan hanggat umiiral ang estado. Kapag may kalayaan na, wala nang estado.

Ang pang-ekonomyang batayan ng ganap na paglalaho ng estado ay ang mataas na yugtong iyon ng pag-unlad ng komunismo kung kailan nawawala ang salungatan ng mental at pisikal na paggawa, ibig sabihin, kung kailan nawawala ang isa sa prinsipal na mga sanhi ng di pagkakapantay-pantay sa modernong *lipunan* – isa pa, isang sanhi na imposibleng alisin agad sa pamamagitan lamang ng pagtatransporma ng mga kagamitan sa produksyon bilang pampublikong pagmamay-ari, sa pamamagitan lamang ng ekspropriyasyon sa mga kapitalista.

Magiging *posible* ang napakalaking pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon dahil sa ekspropriyasyong ito. At marapat lamang nating sabihin nang may ganap na kumpyansa na tiyak na magdudulot ng napakalaking pag-unlad ng pwersa sa produksyon sa lipunan ng tao ang ekspropriyasyon sa mga kapitalista dahil nakikita natin ngayon pa lamang kung paano *binabansot* ng kapitalismo ang pag-unlad na ito, at kung gaano ang iunlad kahit na batay sa antas ng modernong teknik na nakamit na. Pero kung gaano kabilis ang pag-unlad na ito, kung kailan mararating ang punto ng paghiwalay sa hatian sa paggawa, ang punto ng pag-aalis ng antagonismo sa pagitan ng mental at pisikal na paggawa, ang punto ng pagtatransporma ng paggawa bilang “pangunahing pangangailangan sa buhay” – hindi natin alam at *hindi* malalaman.

Bunga nito, marapat na ang talakayin lamang natin ay ang tiyak na paglalaho ng estado, at bigyan ng diin ang matagalang kalikasan ng prosesong ito, at pag-asa nito sa bilis ng pag-unlad ng *nakatataas na yugto* ng Komunismo; at hayaang bukas na usapin ang tagal ng panahong kailangan para dito, o kongkretong mga anyo ng paglalaho ng estado, dahil *wala pang* materyal para sa solusyon ng mga usaping ito.

Magiging posible ang ganap na paglalaho ng estado kapag nakamit na ng lipunang ang tuntuning: “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa, ayon sa kanyang mga pangangailangan”, ibig sabihin, kapag nasanay na ang mga tao na sumunod sa saligang mga tuntunin ng buhay panlipunan, at napakaproduktibo ng kanilang paggawa, kung kaya’t boluntaryo silang magtatrabaho *ayon sa kanilang kakayahan*. “Ang makitid na larangan ng karapatang burges,” na nag-oobliga sa tao na magkwenta sa paraang sintigas ng loob ng isang Shylock, kung nagtrabaho siya nang kalahating oras na higit sa iba, kung hindi mas maliit sa iba ang bayad na kanyang natatanggap – sa panahong iyon, malalampasan na ang makitid na larangang ito. Sa panahong iyon, hindi na kailangan ang alinmang eksaktong pagkukwenta ng lipunan sa kantidad ng mga produkto na ipapamahagi sa bawat isang myembro nito, malayang kukuha ang bawat isa “ayon sa kanyang mga pangangailangan”.

Sa burges na pananaw, madaling ideklara na “purong Utopya” ang ganyang kaayusan ng lipunan at tuyain ang mga Sosyalista dahil ipinapangako daw nila na ang lahat ay may karapatang tumanggap mula sa lipunan nang walang anumang kontrol sa paggawa ng indibidwal na mamamayan, ng kahit gaano karaming masarap na pagkain, awto, pyano, atbp. Hanggang ngayon, nagbabatuhan ang karamihan sa “pantas” na burges ng ganoong panunuya, at sa gayo’y agad na ipinapakita ang kanilang pagkaignorante at mersenaryong pagtatanggol sa kapitalismo.

Pagkaignorante – dahil hindi kailanman inisip ng kahit sinong Sosyalista na “ipangako” na darating ang pinakamataas na yugto ng pag-unlad ng Komunismo; samantalang sa *antimanong pagtukoy* sa pagdating niyon, nakita ng dakilang mga Sosyalista kapwa ang produktibidad ng paggawa na ibang-iba sa kasalukuyan, at ang tao na hindi katulad ng karaniwang mamamayan sa kasalukuyan, na nakakasira sa

mga imbak na kayamanang panlipunan, “dahil nakatuwaan” tulad ng mga seminarista sa mga kwento ni Pomyalovsky*, at manghingi ng imposible.

Hanggat hindi sumasapit ang “nakatataas” na yugto ng komunismo, igigiit ng mga Sosyalista ang *pinakaistriktong* pagkontrol ng lipunan at ng estado sa kantidad ng paggawa at kantidad ng konsumo; pero dapat *mag-umpisa* ang pagkontrol na ito sa ekspropriyasyon sa mga kapitalista, sa pagtatatag ng kontrol ng manggagawa sa mga kapitalista, at dapat ipatupad ng isang estado ng *armadong mga manggagawa* at hindi ng isang estado ng mga burukrata.

Ang mersenaryong pagtatanggol sa kapitalismo ng mga ideolohistang burges (at ng kanilang mga alalay, tulad nina G. Tsereteli, Chernov at mga kasamahan nila) ay *ipinapalit* nila ang pagtatalo at pag-uusap tungkol sa malayong hinaharap sa esential at mahihigpit na usapin ng kasalukuyang patakaran: ang ekspropriyasyon sa mga kapitalista, ang pagtatransporma sa *labat* ng mamamayan bilang mga manggagawa at empleyado ng *iisang* malaking “*syndicate*” – ang buong estado – at ang ganap na subordinasyon ng buong gawain ng *syndicate* na ito sa isang tunay na demokratikong estado ng *mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa’t Sundalo*.

Sa katunayan, kapag pinag-usapan ng isang dalubhasang propesor, at kasunod niya, ng isang pilistino, at kasunod naman ay sina G. Tsereteli at Chernov, ang di kapani-paniwalang mga Utopya, ang demagohikong mga pangako ng mga Bolshevik, ang imposibilidad ng “pagpapasimula” ng Sosyalismo, ang nakatataas na yugto o bahagi ng Komunismo ang kanilang iniisip, na hindi naman ipinangako ng kahit sinuman o inisip man lamang na “pasimulan” dahil sa pangkalahatan, hindi naman maaaring “pasimulan” iyon.

At dito, nahaharap na tayo sa usapin ng syentipikong pagkakaiba ng Sosyalismo at Komunismo, na binanggit ni Engels sa kasisiping pagtalakay tungkol sa pagiging mali ng pangalang “Sosyal-Demokrata”. Walang dudang lalaki nang husto ang pagkakaiba sa pulitika ng una o nakabababang yugto at ng nakatataas na yugto ng Komunismo pagdating ng panahon; pero katawa-tawang ipagdiinan ito ngayon sa ilalim ng kapitalismo, at marahil ay isang indibidwal na anarkista lamang (kung may matitira pa sa mga Anarkista na walang natutuhan sa maka-Plekhanov na pagtatransporma ng mga Kropotkin, Graves, Cornelissen, at iba pang “mga nangungunang tanglaw” ng Anarkismo bilang mga sosyal-sobinista o Anarko-*jusquabout-ismo**, tulad ng pagkakasabi ni Ge, isa sa kakarampot na Anarkista na mayroon pa ring karangalan at konsyensya).

Gayunman, malinaw ang syentipikong pagkakaiba ng Sosyalismo at Komunismo. Tinawag ni Marx na “una” o nakabababang yugto ng Komunistang lipunan ang karaniwang tinatawag na Sosyalismo. Sa antas na naging pagmamay-aring *publiko* ang mga kagamitan sa produksyon, magagamit din dito ang salitang “Komunismo” basta’t hindi natin kalilimutang hindi ito *ganap* na komunismo. Ang malaking kabuluhan ng mga paliwanag ng Marx ay ito: konsistente niyang ginagamit ang materyalistang diyalektika, ang doktrina ng ebolusyon, at ang pagsusuri sa Komunismo bilang bagay na sumibol *mula sa* kapitalismo. Sa halip ng mga depinisyong artipisyal, “malawig” at akademiko, at walang saysay na mga pagtatalo tungkol sa kahulugan ng mga salita (kung ano ang Sosyalismo, kung ano ang Komunismo), nagbibigay si Marx ng pagsusuri sa matatawag na mga yugto ng pang-ekonomyang pag-unlad ng Komunismo.

Sa unang bahagi, o unang yugto, ang komunismo ay *hindi* pa *maaaring* maging hinog sa ekonomya at hindi pa lubusang malaya sa lahat ng tradisyon o lahat ng bahid ng kapitalismo. Sa gayon, naririyang interesanteng penomenon na sa unang bahagi ng Komunismo, nananatili ang “makitid na larangan ng

* Inilalarawan ng *Seminary Sketches* ni Pomyalovsky ang isang grupo ng basag-ulerong mga estudyante na naninira ng mga bagay dahil nakakatuwaan lamang nila.—*Ed.*

* *Jusquabout* – kumbinasyon ng mga salitang Pranses na nangangahulugang “hanggang sa wakas”. Anarko-*jusquabout-ismo* – Anarko-hanggang-sa-Wakas-ismo.—*Ed.*

karapatang burges”. Mangyari pa, ang mga karapatang burges, kaugnay ng distribusyon ng mga artikulo ng konsumo, ay tiyak na mangangahulugan na umiiral ang *estadong burges* dahil hindi magkakaroon ng karapatan kung walang makinaryang *makakapagpatupad* sa pagkilala ng mga karapatan.

Bunga nito, sa ilalim ng komunismo ay hindi lamang mananatili sa ilang panahon ang karapatang burges, kundi pati ang estadong burges – na wala ang burgesya!

Parang kabalintunaan ito o isang simpleng diyalektikong palaisipan, na madalas na isinisisi sa Marxismo ng mga taong hindi gumagawa ng kahit anong pagsisikap para pag-aralan ang nilalaman nitong pambihira sa lalim.

Pero ang totoo’y nahaharap tayo sa mga labi ng luma na nabubuhay sa bago sa bawat hakbang ng buhay, sa kalikasan at gayundin sa lipunan. At hindi basta na lamang nagsingit si Marx ng kaunting karapatang “burges” sa Komunismo; ipinakita niya kung ano ang pang-ekonomya at pampulitikang katiyakan sa isang lipunang *nagmumula sa sinapupunan* ng kapitalismo.

Napakalaki ng kahalagahan ng demokrasya para sa uring manggagawa sa pakikibaka para sa kalayaan nito laban sa mga kapitalista. Pero ang demokrasya ay hindi isang limitasyong hindi malalampasan; isa lamang ito sa mga yugto sa landas ng pag-unlad mula sa pyudalismo tungo sa kapitalismo, at mula sa kapitalismo tungo sa komunismo.

Ang demokrasya ay nangangahulugan ng pagkakapantay-pantay. Malinaw ang malaking kabuluhan ng pakikibaka ng proletaryado para sa pagkakapantay-pantay at ang kabuluhan ng pagkakapantay-pantay bilang islogan, kung wasto nating uunawain ito bilang pagpawi ng *mga uri*. Pero *pormal* na pagkakapantay-pantay lamang ang ibig sabihin ng demokrasya. At sa sandaling makamit na ang pagkakapantay-pantay para sa lahat ng myembro ng lipunan *kaugnay ng* pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon, ibig sabih’y pagkakapantay-pantay sa paggawa at pagkakapantay-pantay ng sahod, tiyak na mahaharap ang sangkatauhan sa usapin ng ibayong pag-unlad mula sa pormal na pagkakapantay-pantay tungo sa tunay na pagkakapantay-pantay, ibig sabihin, sa pagtatamo sa tuntuning “Mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa, ayon sa kanyang mga pangangailangan”. Kung anu-anong yugto ang daraanan, kung anu-anong praktikal na hakbangin ang gagamitin ng sangkatauhan para makatungo sa mas mataas na layuning ito – hindi natin alam at hindi malalaman. Pero mahalagang kilalanin na ubod nang sinungaling ang karaniwang burges na paglilinaw sa sosyalismo, na ito’y walang buhay, di nagbabago, nakapirmi nang husto, samantalang sa katunayan, sa sosyalismo *lamang* magkakaroon ng mabilis, tunay at pangmasang pagsulong kung saan ang mayorya sa simula at pagkaraa’y ang buong populasyon ay lalahok – sa lahat ng larangan ng panlipunan at indibidwal na buhay.

Ang demokrasya ay isang anyo ng estado, isa sa mga tipo nito. Bunga nito, tulad ng lahat ng estado’y binubuo ito ng organisado at sistematikong paggamit ng pwersa laban sa mga tao. Iyon ang isang aspeto. Sa kabilang banda naman, nangangahulugan ito ng pormal na pagkilala sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng mamamayan, sa pantay-pantay na karapatan ng lahat na itakda ang istrktura at administrasyon ng estado. Nakaugnay naman ito sa katotohanang sa isang takdang yugto ng pag-unlad ng demokrasya, pinakikilos muna nito ang proletaryado bilang rebolusyonaryong uri laban sa kapitalismo, at binibigyan ito ng pagkakataong wasakin, durugin nang husto, pawiin sa daigdig ang burges na makinaryang pang-estado – pati na ang republikanong tipo nito: ang pamalagiang hukbo, ang pulisya at ang burukrasya; pagkatapos ay ipapalit sa lahat ng ito ang *mas* demokratikong makinaryang pang-estado, na magkagayunma’y makinaryang pang-estado pa rin, sa anyo ng armadong masa ng mga manggagawa na natatransporma sa unibersal na paglahok ng mamamayan sa milisya.

Dito, “ang kantidad ay nagiging kalidad”: ang *ganyang* antas ng demokrasya ay nakatali sa paglampas sa hangganan ng lipunang burges, at sa umpisa ng Sosyalistang rekonstruksyon. Kung talagang lalahok ang *lahat* sa pangangasiwa ng estado, hindi mapapanatili ng kapitalismo ang kontrol nito. At kusang malilikha naman ng kapitalismo, habang umuunlad ito, ang *unang mga rekisito* para ang “lahat” ay tunay na *makalabok* sa pangangasiwa ng estado. Ilan sa unang mga rekisitong ito ay: nakakabasa at nakakasulat

ang lahat, na nakamit na sa karamihan ng abanteng bayang kapitalista; isa pa, ang “pagsasanay at pagdidisiplina” sa milyun-milyong manggagawa ng napakalaki, kumplikado at sosyalisadong makinarya ng koreo, perokaril, malalaking pabrika, malawakang komersyo, pagbabangko, atbp., atbp.

Dahil sa ganyang unang mga rekisitong *pang-ekonomya*, posibleng-posible, pagkaraang ibagsak ang mga kapitalista’t burukrata, na palitan sila sa loob ng magdamag, ng armadong mga manggagawa, ng lahat ng armadong mamamayan, sa pagkontrol sa produksyon at distribusyon, sa *kontrol* ng paggawa at mga produkto. (Ang usapin ng pagkontrol at akawnting ay hindi dapat ipagkamali sa usapin ng edukado sa syensyang istap na mga inhinyero, agronomista at iba pa. Nagtatrabaho ngayon ang mga ginoong ito sa utos ng mga kapitalista; mas mahusay pa silang magtatrabaho bukas sa utos ng armadong mga manggagawa.)

Akawnting at pagkontrol – iyan ang *pangunahing* kailangan para sa pag-oorganisa at “maayos na paggana” ng *unang yugto* ng Komunistang lipunan. *Labat* ng mamamayan ay matatransporma bilang upahang mga empleyado ng estado, na binubuo ng armadong mga manggagawa. *Labat* ng mamamayan ay magiging empleyado at manggagawa ng *iisang* pambansang “*syndicate*” na pang-estado. Ang tanging hinihingi ay iyong dapat silang magtrabaho nang pantay-pantay, regular na gawin ang kanilang bahagi sa trabaho, at tumanggap nang pantay-pantay na sahod. Ang akawnting at pagkontrol na kailangan dito ay *pinasimple* nang husto ng kapitalismo, hanggang naging pambihira sa daling mga operasyon ang mga ito ng pagsusubaybay, pagrerekord at pagbibigay ng resibo, at magagawa ng kahit sinong nakakabasa at nakakasulat at nakakaalam sa unang apat na alituntunin ng aritmetika.*

Kapag ang *mayorya* ng mamamayan sa lahat ng lugar ay magsisimulang gumawa ng ganoong mga kwenta at panatilihin ang ganoong kontrol sa mga kapitalista (na naging mga empleyado ngayon) at sa intelektwal na maylupa, na mayroon pang mga ugaling kapitalista, ang pagkontrol na ito’y magiging unibersal, pangkalahatan at pambansa; at hindi ito maiiwasan, at “walang ibang mapupuntahan”.

Magiging isang upisina at isang pabrika ang buong lipunan, na pantay-pantay ang paggawa at pantay-pantay ang sahod.

Pero hindi ang disiplinang “pampabrikang” ito, na pasasaklawin ng proletaryado sa buong lipunan pagkaraang magapi ang mga kapitalista at ibagsak ang mga mapagsamantala, ang ating simulain, o ang ating pangwakas na layunin. Kinakailangang *hakebang* lamang ito para radikal na maalis sa lipunan ang lahat ng kabuktutan at kabulukan ng pagsasamantalang kapitalista, *para ibayong sumulong*.

Sa sandaling matutuhan ng lahat ng myembro *mismo* ng lipunan, o kahit man lamang ng malawak na mayorya, kung paano pangangasiwaan ang estado, o gampanan ang gawaing ito, “nakapagtatag” ng kontrol sa di makabuluhang minority ng mga kapitalista, sa mga maylupang may tendensyang kapitalista – at sa mga manggagawang ganap na dinemoralisa ng kapitalismo – mula sa sandaling ito’y nagsisimula nang mawala nang lubusan ang pangangailangan sa anumang klase ng gubyrno. Habang nagiging mas ganap ang demokrasya, mas lumalapit ang sandaling hindi na ito kakailanganin. Habang nagiging mas demokratiko ang “estado” na binubuo ng armadong mga manggagawa at “hindi na estado sa tamang pakahulugan ng salita”, mas bumibilis ang paglalaho ng *labat* ng klase ng estado.

Dahil kapag natutuhan na ng *labat* ang pangangasiwa at aktwal na nangangasiwa nang nagsasarili ang produksyon sa lipunan, gumagawa ng kwenta, at kumokontrol sa mga tamad, mga maylupa, sa mga manggagantso at katulad na “mga tagapangalaga ng kapitalistang tradisyon”, kung gayon, hihirap nang husto, magiging bihirang-bihira ang pag-iwas sa akawnting at pagkontrol na ito ng bayan, at marahil ay sasamahan ng ganoong kabilis at kabigat na parusa (dahil mga praktikal na tao ang armadong mga

* Kapag ang mga tungkulin ng estado ay mapapakitid sa akawnting at pagkontrol na ito ng mga manggagawa mismo, ang estado ay hindi na magiging “pampulitikang estado” at “mawawala ang pampulitikang katangian ng mga tungkuling publiko, at magiging simpleng administratibong mga tungkulin na lamang” (tingnan sa itaas, Kabanata 4, 2, mga argumento ni Engels laban sa mga Anarkista).

manggagawa at hindi sentimental na mga intelektwal, at hinding-hindi nila mapapayagan na lokohin sila ninuman) kung kaya di magtatagal ay magiging kaugalian ang *pangangailangang* sundin ang simple at pundamental na mga alituntunin ng pang-araw-araw at sama-samang buhay panlipunan.

At pagkaraa'y mabubuksan nang husto ang pinto para sa transisyon mula sa unang yugto ng Komunistang lipunan tungo sa nakatataas na yugto nito, at kasabay nito, tungo sa ganap na paglalaho ng estado.

KABANATA VI

ANG BULGARISASYON SA MARXISMO NG MGA OPORTUNISTA

Tulad ng usapin ng buong rebolusyon sa pangkalahatan, napakaliit na atensyon ang ibinigay ng mga pinakakilalang teoretisyan at publisista ng Ikalawang Internasyunal (1889-1914) sa usapin ng relasyon ng estado at panlipunang rebolusyon, at relasyon ng panlipunang rebolusyon at estado. Pero ang pinakakatangian ng prosesong iyon ng unti-unting paglaganap ng oportunismo, na humantong sa pagbagsak ng Ikalawang Internasyunal noong 1914, ay ang pangyayaring *simikap na iwasan* ng mga taong ito kahit aktwal na naharap sila sa usaping ito o kaya'y hindi ito napansin.

Sa kabuuan, pwedeng sabihin na ang *pag-iwas* na ito kaugnay ng usapin ng relasyon ng proletaryong rebolusyon sa estado, pag-iwas na kumbinyente para sa oportunismo at bumubuhay dito – ay nagresulta sa *pambabaluktot* sa Marxismo at sa ganap na bulgarisasyon nito.

Para mailarawan kahit maikli lamang ang nakalulungkot na prosesong ito, susuriin natin ang pinakakilalang mga teoretisyan ng Marxismo: sina Plekhanov at Kautsky.

1. ANG ARGUMENTO NI PLEKHANOV LABAN SA MGA ANARKISTA

Sumulat si Plekhanov ng isang espesyal na pampleto tungkol sa usapin ng relasyon ng Anarkismo at Sosyalismo, na pinamagatang *Anarkismo at Sosyalismo*, na inilathala sa German noong 1894.

Kahit paano'y nagawa ni Plekhanov na talakayin ang paksang ito nang hindi tinatalakay ang pinakamahalaga, pinakanapanahon at sa pulitika'y pinakaesensyal na isyu sa pakikibaka sa Anarkismo: ang relasyon ng rebolusyon sa estado, at ang usapin ng estado sa pangkalahatan! Ang kanyang pampleto ay nahahati sa dalawang bahagi: ang una'y istoriko at literaryo, at naglalaman ng mahahalagang materyal tungkol sa kasaysayan ng mga ideya nina Stirner, Proudhon at iba pa; at ang pangalawa nama'y pilistino at naglalaman ng bara-barang pagtalakay tungkol sa tema na hindi mapag-iiba ang isang Anarkista sa isang bandido.

Isang nakakaaliw na kumbinasyon ng mga paksa at pinakakatangian ng buong aktibidad ni Plekhanov sa bisperas ng rebolusyon at sa rebolusyonaryong panahon sa Rusya! Noon ngang mga taong 1905 hanggang 1917, inilantad ni Plekhanov na siya'y isang medyo doktrinaryo at medyo pilistino, at sa pulitika'y nakabuntot sa burgesya.

Sa argumento nina Marx at Engels laban sa mga Anarkista, nakita natin kung paano nila puspusing ipinaliwanag ang kanilang mga pananaw tungkol sa relasyon ng rebolusyon sa estado. Nang ilathala ang *Kritika sa Programang Gotha* noong 1891, sinabi ni Engels na “kami” – ibig sabihin, sina Engels at Marx – “ay nasa pinakamatinding yugto ng aming pakikipagtunggali kina Bakunin at mga Anarkista sa

panahong iyon, na halos wala pang dalawang taon pagkaraan ng Kongresong Hague ng [Unang] Internasyunal.*³⁰

Tinangka ng mga Anarkista na “angkinin” ang Komuna ng Paris bilang pagpapatunay ng kanilang doktrina; at sa gayo’y ipinakikita na hinding-hindi nila naintindihan ang mga aral ng Komuna o ang pagsusuri ni Marx sa mga aral na ito. Walang anumang naibigay ang Anarkismo na makalalapit man lamang sa tunay na solusyon sa mga kongkretong usapin sa pulitika: Dapat bang *durugin* ang lumang makinaryang pang-estado? *Ano* naman ang ipapalit dito?

Pero ang pagtalakay sa “Anarkismo at Sosyalismo” nang iniwasan ang buong usapin ng estado at *hindi binibigyan ng pansin* ang buong pag-unlad ng Marxismo bago at pagkaraan ng Komuna – ay nangangahulugan ng tiyak na pagkabuslo sa oportunismo. Dahil ito mismo ang nais ng oportunismo – na *buwag na buwag* nang talakayin ang dalawang nabanggit na usapin. Ito ay isa nang tagumpay para sa oportunismo.

2. ANG ARGUMENTO NI KAUTSKY LABAN SA MGA OPORTUNISTA

Walang dudang mas malaking bilang ng mga akda ni Kautsky ang naisalin sa Ruso kaysa alinmang iba pang lenggwahe. May dahilan kung bakit pabirong sinasabi ng ilang Sosyal-Demokratang German na mas binabasa si Kautsky sa Rusya kaysa Germany (sabihin na natin na mayroong mas malalim na istorikong kabuluhan ang birong ito kaysa inakala niyong mga unang nagpahiwatig nito; dahil matapos magpakita noong 1905 ang demand na pambihira sa lakas at walang kapantay para sa pinakamahuhusay na akda ng pinakamahusay na Sosyal-Demokratikong panitikan sa daigdig, at sa kanilang pagtanggap ng mga salin at edisyon ng mga akdang ito sa daming hindi pa nararanasan sa iba pang bayan, maaaring sabihin na nailipat sa napakabilis na paraan ang malawak na karanasan ng kalapit na bayang mas abante sa bagong lupain ng ating proletaryong kilusan).

Bukod sa pagpopularisa ni Kautsky sa Marxismo, lalo siyang nakilala sa ating bayan dahil sa kanyang pakikipagtalo sa mga oportunista, at pangunahin kay Bernstein. Pero hindi masyadong alam ang isang pangyayari, isang pangyayaring hindi maaaring balewalain kung haharapin natin ang tungkuling siyasinatun kung paano naglublob ni Kautsky sa latian ng di kapani-paniwalang kahiya-hiyang kalituhan at pagtatanggol sa sosyal-sobinismo sa panahon ng pinakamalaking krisis ng 1914-15. Ang pangyayaring ito ay ang sumusunod: nag-urong-sulong nang husto si Kautsky bago niya sinalungat ang pinakakilalang mga kinatawan ng oportunismo sa France (sina Millerand at Jaures) at Germany (si Bernstein). Ang Marxistang dyornal na *Zarya*,³¹ na inilimbag sa Stuttgart noong 1901-02 at nagtaguyod ng mga rebolusyonaryong proletaryong pananaw, ay naobligang *makipagtalo* kay Kautsky para maipakitang “parang goma” ang palaiwas, bantulot at mapagkasundong aktitud sa mga oportunista, gaya ng isinasaad sa kanyang panukala sa Internasyunal na Sosyalistang Kongreso sa Paris noong 1900.³² Nailathala ang mga liham na isinulat ni Kautsky sa Germany, na nagpapakita ng ganoon ding pag-aatubili bago niya sinalungat si Bernstein.

* Ang Kongresong Hague ng Unang Internasyunal (1872) na dinaluhan nina Marx at Engels ay halos buong-buong nakatuon sa pakikitunggali laban sa mga Bakuninista. Sa mosyon ni Vaillant, pinagtibay ng Kongreso ang isang resolusyon na kumikila sa pangangailangang ng pakikibakang pampulitika, salungat sa opinyon ng mga Bakuninista. Itiniwalag sa Internasyunal si Bakunin at ilan sa kanyang mga kapanalig. Ang Kongresong Hague ang huling kongreso ng Unang Internasyunal sa Europa.

* Kaugnay ng Ikalimang Internasyunal na Kongresong Sosyalista na idinaos sa Paris (1901), at ang resolusyon ni Kautsky tungkol sa Millerandismo na pinagtibay nito, tingnan ang *Kapanahunang Iskra* ni V. I. Lenin, *Tinipong mga Akda*, Tomo IV, tala 35.

Gayunman, mas lalo pang malaki ang kabuluhan ng sirkunstansya na sa argumento mismo ni Kautsky laban sa mga oportunistang, sa kanyang pormulasyon ng usapin at kanyang paraan ng pagtalakay dito, maobserbahan natin, ngayong sinisiyasat natin ang *kasaysayan* ng kanyang pinakahuling pagtatraydor sa Marxismo, ang kanyang sistematikong pagbaling sa oportunismo sa usapin mismo ng estado.

Tingnan natin ang unang mahalagang akda ni Kautsky laban sa oportunismo, ang kanyang *Si Bernstein at ang Sosyal-Demokratikong Programa*. Detalyadong pinabulaanan ni Kautsky si Bernstein pero ang pinakatampok na katangian nito ay ang sumusunod:

Sa *Panimulang mga Batayan ng Sosyalismo*, na sinulat ni Bernstein at may katanyagang ala-Herostratus, inakusahan niya ang Marxismo ng “*Blanquismo*” (isang akusasyong ilang libong beses nang inulit mula noon ng mga oportunistang at liberal na burges sa Rusya laban sa mga kinatawan ng rebolusyonaryong Marxismo, ang mga Bolshevik). Kaugnay nito, partikular na tinalakay ni Bernstein ang *Ang Digmaang Sibil sa France* ni Marx, at tinangka niya – na nabigo naman tulad ng nakita natin – na ipareho sa pananaw ni Proudhon ang pananaw ni Marx tungkol sa mga aral ng Komuna. Binigyan ng partikular na atensyon ni Bernstein ang kongklusyon ni Marx na idiniin niya sa kanyang paunang salitang ng 1872 sa *Manipestong Komunista*, na nagsasaad na “hindi dapat basta na lamang hawakan ng uring manggagawa ang yari nang makinaryang pang-estado, at gamitin ito para sa sariling mga layunin”.

“Nasiyahan” nang husto si Bernstein sa pahayag na ito kung kaya tatlong beses niya itong inulit sa kanyang aklat – at ipinaliliwanag ito sa pinakabaluktot at oportunistang diwa.

Nakita natin kung ano ang ibig sabihin ni Marx – na dapat *wasakin, lansagin, durugin* (*Sprengung* – pagsabog, ang salitang ginamit ni Engels) ng uring manggagawa ang buong makinaryang pang-estado. Pero ayon kay Bernstein, lumalabas na sa sinabing ito ni Marx ay binabalaan niya ang uring manggagawa *laban sa* labis na rebolusyonaryong kasigasigan sa pag-aagaw ng kapangyarihan.

Wala nang mahihinagap na mas krudo at mas pangit na pambabaluktot sa ideya ni Marx.

Ano naman ang ginawa ni Kautsky sa kanyang detalyadong pagpapabulaan sa Bernsteinismo?

Iniwasan ni Kautsky na suriin ang buong lalim ng pambabaluktot ng oportunismo sa Marxismo tungkol sa puntong ito. Binanggit niya ang nasabing sipi mula sa introduksyon ni Engels sa *Digmaang Sibil* ni Marx, at sinabi na ayon kay Marx, hindi dapat *basta na lamang* hawakan ng uring manggagawa ang *yari nang* makinaryang pang-estado, pero sa kabuuang *maaari* nilang hawakan ito – at iyon lamang. Tungkol sa pangyayaring sinasabi ni Bernstein na kay Marx ang mga pananaw na *tuwirang kasalungat* ng tunay na mga pananaw ni Marx na binalangkas na ni Marx mula pa noong 1852, na ang tungkulin ng proletaryong rebolusyon ay “wasakin” ang makinaryang pang-estado.

Ang resulta ay kinaligtaan ni Kautsky ang pinakaesensyal na pagkakaiba sa pagitan ng Marxismo at oportunismo tungkol sa usapin ng proletaryong rebolusyon!

Nang sumulat si Kautsky “*laban*” kay Bernstein, sinabi niya na “maayos na maipapaubaya na natin sa hinaharap ang solusyon sa usapin ng proletaryong diktadura.” (p. 172, ed. Aleman.)

Hindi ito argumento *laban* kay Bernstein kundi sa katunaya’y isang *konseksyon* sa kanya, isang pagsuko sa oportunismo dahil wala namang hinihingi ngayon ang mga oportunistang kundi “maayos ipaubaya sa hinaharap” ang lahat ng pundamental na usapin tungkol sa mga tungkulin ng proletaryong rebolusyon.

Mula 1852 hanggang 1891 – sa loob na apatnapung taon – itinuro ni Marx at Engels sa proletaryado na dapat nilang wasakin ang makinaryang pang-estado. Pero noong 1899, dahil naharap si Kautsky sa ganap na pagtatraydor ng mga oportunistang sa Marxismo sa puntong ito, mapanlinlang niyang *ipinalit* ang usapin ng kongkretong mga anyo sa pagwawasak ng makinaryang ito para sa usapin kung kailangan bang wasakin ang makinaryang ito, at pagkarara’y iniligtas ang sarili sa likod ng “di mapapag-alinlanganan” (at tigang) na katotohanang pilistino na hindi maaaring antemanong malaman ang kongkretong mga porma!

Malaking gawak ang naghiiwalay kina Marx at Kautsky kaugnay ng kani-kanilang aktitud sa tungkulin ng isang proletaryong partido sa paghahanda ng uring manggagawa para sa rebolusyon.

Tingnan naman natin ang sumusunod at mas maunlad na akda ni Kautsky na sa malaking bahagi ay nakalaan din sa pagpapabulaan sa oportunistang mga pagkakamali. Ito ay ang kanyang pampleto na *Ang Panlipunang Rebolusyon*.^{*} Dito'y pinili ng may-akda bilang espesyal na tema niya ang usapin ng "proletaryong rebolusyon" at "proletaryong rehimen". Nagbigay siya dito ng mahahalagang materyal, pero iniwasan naman niya ang usaping ito ng estado. Sa buong pampleto, tinatalakay ng may-akda ang pag-agaw ng kapangyarihang pang-estado – at wala nang iba; ibig sabihin, pinili niya ang isang pormulasyon na nagbibigay ng konsesyon sa mga oportunista dahil tinanggap naman ng pormulasyong ito ang posibilidad na maagaw ang kapangyarihan *nang hindi* winawasak ang makinaryang pang-estado. *Binnbay* muli ni Kautsky noong 1902 ang pinakabagay na idineklara ni Marx noong 1872 na "lipas na" sa programa ng *Manipestong Komunista*.

Sa pampleto, isang espesyal na seksyon ang inilaan sa "mga anyo at sandata ng panlipunang rebolusyon". Tinatalakay dito ni Kautsky ang pampulitikang welgang masa, ang digmaang sibil, at ang "mga instrumento ng pwersa na magagamit ng malaking estadong moderno tulad ng burukrasya at hukbo"; pero wala ni isang pantig tungkol sa naituro na ng Komuna sa mga manggagawa. Malinaw na may dahilan si Engels sa pagbabala, laluna sa mga Sosyal-Demokrata ng Germany, laban sa "mapamahiang paggalang" sa estado.

Ganito ang paliwanag ni Kautsky: "ipapatupad" ng nagtagumpay na mga proletaryado ang "demokratikong programa," at pagkaraa'y inilahad ang mga probisyon ng programa. Pero wala ni isang pantig tungkol sa itinuro sa atin ng taong 1871 tungkol sa pagpapalit ng proletaryong demokrasya sa demokrasyang burges. Tinapos ni Kautsky ang usapin sa pamamagitan ng karaniwang salita na sa tunog ay malalim tulad ng:

"Malinaw na hindi tayo makatatamo ng kapangyarihan sa kasalukuyang kalagayan. Ang rebolusyon mismo ay nangangahulugan ng matagalan at puspusang pakikibaka, na habang nagpapatuloy ay magbabago sa ating kasalukuyang istrukturang pang-ekonomya't pampulitika."

Walang duda na "hindi na kailangang sabihin ito", tulad ng pangyayaring kumakain ng damo ang kabayo, o umaagos sa Dagat ng Caspian ang Volga. Nakalulungkot lamang na ang hungkag at mayabang na salita tungkol sa mga "puspusang" pakikibaka ang kanyang ginamit na paraan para *inwasan* ang usapin na esensyal para sa rebolusyonaryong proletaryado, ibig sabihin, *saan* nakasalalay ang "puspusang" katangian ng rebolusyon *nito* kaugnay ng estado, kaugnay ng demokrasya, kakaiba sa di proletaryong mga rebolusyon sa nakaraan.

Sa pag-iwas ni Kautsky sa usaping ito, *sa praktika* ay nagbibigay siya ng konsesyon sa oportunismo sa pinakaesensyal na puntong ito, habang *sa salita*, nagdedeklara ng teribleng digma laban dito, at nagbibigay ng diin sa kahalagahan ng "ideya ng rebolusyon" (ano ang halaga ng "ideyang" ito kung natatakot namang ituro sa mga manggagawa ang kongkretong mga aral ng rebolusyon?), o nagdedeklara na "nakapangibabaw sa lahat ang rebolusyonaryong ideyalismo", na "halos petiburges" na ngayon ang mga manggagawang Ingles.

Sa isang Sosyalistang lipunan – sabi ni Kautsky – maaaring magkasabay na umiral ang napakaraming iba't ibang anyo ng empresang pang-ekonomya – burukratiko (??), unyon,

^{*} Ang tinutukoy ni Lenin ay ang aklat ni Kautsky na *Die Soziale Revolution, I. Sozial-Reform und Sozial Revolution, II. Am Tage Nach der Sozialen Revolution* (Rebolusyong Panlipunan, I. Repormang Panlipunan at Rebolusyong Panlipunan, II. Sa Araw sa Bukas ng Rebolusyong Panlipunan). Sa buong *Ang Estado at Rebolusyon*, sa halos lahat ng bahagi'y sumisipi si Lenin ng dayuhang mga may-akda mula sa sa orihinal at gumagawa ng sariling mga salin mula sa German para sa bawat sipi, dahil mukhang hindi siya nasisiyahan sa umiiral na salin.

kooperatiba, pribado.... Halimbawa’y may mga empresang hindi makakairal kung walang burukratikong (??) organisasyon, tulad ng perokaril. Maaaring ganito ang anyo ng demokratikong organisasyon doon: ihahalal ng mga manggagawa ang mga delegado na bubuo ng isang organong tulad ng parlamento, at pagpapasyahan ng parlamentong ito ang mga kalagayan sa paggawa, at pangangasiwaan ang pagpapatakbo ng burukratikong makinarya. Maaaring ilipat sa mga unyon ang pamamahala ng iba pang empresa at maaari namang organisahin sa batayang kooperatiba ang iba pa. (p. 148 at 115, mga saling Ruso, nalimbag sa Rusya, 1903.)

Mali ang pangangatwirang ito, at isa itong hakbang paatras kung ihahambing sa mga paliwanag nina Marx at Engels noong dekadang 1870, na gumamit sa mga aral ng Komuna bilang halimbawa.

Kung ang pag-uusapan ay ang diumanong pangangailangan sa “burukratikong” organisasyon, walang anumang pagkakaiba sa pagitan ng perokaril at ng alinmang empresa sa malakihang industriyang gumagamit ng makina, alinmang pabrika, malaking tindahan, o malakihang kapitalistang empresang agrikultural. Ang teknik ng lahat ng gayong empresa ay nangangailangan ng pinakaistrikong disiplina, ganap na presisyon sa pagpapatupad ng lahat sa tungkuling nakatakda para sa kanya dahil kung hindi ay matitigil ang buong empresa o kaya’y mapipinsala ang makinarya o produkto. Mangyari pa, sa lahat ng ganoong empresa, “ihahalal” ng mga manggagawa ang mga delegadong bubuo ng *isang organong tulad ng parlamento.*”

Pero ang pinakaubod ng usapin: ang “isang organong tulad ng parlamentong” ito ay *hindi* magiging parlamento sa pakahulugan ng burges-parlamentaryong mga institusyon. Ang pinakaubod ng usapin ay *hindi* lamang “magpapasya sa mga kalagayan sa paggawa, at mangangasiwa sa pagpapatakbo ng burukratikong makinarya” ang “isang organong tulad ng parlamento”, gaya ng inaakala ni Kautsky, na ang mga ideya ay hindi lumalampas sa balangkas ng burges na parlamentarismo. Sa isang Sosyalistang lipunan, mangyari pa’y itatakda ng “isang organong tulad ng parlamentong” ito na binubuo ng mga kinatawan ng mga manggagawa ang mga kalagayan sa paggawa at ang pangangasiwa sa pagpapatakbo ng “makinarya” –*ngunit hindi* na “burukratiko” ang makinaryang ito. Dahil naagaw na ng mga manggagawa ang kapangyarihang pampulitika, wawasakin nila ang lumang burukratikong makinarya, dudurugin nila ito hanggang sa pinakapundasyon nito, hanggang wala nang matitirang batong nakapatong sa isa pa; at papalitan nila ito ng bago na binubuo ng mga manggagawa at empleyado ring ito, at agad na gagawan ng mga hakbang laban sa transpormasyon tungong mga burukrata, gaya ng detalyadong ipinaliwanag nina Marx at Engels: (1) hindi lamang sila ihahalal kundi maaari ring alisin sa tungkulin anumang oras; (2) tatanggap ng sahod na hindi hihigit sa tinatanggap ng karaniwang mga manggagawa; (3) kagyat na transisyon tungo sa kalagayang ang *labat* ay gumaganap sa pagkontrol at pangangasiwa, nang sa gayo’y ang *labat* ay nagiging “mga burukrata” sa ilang panahon, at kung gayo’y *walang sinuman* ang maaaring maging “burukrata.”

Kaunti ma’y hindi pinag-isipan ni Kautsky ang mga sinabi ni Marx: “Ang Komuna ay magiging organong gumaganap, at hindi isang organong parlamentaryo, kapwa chekutibo at lehislatibo nang magkasabay.”

Hinding-hindi naintindihan ni Kautsky ang pagkakaiba ng parlamentarismong burges, na nagkukumbina ng demokrasya (*hindi para sa mamamayan*) at burukrasya (*laban sa mamamayan*), sa proletaryong demokrasya, na magsasagawa agad ng mga hakbang para putulin ang burukrasya sa mga ugat nito, at makakapagpatupad ng mga hakbang na ito hanggang katapusan, hanggang lubusang mawasak ang burukrasya, at hanggang maitatag sa wakas ang demokrasya para sa mamamayan.

Nagpapakita rito si Kautsky ng ganoon ding “mapamahiing paggalang” sa estado, at “mapamahiing pagsampalataya” sa burukrasya.

Tingnan naman natin ngayon ang huli at pinakamahasay sa mga akda ni Kautsky laban sa mga oportunistang pampletong *Ang Landas Tungo sa Kapangyarihan* (na sa aking paniniwala ay hindi pa naisasalin sa Ruso, dahil lumabas ito noong 1909 sa panahong pinakamatindi ang reaksyon sa

Rusya).^{*} Malaking hakbang pasulong ang pampletong ito dahil hindi tinalakay dito ang rebolusyong programa sa kabuuan, tulad ng ginawang pagtalakay sa pampleto ng 1899 laban kay Bernstein, o ang mga tungkulin ng panlipunang rebolusyon kailanman ito mangyari, tulad ng ginawang pagtalakay sa pampleto ng 1902, *Ang Panlipunang Rebolusyon*; ang tinatalakay dito ay ang kongkretong mga kalagayan na nag-oobliga sa atin na kilalanin na *nalalapat na* ang “rebolusyong kapanahunan”.

Malinaw na tinatawag ng may-akda ang atensyon sa intensipikasyon ng makauring mga antagonismo sa pangkalahatan, at sa imperyalismo, na gumaganap ng napakahalagang papel laluna kaugnay nito. Sinabi niya na pagkaraan ng “rebolusyong panahon ng 1789-1871” sa Kanlurang Europa, nagsisimula ang katulad na panahon sa Silangan noong 1905. Nakakatakot ang bilis ng pagsapit ng digmaang pandaigdig. “Hindi na maaaring magsabi ang proletaryado na hindi napapanahon ang rebolusyon.” “Nagsisimula na ang rebolusyong kapanahunan.”

Malinaw na malinaw ang mga deklarasyong ito. Ang pampletong ito ni Kautsky ay dapat magsilbing pamantayan sa paghahambing ng *matayog na pangako* ng Sosyal-Demokrasya ng Germany bago ng imperyalistang digmaan at ng lalim ng degradasyong kinasadlakan nito – kabilang si Kautsky – nang sumiklab ang digmaan. Sinabi ni Kautsky sa pampleto na sinusuri natin na “taglay ng kasalukuyang sitwasyon ang peligro na madaling lumitaw na mas ‘moderato’ tayo (ibig sabihin, Sosyal-Demokrasya ng Germany) kaysa ano talaga tayo.” Sa nangyari, lumabas na mas lalo pang moderato at oportunistang ang Partido Sosyal-Demokratiko ng Germany kaysa ipinagpalagay!

Mas naging tampok ang katangian na muli na namang iniwasan ni Kautsky ang usapin ng estado, kasabay ng tuwirang mga pahayag kaugnay ng rebolusyong kapanahunan na nagsimula na, sa pampleto na sinabi niya mismo’y nakatuon nga sa pagsusuri ng “rebolusyong pampulitika”.

Mula sa lahat ng pag-iwas sa usapin, omisyon at pagpapalabo sa usapin na ito, di maiiwasang umabot sa ganap na pagsuko sa oportunismo, na tatalakayin natin sa susunod.

Parang ang sinasabi ng Sosyal-Demokrasya ng Germany, sa katauhan ni Kautsky ay: Itinataguyod ko ang mga rebolusyong pananaw (1899); kinikilala ko laluna ang katiyakan ng panlipunang rebolusyon ng proletaryado (1902); kinikilala ko ang nalalapat na pagsapit ng isang bagong rebolusyong kapanahunan (1909); pero itinatakwil ko ang bagay na sinabi ni Marx noon pa mang 1852 – kapag tuwirang mahapag ang usapin kung ano ang mga tungkuling kinakaharap ng proletaryong rebolusyon kaugnay ng estado (1912).

Sa tuwirang pormang ito mismo naihapag ang usapin sa pakikipagtalo ni Kautsky kay Pannekoek.

3. ANG ARGUMENTO NI KAUTSKY LABAN KAY PANNEKOEK

Nakipagtalo si Pannekoek kay Kautsky bilang isa sa mga kinatawan ng “Kaliwang radikal” na kilusan na kinabibilangan nina Rosa Luxemburg, Karl Radek at iba pa, at habang nagtataguyod sa rebolusyong taktika, ay nagkakaisa sa paninindigan na si Kautsky ay bumabaling sa pusisyong “sentrista”, na nag-uurong-sulong siya sa Marxismo at oportunismo sa paraang di makapripsipyo. Ang kawastuan ng palagay na ito’y ganap na pinatunayan ng digmaan, nang mailantad ng tunguhing “sentristang” ito, o Kautskyismo, na maling tinaguriang Marxista, ang lahat ng kamuhi-muhing kasamaan nito.

Sa isang artikulong tumatalakay sa usapin ng estado, na pinamagatang “Aksyong Masa at Rebolusyon” (*Neue Zeit*, 1912, Tomo 30, 2), inilarawan ni Pannekoek ang pusisyon ni Kautsky bilang “pasibong radikalismo”; bilang “teorya ng di aktibong paghihintay”. “Ayaw makita ni Kautsky ang

^{*} Ang tinutukoy ni Lenin ay ang aklat ni Kautsky: *Der Weg Zur Macht. Politische Betrachtungen in Die Revolution* (Ang Landas tungo sa Kapangyarihan. Mga Konsiderasyon sa Pulitika sa Rebolusyon), Berlin, 1909.

proseso ng rebolusyon,” sabi ni Pannekoek (p. 616). Sa paglalahad ni Pannekoek ng usapin sa ganitong paraan, hinarap niya ang paksang sinusuri natin, ibig sabihin, ang mga tungkulin ng proletaryong rebolusyon kaugnay ng estado.

Ang pakikibaka ng proletaryado – sabi niya – ay hindi lamang isang pakikibaka sa burgesya para makamit ang kapangyarihang pang-estado kundi isang pakikibaka *laban sa* kapangyarihang pang-estado. Ang nilalaman ng isang proletaryong rebolusyon ay ang pagwawasak sa mga instrumento ng kapangyarihang pang-estado, at pag-aalis (sa literal na salin: paglulusaw, *Auflosung*) ng mga ito sa pamamagitan ng mga instrumento ng kapangyarihan ng proletaryado.... Hindi hihinto ang pakikibaka hangang sa lubusan nang mawasak ang buong organisasyong pang-estado bilang huling resulta nito. Ipapakita ng organisasyon ng mayorya ang superyoridad nito sa pamamagitan ng pagwawasak sa organisasyon ng naghaharing minorya (p. 548).

May grabeng mga depekto ang pormulasyon ng inilalahad na mga ideya ni Pannekoek pero malinaw ang kahulugan nito; at interesanteng tingnan kung paano pinabulaanan ito ni Kautsky.

Hanggang ngayon – sabi niya – ang pagkakaiba sa pagitan ng mga Sosyal-Demokrata at Anarkista ay ito: gusto ng mga Sosyal-Demokrata na agawin ang kapangyarihang pang-estado samantalang gusto naman ng mga Anarkista na wasakin ito. Parehong itong gustong gawin ni Pannekoek. (p. 724).

Kahit hindi presiso at kongkreto ang paliwanag ni Pannekoek – huwag nang sabihin pa ang iba pang pagkukulang na wala namang kinalaman sa kasalukuyang paksa – sinunggaban nga ni Kautsky ang punto mismo sa artikulo ni Pannekoek na siyang esensyal na prinsipyo ng buong usapin; at *sa pundamental na usaping ito ng prinsipyo*, lubusang tinalikuran ni Kautsky ang Marxistang pusisyon at walang pasubaling sumuko sa mga oportunistang. Maling-mali ang kanyang paliwanag tungkol sa pagkakaiba ng mga Sosyal-Demokrata at Anarkista, at lubusang niyang binulgarisa at binaluktot ang Marxismo.

Ang pagkakaiba ng mga Marxistang at Anarkista ay ito: (1) habang nilalayo ng mga Marxistang ang ganap na pagwawasak ng estado, kinikilala nila na makakamit lamang ang layuning ito matapos mapawi ang mga uri sa pamamagitan ng Sosyalistang rebolusyon, bilang resulta ng pagtatatag ng Sosyalismo, na patutungo sa paglalahad ng estado; gusto naman ng mga Anarkista na ganap na pagwawasakin ang estado sa loob ng magdamag, dahil hindi nila naiintindihan ang mga kondisyon kung saan maisasagawa ang ganoong pagwawasak; (2) kinikilala ng mga Marxistang na pagkaraang maagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika, dapat nilang wasakin nang lubusang ang lumang makinariyang pang-estado at ipalit ang bago na bubuuin ng organisasyon ng armadong mga manggagawa katulad ng sa Komuna; ang mga Anarkista naman, habang nagtataguyod ng pagwawasak sa makinariyang ng estado, ay walang-walang malinaw na ideya kung *ano* ang ipapalit ng proletaryado sa makinariyang pang-estado at *kung paano* gagamitin ang rebolusyonaryong kapangyarihan nito; tinatanggihan pa nga ng mga Anarkista ang paggamit ng rebolusyonaryong proletaryado sa kapangyarihang pang-estado, tinatanggihan nila ang rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado; (3) iginigiit ng mga Marxistang na gamitin ang modernong estado bilang paghahanda ng proletaryado para sa rebolusyon; tinatanggihan ito ng mga anarkista.

Sa pagtatalong ito, si Pannekoek, at hindi si Kautsky, ang kumakatawan sa Marxismo, dahil si Marx mismo ang nagturo na hindi sapat para sa proletaryado na agawing ang kapangyarihang pang-estado sa pakahulugan na mapupunta lamang ang lumang makinariyang pang-estado sa bagong mga kamay, kundi dapat wasakin at lansagin ang makinariyang ito at palitan ng bago.

Tinatalikuran ni Kautsky ang Marxismo at pumapanig sa mga oportunistang, dahil lubusang nawawala para sa kanya ang pagwawasak na ito sa makinariyang pang-estado, na ganap na hindi matatanggap ng

mga oportunistang, at nag-iwan siya ng butas para sa kanila sa paraang maaari nilang unawain ang “pagwawagi” bilang simpleng pagkuha ng mayorya.

Para mapagtakpan niya ang kanyang pambabaluktot sa Marxismo, umasasta si Kautsky na parang mandebatang relihiyoso sa baryo: naghaharap siya ng “sipi” mula kay Marx mismo. Noong 1850, sinabi ni Marx na kailangan ang “mapagpasyang pagsentralisa ng kapangyarihan sa mga kamay ng estado”, at buong kagalakang itinatang ni Kautsky: Gusto bang wasakin ni Pannekoek ang “sentralismo”?

Walang iba ito kundi isang salamangka na katulad ng pagpapareho ni Bernstein sa mga pananaw ng Marxismo at sa mga pananaw ng Proudhonismo tungkol sa pederalismo laban sa sentralismo.

Wala namang patutunguhan ang “sipi” ni Kautsky. Ginagamit ng bagong makinaryang pang-estado ang sentralismo katulad ng luma. Kung boluntaryong pagbubuklurin ng mga manggagawa ang kanilang armadong pwersa, sentralismo ito, pero nakabatay ito sa “ganap na pagwawasak” ng sentralisadong makinaryang pang-estado – ang hukbo, pulisya at burukrasya. Umaasta katulad ng isang manggagantso si Kautsky kung iniwasan niya ang alam ng lahat na mga argumento nina Marx at Engels tungkol sa Komuna, at naglalabas ng isang sipi na wala namang kinalaman sa isyu.

Patuloy ni Kautsky:

“Marahil, gusto ni Pannekoek na tanggalin ang mga tungkuling pang-estadong ng mga upisyal? Pero kahit sa Partido at mga unyon, hindi tayo makakairal nang walang mga upisyal, mas lalo pa nga sa pangangasiwa ng estado. At iginigiit ng ating programa hindi ang pagtatanggal sa mga upisyal ng estado kundi ang ihalal sila ng mamamayan.... Ang usapin ay hindi kung sa ano’ng presisyong anyo magkakahugis ang administratibong makinarya ng ‘estado sa hinaharap’ kundi kung winawasak na (sa literal na salin: nilulusaw, *Auflost*) ng ating pakikibakang pampulitika ang estado *bago pa man natin maagaw ito* (pagdidin ni Kautsky). Anong ministri ang maaaring tatanggalin, kasama ang mga upisyal nito? [Kasunod nito, binanggit ang mga ministri ng edukasyon, hustisya, pinansya at gera.] Wala, kahit isa sa kasalukuyang mga ministri ay hindi tatanggalin ng ating pampulitikang pakikibaka sa gubyerno.... Uulitin ko, para maiwasan ang di pagkakaintindihan: ang usapin ay hindi kung anong anyo ang ibibigay ng matagumpay na Sosyal-Demokrasya sa “estado sa hinaharap” kundi kung paano babaguhin ng ating oposisyon ang kasalukuyang estado.” (p. 725)

Malinaw na panlilinlang ito: *rebolusyon* ang usaping iniharap ni Pannekoek. Malinaw na ipinapakita ito ng pamagat ng kanyang artikulo at ng nabanggit na mga sipi. Sa paglaktaw ni Kautsky tungo sa usapin ng “oposisyon” ipinapalit niya ang oportunistang pananaw sa rebolusyonaryong pananaw. Ang sinasabi niya ay: *sa kasalukuyan*, oposisyon tayo, at isang espesyal na pag-uusap sa bagay na iyon *pagkatapos* nating maagaw ang kapangyarihan. *Naglabo na ang rebolusyon!* At iyan mismo ang gusto ng mga oportunistang.

Hindi isyu ang oposisyon o pangkalahatang pakikibakang pampulitika; *rebolusyon* ang ating pinag-uusapan. At ang rebolusyon ay ang *pagwawasak* ng proletaryado sa “administratibong makinarya” at sa *buong* makinaryang pang-estado, at pagpapalit dito ng bago, na binubuo ng armadong mga manggagawa. Nagpapakita si Kautsky ang “mapamahiing paggalang” sa mga ministri; bakit nga ba hindi pwedeng palitan ang mga ito, halimbawa, ng mga komisyon ng mga espesyalistang nagtatrabaho sa ilalim ng soberano at ganap na makapangyarihang mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa’t Sundalo?

Ang esensya ng usapin ay hindi kung mananatili ang “mga ministri”, o kung itatayo ang “mga komisyon ng mga espesyalista”, o iba pang tipo ng mga institusyon; hindi gaanong mahalaga ito. Ang esensyal na punto ay kung mananatili ang lumang makinaryang pang-estado (na nakaugnay sa burgesya sa pamamagitan ng libu-libong hibla at lipos na lipos ng kalakaran at inersya), o *wawasakin* at papalitan

ng bago. Hindi dapat buuin ang rebolusyon ng paghahari at paggugubyrno ng isang bagong uri sa tulong ng *lumang* makinaryang pang-estado, kundi ng *pagwawasak* ng uring ito sa makinaryang ito, at ng paghahari at paggugubyrno sa pamamagitan ng *bagong* makinarya. Kung hindi man binabalewala ni Kautsky ang *pundamental* na ideyang ito ng Marxismo, hindi niya ito naiintindihan.

Malinaw na ipinapakita ng kanyang tanong tungkol sa mga upisyal na hindi niya naiintindihan ang mga aral ng Komuna, o ang mga itinuro ni Marx. “Kahit sa Partido at mga unyon, hindi tayo makakairal kung walang mga upisyal...”

Hindi tayo makakairal kung walang mga upisyal *sa ilalim ng kapitalismo, sa ilalim ng pagbahari ng burgesya*. Inaapi ang proletaryado, inaalipin ng kapitalismo ang masang anakpawis. Sa kapitalismo, pinakikitid ang demokrasya, sinusugpo, sinisikil, ginugula-gulanit ng lahat ng kundisyon ng pang-aalipin sa sahod at ng karalitaan at paghihirap ng masa. Ito at ito lamang ang dahilan kung bakit ang mga upisyal ng ating mga partidong pampulitika at mga unyon ay nagiging tiwali – o, mas eksakto, may tendensyang maging tiwali – kung bakit sa kapitalistang kalagayan, nagpapakita ng tendensyang maging mga burukrata, ibig sabihin, pribilehiyadong mga tao na hiwalay sa masa at nasa ibabaw ng masa.

Iyan ang *esensya* ng burukrasya; at hanggat hindi nagagawa ang ekspropriyasyon ng mga kapitalista at hindi naibabagsak ang burgesya, sa ilang antas ay di maiiwasang maging “burukratiko” *kahit* na ang proletaryong mga upisyal.

Sa sinasabi ni Kautsky, maaaring isipin na kung mananatili sa Sosyalismo ang inihalal na mga upisyal, mananatili rin ang mga burukrata at ang burukrasya! Maling mali ang gayon. Ginamit ni Marx ang halimbawa ng Komuna para ipakita na sa Sosyalismo, hindi na magiging “mga burukrata” at “mga upisyal” – magbabago sila *sa antas* na hindi sinusuhayan ang eleksyon ng karapatang alisin sa pwesto ang inihalal anumang oras; *bukod* dito, kung ang kanilang sahod ay ibababa sa antas ng sahod ng karaniwang manggagawa; at *bukod* dito, kung ang mga institusyong parlamentaryo ay hahalinhan ng “mga organong gumaganap, at kapwa ehekutibo at lehislatibo nang magkasabay”.

Sa esensya, ang lahat ng argumento ni Kautsky laban kay Pannekoek, at laluna ang kanyang magandang punto na hindi tayo makakairal nang walang mga upisyal kahit sa ating Partido at mga unyon, ay pag-uulit lamang ng lumang mga “argumento” ni Bernstein laban sa Marxismo sa pangkalahatan. Sa taksil na aklat ni Berntstein, *Ebolusyonaryong Sosyalismo*, inaatake niya ang “primitibong” demokrasya – ang tinatawag niyang “doktrinaryong demokrasya”: imperatibong mga atas, mga upisyal na di sinuswelduhan, walang kapangyarihang representatibong mga sentral na organo, atbp. Para mapatunayang walang halaga ang “primitibong demokrasya”, tinutukoy ni Bernstein ang karanasan ng mga unyon sa Britain, sa interpretasyon ng mga Webb. Sinabi niya na nakumbinsi ng higit sa pitumpung taong pag-unlad “sa ganap na kalayaan” (p. 137, edisyong German), ang mga unyon na walang saysay ang primitibong demokrasya, at ipinalit nila rito ang karaniwang parlamentarismo kakumbina ng burukrasya.

Sa katunayan, ang mga unyon ay umunlad hindi sa “ganap na kalayaan” *kundi sa ganap na pang-aaliping kapitalista*, at kung saa’y “hindi makakairal” nang hindi magbibigay ng ilang konsesyon sa nangingibabaw na kasamaan, karahasan, kasinungalingan at pagpupwera sa mahirap na lumahok sa “nakatataas” na pangangasiwa. Sa Sosyalismo, tiyak na bubuhaying muli ang kalakhan ng “primitibong” demokrasya dahil sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng sibilisadong lipunan ay magbabangon ang masa ng mamamayan sa *independyenteng* paglahok, hindi lamang sa botohan at mga eleksyon, *kundi pati sa pang-araw-araw na pangangasiwa*. Sa Sosyalismo, magkakaroon ng pagkakataon ang *lahat* na mamahala at di magtatagal ay masasanay sa ideyang walang namamahala.

Nakita ng kritiko-analitikong henyo ni Marx sa praktikal na mga hakbang ng Komuna, ang rebolusyonaryong *punto ng pagpibit*, na kinakatakutan ng mga oportunistang at ayaw kilalanin dahil sa kanilang karuwagan, dahil sa pag-aatubiling di mababawing humiwalay sa burgesya, at dahil ayaw makita ng mga Anarkista, kung hindi man dahil sa pagmamadali o sa pangkalahatang kawalan ng pag-unawa sa mga kundisyon ng malawakang pagbabago ng lipunan. “Ni hindi dapat isipin ang

pagwawasak ng lumang makinaryang pang-estado, dahil paano makakairal nang walang mga ministri at upisyal?”, ang argumento ng mga oportunistang punong-puno ng pilistinismo at sa katunaya’y hindi lamang walang paniniwala sa rebolusyon, sa mapanlikhang kapangyarihan ng rebolusyon kundi lubusang natatakot dito (tulad ng ating mga Menshevik at Sosyalista-Rebolusyongaryo).

“Ang dapat *lamang* isipin ay ang pagwawasak ng lumang makinaryang pang-estado; balewala na ang paghahanap ng kongkretong mga aral ng mga naunang rebolusyong proletaryo at pagsusuri *kung ano* ang ipapalit sa winasak, at *paano*” – ang argumento ng Anarkista (mangyari pa, ang pinakamahusay sa mga Anarkista, at hindi ang Anarkistang sumusunod kina G. Kropotkin at kasamahan niya na bumuntot sa burgesya); bunga nito, ang taktika ng Anarkista ay nagiging taktika ng *desperasyon* sa halip na rebolusyongaryong pagbubuno sa kongkretong mga suliranin – napakatapang, habang isinasaalang-alang naman ang praktikal na mga kondisyon kung saan sumusulong ang pag-unlad ng masa.

Itinuturo sa atin ni Marx kung paano maiiwasan ang dalawang tipo ng pagkakamali; itinuturo niya sa atin na kumilos nang buong kagitingan sa pagwawasak sa buong lumang makinaryang pang-estado, at kasabay nito’y itinuturo niya sa atin kung paano ihapag nang kongkreto ang usapin: sa loob lamang ng ilang linggo, *naumpisahan* ng Komuna ang pagtatatag ng isang *bagong* proletaryong makinaryang pang-estado sa pamamagitan ng paghaharap ng ganoo’t ganitong hakbang para makamit ang mas malawak na demokrasya at bunutin sa ugat ang burukrasya. Matuto tayo ng rebolusyongaryong kagitingan mula sa mga Komyunard; hanapin natin sa kanilang praktikal na mga hakbang ang *isang balangkas* ng mga hakbang na kailangan sa praktika at kagyat na posible, at pagkatapos nito, sa pagsunod sa daang ito’y makakamit natin ang ganap na pagwawasak sa burukrasya.

Ang posibilidad ng pagwawasak na ito ay tinitiyak ng pangyayaring paikliin ng Sosyalismo ang arawang oras sa paggawa, iaangat ang masa sa isang bagong buhay, lilikhain para sa mayorya ng populasyon ang kundisyon na magbibigay ng pagkakataon sa *lahat* nang walang pasubali na gampanan ang “mga tungkuling pang-estado”, at hahantong ito sa *ganap na paglalabo* ng lahat ng estado sa pangkalahatan.

Ang layunin ng pangkalahatang welga – patuloy ni Kautsky – ay hindi ang pagwawasak ng estado, kundi ang pumiga ng mga konsesyon mula sa gubyrno sa ilang parikular na usapin, o palitan ang antagonistikong gubyrno ng isang gubyrnong nakahandang makipagsalubungan sa proletaryado [*entgegen kommende*].... Pero sa anumang kalagayan, hindi kailanman ito (ibig sabihin, ang tagumpay ng proletaryado laban sa antagonistikong gubyrno) patutungo sa *pagwawasak* ng kapangyarihang pang-estado; maaari lamang itong magpatungo sa ilang *pagbabago* [*Verschiebung*] ng relasyon ng mga pwera sa loob ng *kapangyarihang pang-estado*.... Kung gayon, ang layunin ng ating pampulitikang pakikibaka ay mananatiling tulad ng sa nakaraan, ang pag-agaw ng kapangyarihang pang-estado sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mayorya sa parlamento at ang pagtatransporma sa parlamento bilang panginoon ng gubyrno (pp. 726, 727, 732).

Ito’y walang iba kundi pinakapuro at pinakabulgar na oportunismo: itinatakwil sa gawa ang rebolusyon samantalang tinatanggap naman ito sa salita. Ang imahinasyon ni Kautsky ay hindi na lumalampas sa isang “gubyrno... na nakahandang makipagsalubungan sa proletaryado”; isa itong pag-atras sa pilistinismo kung ihahambing sa 1847, nang ipinroklama sa *Manipestong Komunista* ang “pag-oorganisa ng proletaryado bilang naghaharing uri”.

Makakamit ni Kautsky ang kanyang minamahal na “pagkakaisa” sa mga Scheidemann, Plekhanov at Vandervelde, na sumasang-ayong lahat na makibaka para sa isang gubyrno na “nakikipagsalubungan sa proletaryado”.

Gayunman, susulong tayo at hihiwalay sa mga traydor na ito sa Sosyalismo, at makikibaka tayo para sa ganap na pagwawasak sa buong lumang makinaryang pang-estado sa paraang ang mismong armadong proletaryado *ang siyang nagiging gubyrno*. At ibang-iba ang bagay na ito.

Maaaring masiyahan si Kautsky na kasa-kasama ang mga Legien, David, Plekhanov, Potresov, Tsereteli at Chernov, na gustung-gusto namang kumilos para “baguhin ang relasyon ng mga pwersa sa loob ng estado”, para “magkaroon ng mayorya sa parlamento at itransporma ang parlamento bilang panginoon ng gubyerno”. Ito’y isang kahanga-hangang layunin, na buung-buong matatanggap ng mga oportunistang, at naglilimita sa lahat ng bagay sa loob ng balangkas ng burges na parlamentaryong republika.

Susulong tayo at hihiwalay sa mga oportunistang; at papanig sa atin ang kabuuan ng proletaryadong mulat sa uri – hindi para “baguhin ang relasyon ng mga pwersa”, kundi para *ibagsak ang burgesya, wasakin ang parlamentarismong burges*, para sa isang demokratikong republika tulad ng Komuna, o isang republika ng mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa’t Sundalo, para sa rebolusyong diktadura ng proletaryado.

* * *

Sa gawing kanan ni Kautsky sa sosyalistang internasyunal, naririyang ang mga tunguhin tulad ng sa *Socialist Monthly*³³ sa Germany (sina Legien, David, Kolb at maraming pang iba, kabilang ang mga taga-Scandinavia na sina Stauning at Branting), ang mga kapanalig nina Jaures at Vandervelde sa France at Belgium; sina Turati, Treves at iba pang mga kinatawan ng Kanang Panig ng Partido sa Italy; ang mga Fabian at “Independyente” (ang Independyenteng Partido sa Paggawa, na ang totoo’y laging nakaasa sa mga liberal)(34) sa England; at iba pa. Ang lahat ng edukadong taong ito, habang gumaganap ng napakalaki at madalas ay dominanteng papel sa parlamentaryong gawain at sa mga pahayagan ng Partido, ay lantarang nagtataksil sa diktadura ng proletaryado at nagpapatupad ng patakaran ng lantarang oportunismo. Sa tingin ng mga edukadong taong ito, “salungat” sa demokrasya ang “diktadura” ng proletaryado!! Wala naman talagang esensyal na pagkakaiba ang mga ito at ang mga demokratang petiburges.

Kung isasaalang-alang ang kalagayang ito, may katwiran tayo sa paghango ng kongklusyon na ganap nang nalubog sa oportunismo ang Ikalawang Internasyunal, sa katauhan ng higit na nakararaming mayorya ng mga opisyal na kinatawan nito. Hindi lamang kinalimutan ang karanasan ng Komuna kundi binaluktot pa. Sa halip na ikintal sa isip ng mga manggagawa ang ideya na nalalapit na ang panahong dapat silang magbangon at wasakin ang lumang makinaryang *pang-estado*, palitan ito ng bago, at sa ganitong paraan, ang kanilang paghahari sa pulitika ang ginagawang pundasyon para sa Sosyalistang rekonstruksyon ng lipunan, ang aktwal pa na itinuro ng mga taong ito sa masa ay ang tuwirang kabaligtaran nito, at inilarawan ang “pag-agaw ng kapangyarihan” sa paraang libu-libong butas ang lulusutan ng oportunismo.

Hindi maaaring hindi gumanap ng napakalaking papel ang pambabaluktot at pagtatakip sa usapin ng relasyon ng proletaryong rebolusyon at estado sa panahong ang mga estado, na may pinalawak na makinaryang militar dahil sa ribalan ng mga imperyalista, ay naging mga halimaw na militar, na lumilipol sa buhay ng milyong-milyong mamamayan para maresolba kung England o Germany – kung ito o iyong kapital sa pinansya – ang maghahari sa daigdig.

KABANATA VII

ANG KARANASAN NG MGA REBOLUSYONG RUSO NG 1905 AT 1917

Napakalaki ng paksang tinutukoy ng pamagat ng kabanatang ito kung kaya't maraming tomo ang pwedeng isulat at dapat isulat tungkol dito. Sa kasalukuyang pampleto, kailangang ilimita natin ang sarili sa pinakaimportante lamang ng mga aral mula sa karanasan, mga aral na tuwirang tumatalakay sa mga tungkulin ng proletaryado sa rebolusyon kaugnay ng kapangyarihang pang-estado. [Dito napuputol ang manuskrito. – Ed.]

DAGDAG SA UNANG EDISYON

Sinulat ang pampletong ito noong Agosto at Setyembre 1917. Nagbalangkas na ako ng plano para sa susunod, ang ikapitong kabanata, tungkol sa “Ang Karanasan ng mga Rebolusyong Ruso ng 1905 at 1917”. Pero maliban sa pamagat, *hindi na ako nagkaroon ng panahong* sumulat ng kahit isang linya ng kabanata; “naistorbo” ako ng pampulitika krisis – ang bisperas ng Rebolusyong Oktubre ng 1917. Ang gayong “pang-iistorbo” ay kalugud-lugod. Gayunman, kailangang ipagpaliban sa mahabang panahon ang pagsusulat ng ikalawang bahagi ng pampleto (“Ang Karanasan ng mga Rebolusyong Ruso ng 1905 at 1917”). Mas kawili-wili at kapaki-pakinabang na sumuong sa “karanasan ng rebolusyon” kaysa sumulat tungkol dito.

Ang May-akda

Petrograd

Nobyembre 30, 1917

Sinulat noong Agosto-Setyembre 1917

Nilimbag ng *Zhizn i Znaniye Publishers* sa anyong pampleto noong 1918

Inilathala ayon sa teksto ng pampleto na inilimbag ng *Kommunist Publishers* noong 1919 at kinumpirmahan sa manuskrito at edisyon ng 1918

MGA TALA

1. Sinulat ni Lenin *Ang Estado at Rebolusyon* noong Agosto at Setyembre 1917 habang nagtatago sa Helsingfors. Pero hindi ito nailathala hanggang 1918. Una niyang tinalakay ang pangangailangang ipaliwanag sa teoretikal na paraan ang usapin ng estado noong ikalawang hati ng 1916. Noong panahong iyon, sumulat siya ng isang pagsusuri na pinamagatang “*Ang Kabataang Internasyunal*” (Tingnan ang *Mga Akda*, ikapat na edisyong Ruso, Tomo 23, pp. 153-56), kung saan pinuna niya ang anti-Marxistang pusisyon ni Bukharin tungkol sa usapin ng estado, at ipinangakong susulat ng detalyadong artikulo tungkol sa Marxistang pananaw sa estado. Sa sulat kay A. M. Kollontai na may petsang Pebrero 17, 1917, ipinahayag ni Lenin na halos natapos na niya ang paghahanda ng materyal tungkol sa Marxistang pananaw sa estado. Ang materyal na ito ay nakasulat nang maliliit sa kwaderno

na may kober na asul at pinamagatang “*Ang Marxismo tungkol sa Estado*”. Nilalaman nito ang tinipong mga sipi mula kina Marx at Engels at sipi mula sa mga aklat nina Kautsky, Pannekoek at Bernstein, na kasama ang mapanuring mga anotasyon, kongklusyon at pangkalahatang pahayag ni Lenin.

Ayon sa borador ng orihinal na plano, *Ang Estado at Rebolusyon* ay magkakaroon ng pitong kabanata, pero ang ikapito at huling kabanata, “Ang Karanasan ng mga Rebolusyonaryong Ruso ng 1905 at 1917” ay may hindi naisulat; mayroon lamang tayong detalyadong plano nito. (Tingnan ang *Lenin Miscellany*, edisyong Ruso, Tomo 21, 1933, pp. 25-26.) Kaugnay ng paglilimbag ng aklat, tinukoy ni Lenin ang isang maikling sulat sa tagalimbag na “kung matatagalan siyang tapusin ang ikapitong kabanatang ito o kung lalabas na masyadong hahaba, dapat ilimbag nang hiwalay ang naunang anim na kabanata bilang Unang Bahagi”.

Sa unang pahina ng manuskrito, gumamit ang may-akda ng pangalang F. F. Ivanovsky. Iminungkahi ni Lenin na gamitin ito dahil kukumpiskahin lamang ng Gubyernong Probisyonal ang aklat. Noon na lamang 1918 nalimbag ang libro nang hindi na kailangang gumamit ng ibang pangalan. Lumabas noong 1919 ang ikalawang edisyon na may bagong seksyon, “Ang Pormulasyon ni Marx sa Usapin noong 1852,” na idinagdag ni Lenin sa Kabanata 2.

2. Mga Fabian – mga myembro ng repormista at oportunistang samahang Fabian, na binubuo ng isang grupo ng burges na mga intelektwal ng England noong 1884. Hinalaw ng samahan ang pangalan nito mula sa Romanong heneral na si Fabius Cunctator (ang “Taga-antala”), na bantog dahil sa kanyang taktikang ipagpaliban ang mga bagay at umiwas sa mapagpasyang mga labanan. Sa pagkakasabi ni Lenin, kinatawan ng Samahang Fabian ang “pinakaganap na pagpapahayag ng oportunismo at liberal na pulitika sa paggawa”. Tinangka ng mga Fabian na ilihis sa tunggalian ng mga uri ang proletaryado at itinaguyod ang posibilidad ng mapayapa at unti-unting transisyon mula sa kapitalismo tungo sa Sosyalismo sa pamamagitan ng mga reporma. Noong panahon ng pandaigdigang imperyalistang digmaan (1914-18), sosyal-sobinista ang naging paninindigan ng mga Fabian. Para malaman ang mga katangian ng mga Fabian, tingnan ang sinulat ni Lenin na “*Paunang Salita sa Edisyong Ruso ng Mga Sulat nina J. F. Becker, J. Dietzgen, F. Engels, K. Marx at iba pa kay F. A. Sorge at iba pa* (Lenin, *Marx-Engels-Marxismo*, Foreign Languages Publishing House, Moscow, 1953, pp. 245-46), “Ang Programang Agraryo ng Sosyal-Demokrasya sa Rebolusyonaryong Ruso” (Mga Akda, ikapat na edisyong Ruso, Tomo 15, p. 154), at “*Ang Pasipismong Ingles at Ang Pagkamubi ng mga Ingles sa Teorya*” (Ibid., Tomo 21, p. 234).

3. Engels, *Ang Pinagmulan ng Pamilya, Pribadong Pag-aari at Estado*,” sa *Piling mga Akda*, na sinulat nina Marx at Engels, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 2, pp. 288-89, nirebisang salin.

Sa pp. 11-12 at 14-19**** ng pampletong ito, sinipi uli ni Lenin ang akdang ito ni Engels (ibid., pp. 289 at 289-92, nirebisang salin).

4. Engels, *Anti-Duhring*, FLPH, Moscow, 1947, pp. 416-17, nirebisang salin.

Sa p. 25**** ng pampletong ito, sinipi uli ni Lenin ang akdang ito ni Engels (ibid., p. 275, nirebisang salin).

5. Tingnan *Ang Karukhaan ng Pilosopya*, na sinulat ni Marx, FLPH, Moscow, walang petsa, pp. 174-75.

6. Tingnan ang *Manifesto ng Partido Komunista*, na sinulat nina Marx at Engels, Foreign Languages Press, Beijing, 1975, p. 77.

7. Tingnan ang *Kritika sa Programang Gotha*, na sinulat ni Marx, FLP, Beijing, 1972, pp. 8-33.

Ang Programang Gotha – Ang Programa ng Partido Sosyalista ng mga Manggagawa ng Germany na pinagtibay noong 1875 sa Kongreso sa Gotha, na nagbuklod sa dati'y dalawang magkahiwalay na mga partido sosyalista sa Germany, ang mga Eisenacher at Lassallean. Ganap na oportunistang ang programang ito dahil nagbigay ng konsesyon sa mga Lassallean ang mga Eisenacher kaugnay ng lahat ng mahalagang usapin at tinanggap ang mga pormulasyong Lassallean. Ang Programang Gotha ay pinuna nang husto nina Marx at Engels.

8. Marx, *Ang Karukhaan ng Pilosopya*, FLPH, Moscow, walang petsa, p. 174, nirebisang salin.

9. Marx at Engels, *Manipesto ng Partido Komunista*, FLP, Beijing, 1975, pp. 47-48 at 59.

10. Marx, “*Ang Ikalabingwalong Brumaire ni Louis Bonaparte*” sa *Piling mga Akda*, na sinulat nina Marx at Engels, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 1, p. 301, nirebisang salin.

Sa p. 39**** ng pampletong ito, sinipi ni Lenin ang paunang salita ni Engels sa ikatlong edisyong German ng nabanggit na akda (ibid., p. 223).

11. Ang *Neue Zeit* (New Times) – magasing Sosyal-Demokratiko sa Germany na lumabas sa Stuttgart mula 1883 hanggang 1923. Noong 1885-95, inilathala nito ang ilang artikulo ni Engels. Madalas payuhan ni Engels ang mga editor at pinuna nang matindi dahil sa kanilang paglayo sa Marxismo. Noong huling bahagi ng dekadang 1890, pagkamatay ni Engels, sistematikong inumpisahan ng *Neue Zeit* na maglabas ng mga artikulo ng mga rebisyunista. Noong panahon ng pandaigdigang imperyalistang digmaan ng 1914-18, naging Sentrista at maka-Kautsky ang paninindigan nito at sinuportahan ang mga sosyal-sobinista.

12. Marx at Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 2, p. 410.

13. Marx at Engels, *Manipesto ng Partido Komunista*, FLP, Beijing, 1975, p. 2.

14. Marx at Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 2, p. 420, nirebisang salin.

15. Tingnan ang *Mga Akda* ni Lenin, ikapat na edisyong Ruso, Moscow, Tomo 12, pp. 83-91.

16. Marx, *Ang Digmaang Sibil sa France*, FLP, Beijing, 1974, pp. 68-69.

Sa pp. 54-55, 62 at 66-67**** ng pampletong ito, sinipi uli ni Lenin ang akdang ito ng Marx (ibid., pp. 72, 68, 69-70 at 71-73).

17. Ang siping ito mula sa *Ang Digmaang Sibil sa France*, na sinulat ni Marx, ay kinuha ni Lenin sa edisyong German, na medyo iba sa orihinal na Ingles.

18. Engels, “*Ang Usapin sa Pababay*,” sa *Piling mga Akda*, na sinulat nina Marx at Engels, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 1, pp. 517-18, nirebisang salin.

Sa pp. 71 at 72**** ng pampletong ito, sinipi uli ni Lenin ang akdang ito ni Engels (ibid., pp. 569 at 555, nirebisang salin).

19. Tinukoy uli rito ni Lenin ang artikulo ni Marx, “*Pagbabalewala sa Pulitika*”, (Marx at Engels, *Mga Akda*, edisyong German, Berlin, 1962, Tomo 18, pp. 299-304) at “*Tungkol sa Awtoridad*”, na sinulat ni Engels (Marx at Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 1, pp. 573-78).

Sa pp. 73 at 74-76**** ng pampletong ito, sinipi ni Lenin ang mga artikulo rng ito.

20. Marx, *Kritika sa Programang Gotha*, FLP, Beijing, 1972, pp. 42-43, nirebisang salin.

21. Ang *Programang Erfurt* ng Partido Sosyal-Demokratiko sa Alemanya ay pinagtibay noong Oktubre 1891 sa Kongresong Erfurt para ipalit sa Programang Gotha ng 1875. Pinuna ni Engels ang mga pagkakamali sa Programang Erfurt sa kanyang akdang “*Isang Pagsusuri sa Borador ng Programang Sosyal-Demokratiko ng 1891*” (Marx at Engels, *Mga Akda*, edisyong German, Berlin, 1963, Tomo 22, pp. 225-40).

Sa mga p. 82-89**** ng pampletong ito, sinipi ni Lenin ang akda ring ito ni Engels (ibid., p. 232-37)

22. Tingnan ang “*Isang Usapin ng Prinsipyo*,” na sinulat ni Lenin sa *Mga Akda*, ikapat na edisyon Ruso, Moscow, Tomo 24, pp. 497-99.

23. Tingnan *Ang Digmaang Sibil sa France*, na sinulat ni Marx, FLP, Beijing, 1974, pp. 1-18.

Sa pp. 90-91 at 92-96**** ng pampletong ito, sinipi uli ni Lenin ang akdang ito ni Engels (ibid., pp.3-4, 10 at 15-17).

24. *Cavaignac, Louis Eugene* – heneral na Pranses at reaksyunaryong pulitiko. Matapos manombrahan noong Mayo 1849 bilang Minister ng Digma, pagkalupit-lupit niyang sinupil ang pag-aalsang Hunyo ng mga manggagawa sa Paris. Sinabi ni Marx na si “Cavaignac ay hindi ang diktadura ng espada sa lipunang burges; siya ang diktadura ng burgesya sa pamamagitan ng espada.” (Marx, “*Ang mga Tunggalian sa Uri sa France, mula 1848 hanggang 1850*,” sinulat ni Marx at Engels, *Piling mga Akda*, FLPH, Moscow, 1951, Tomo 1, p. 155.)

25. Tungkol sa mga Paksang Internasyunal mula sa “*Volksstaat*”.

26. Engels, “*Vorwort zur Broschüre Internationales aus dem ‘Volksstaat’*” (Marx at Engels, *Mga Akda*, edisyong German, Berlin, 1963, Tomo 22, pp. 417-18).

27. Sa Ruso, ang “mayorya” ay “*bolshinstvo*” kaya ang pangalang “Bolshevik.”

28. Marx, *Kritika sa Programang Gotha*, FLP, Beijing, 1972, p. 29.

Sa pp. 104-05, 111-121, 113, 114 at 115-16**** ng pampletong ito, sinipi uli ni Lenin ang akdang ito ni Marx (ibid., pp. 27-28, 15 at 17).

29. Tinutukoy ni Lenin si Tugan-Baranovsky, isang burges na ekonomistang Ruso.

30. Ang Kongresong Hague ng Unang Internasyonal ay idinaos noong Setyembre 2 hanggang 7, 1872. Dinaluhan ito ng animnapu’t limang delegado, kasama sina Marx at Engels. Bukod sa iba pang usapin,

nasa adyenda ang sumusunod na usapin: (1) ang mga kapangyarihan ng Pangkalahatang Konseho; (2) ang pampulitikang aktibidad ng proletaryado. Sa lahat ng aktibidad ng Kongreso, kapansin-pansin ang matinding pakikipagtunggalian sa mga Bakunista. Pinagtibay ng Kongreso na palawakin ang mga kapangyarihan ng Pangkalahatang Konseho. Ipinahayag sa resolusyon nitong “*Ang Pampulitikang Aktibidad ng Proletaryado*” na dapat mag-organisa ng sariling partidong pampulitika ang proletaryado para masigurado ang tagumpay ng rebolusyon sa lipunan, at sa gayon, ang malaking tungkulin nito ay ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Sina Bakuhin at Guillaume ay itiniwalag ng Kongreso sa Internasyunal dahil sa pagiging mapanghati at tagapagtatag ng bagong partidong anti-proletaryo.

31. *Zarya* (Dawn) – Marxistang magasin na syentipiko-pampulitika na inilathala sa Stuttgart noong 1901-02 ng lupon ng patnugutan ng *Iskra*. Apat na isyu ang lumabas sa tatlong yugto. Inilathala ng *Zarya* ang sumusunod na artikulo ni Lenin: “*Karaniwang mga Tala*”, “*Ang mga Taga-Usig ng Zemstvo at ang mga Hannibal ng Liberalismo*”, ang unang apat na kabanata ng “*Ang Usaping Agraryo at ‘Mga Kritiko ni Marx’*” (na pinamagatang “*G. ‘mga Kritiko’ ng Usaping Agraryo*”). “*Balik-aral ng Panloob na Usapin*” at “*Ang Programang Agraryo ng Sosyal-Demokrasyang Ruso*”.

32. Tinutukoy ang Ikalimang Internasyunal na Kongresong Sosyalista ng Ikalawang Internasyunal, na idinaos noong Setyembre 23-27 sa Paris at dinaluhan ng 791 delegado. Ang delegasyon ng Rusya ay binuo ng dalawampu’t tatlong myembro. Sa pangunahing usapin – ang pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika – pinagtibay ng mayorya sa Kongreso ang resolusyong iminungkahi ni Kautsky, na ang paliwanag ni Lenin ay “mapagbigay kung ng mga oportunistang pag-uusapan”. Kabilang sa iba pang desisyon ng Kongreso ay ang resolusyong magtatag ng Internasyunal na Kawanihang Sosyalista, na bubuin ng mga kinatawan ng mga partidong sosyalista ng lahat ng bayan. Iabase sa Brussels ang kalihimang ito.

33. *Socialist Monthly* (Sozialistische Monatshefte) – ang pangunahing pahayagan ng mga oportunistang hanay ng mga Sosyal-Demokratang German at pahayagan ng oportunismong internasyunal. Inilathala ito sa Berlin mula 1897 hanggang 1933. Noong panahon ng pandaigdigang imperyalistang digmaan ng 1914-18, naging sosyal-sobinista ang paninindigan nito.

34. Ang Independyenteng Partido sa Paggawa ay binuo noong 1893 at pinamunuan nina James Keir Hardie, J. Ramsay Mac Donald, at iba pa. Sinabi nito na hiwalay ang partidong ito sa pulitika ng mga partidong burges; ang totoo’y “hiwalay ito sa sosyalismo pero umaasa sa liberalismo” (Lenin). Noong umpisa ng pandaigdigang imperyalistang digmaan ng 1914-18, ang Independyenteng Partido sa Paggawa ay naglabas ng manipesto laban sa gera (noong Agosto 13, 1914) pero pagkaraan, sa Kumperensya ng Magkakaalyadong Sosyalista sa London noong Pebrero 1915, sinuportahan ng mga kinatawan nito ang sosyal-sobinistang resolusyong pinagtibay ng kumperensyang iyon. Mula noon, naging sosyal-sobinista ang paninidigan ng mga lider ng Partido, at nagtatago sa mga salitang pasipista. Sa pagkakabuo ng Komunistang Internasyunal noong 1919, pinagtibay ng mga lider ng Partido, sa presyur ng mga myembro nito, na pumanig sa Kaliwa, ang pagbibitiw sa Ikalawang Internasyunal. Noong 1921, sumapi ang Independyenteng Partido sa Paggawa sa diumano’y Ikalawa’t Kalahating Internasyunal, at pagkaraang bumagsak ito’y sumapi uli sa Ikalawang Internasyunal.